# ISHI

(Ang Kwento Sa Likod Ng Isang Pangalan)



Jabin Marquez

*Jabin Ronquillo Marquez*

# ISHI

Cassey Vasco, isang highschool student na nangangarap maging journalist. Sa pag-uwi ng mommy niya galing sa isang bundok, nakita niya sa mga kuha nitong larawan ang sa tingin niya'y nakatayong batang lalaki. Pinalipas niya ang ilang taon bago siya nakahanap ng mga kaibigang makakasama niya sa pag-akyat sa bundok na iyon at hanapin ang batang lalaki.

Hindi siya nabigo, nakilala niya si ISHI. Ngunit hindi niya naihanda ang kaniyang sarili sa mga kwento sa likod ng pangalan nito. Pangalang kinuha lang ng binata sa etekita ng isang damit pambata. Kasama ang kaniyang mga naging kaibigan sa kolehiyo, hinanap nila ang totoong mga magulang ni ISHI at ang katotohanan sa pagkawala nito. Ang hindi niya lang alam, maliban sa mga kaibigan niya, may iba pa silang makakasabay sa paghahanap sa katotohanan.

# BOOK 1

**Kabanata 1**
**Kabanata 2**
**Kabanata 3**
**Kabanata 4**
**Kabanata 5**
**Kabanata 6**
**Kabanata 7**
**Kabanata 8**
**Kabanata 9**
**Kabanata 10**
**Kabanata 11**
**Kabanata 12**
**Kabanata 13**
**Kabanata 14**
**Kabanata 15**
**Kabanata 16**
**Kabanata 17**
**Kabanata 18**
**Kabanata 19**
**Kabanata 20**
**Kabanata 21**

# BOOK 2

**Kabanata 1**
**Kabanata 2**
**Kabanata 3**
**Kabanata 4**
**Kabanata 5**
**Kabanata 6**
**Kabanata 7**
**Kabanata 8**
**Kabanata 9**
**Kabanata 10**
**Kabanata 11**
**Kabanata 12**
**Kabanata 13**
**Kabanata 14**
**Kabanata 15**
**Kabanata 16**
**Kabanata 17**
**Kabanata 18**
**Kabanata 19**
**Kabanata 20**
**Kabanata 21**
**Ang Wakas**

# KABANATA 1

Maririnig ang maingat na pagtama ng pait sa malaking tipak ng bato mula sa naukang pader ng isang mining tunnel. Unti-unting nabubuo ang mukha ng isang babae at lalaki sa pamamagitan ng malikhaing kamay ng isang kabataan. Nakatira siya loob ng kweba na nilikha ng isang lumang minahan. Pinapalipas niya ang bawat araw sa pag-uukit sa marmol. Habang tahimik lang na nagmamasid sa kaniya ang isang malaking aso na alaga niya. Nakaupo ito sa sa malamig na lupang sahig ng tunnel.

Samantala, naghahanda ng mga gamit si Alyssa Vasco. Isa siyang Biologist at nagtatrabaho sa ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa kalikasan. Nakatakda siyang magpunta sa isang masukal na kagubatan upang alamin kung mayroon pang matatagpuang mga ligaw na orchids at iba pang ligaw na bulaklak. Nagulat siya nang may yumakap bigla sa kanya mula sa likuran. Ang kanyang anak labing limang taong gulang na si Cassey. Bigla pala itong pumasok sa kaniyang kwarto nang di niya napapansin.

"Mommy saan ka po pupunta?" usisa ng anak niya nang makitang naglalagay siya ng ilang damit sa bag.

"May camping adventure si mommy sa isang gubat, pero don't worry kasama ko mga kasama ko sa office." aniya.

"Wow adventure, pwede po akong sumama?" naglalambing na pakiusap nito. Hinawakan niya sa pisngi ang anak matapos isara ang zipper ng kanyang backpack.

"Delikado anak eh, three days kasi kami dun, pano ang schooling mo kung sasama ka? Don't worry, Mommy will take many pictures of the place na lang." sagot niya na nakasad-face.

"Ok, pero sa vacation we will camp there kasama si daddy ha..." hirit pa nito.

"Ok po, kung magugustohan ni daddy yung place. You know naman your dad." pabiro niyang pangako.

"Ako pong bahala kay daddy." anito at nagtawanan silang mag-ina.

Ilang minuto lang ang lumipas ay dumating na mula sa trabaho si Victor Vasco, ang haligi ng tahanan. Nagtatrabaho si Vic sa Treasurer's office ng kanilang siyudad. Dahan-dahan nitong tinulak ang pinto ng kawarto nilang mag-asawa. Bumungad sa kaniya ang kaniyang

mag-ina. Napakunot ang noo niya nang makita ang kakaibang ngiti ng dalawa ng lumingon ito sa kaniya. Lalo pa siyang nagtaka nang magtinginan ang mag-ina niya.

"Ano na naman? Sabihin niyo na nang makapagpahinga na ako." pakli ng Victor. Ngiti lang ang sinagot ng mag-ina niya.

"Kayong dalawa ha, akala nyo ba di ko kilala yang mga pangiti-ngiti nyo...may request na naman kayo ano?" dugtong ni Vic na naghuhubad na ng kaniyang uniform. Nakasando siyang umupo sa kama para harapin ang dalawa.

"Ang anak mo, gusto sana sumama sa camping namin." sagot ni Alyssa.

"Naku, ikaw talagang bata ka, alam mo namang delikado yang mga ganyang lakad sasama ka pa." tutol ni Vic.

"Dad, adventure ang tawag dun." sabat ni Cassey na di na pinahaba pa ang sermon ng ama.

"May pasok ka ah, kamahal-mahal ng tuition mo." pabirong sumbat ni Vic.

"Yun nga sabi ko sa kaniya, kaya kung ok lang daw sa'yo...." ang pabitin na bigkas ni Alyssa. Napasapo sa kaniyang noo si Vic matapos makita ang ekspresyon ng mukha ng kaniyang asawa.

"Pagod po ako sa trabaho...exit na ako ng makapagluto na ng haponan." sabay tayong sabi ni Vic.

"Dad, nakapagluto na kami ni mommy." pigil ni Cassey sa papalabas ng ama. Huminto saglit si Victor ngunit di pa rin binibitawan ang door knob.

"Yun naman pala eh, let's eat na at pwede ng pakuloan ng itlog 'tong tiyan ko sa sobrang gutom." ayaw papigil niyang tugon. Walang nagawa ang mag-ina kundi ang humanap na naman ng ibang pagkakataon.

Kinabukasan sa gubat na kung tawagin nilay Puting Bato Forest Reserve, nagtungo ang grupo ni Alyssa. Kasama nila ang mga CAFGU ng nayon na malapit sa gubat at ilang kagawad ng baranggay.

"Mga Ma'am at Sir." tawag pansin ng isang kagawad. Napatigil sila sa paglalakad upang pakinggan ang mga ihahabilin nito sa kanila. Lahat ng mga mata ay nakatutok kay Konsehal.

"Gusto ko lang po kayong paalalahanan na hindi po tayo pwedeng umakyat sa tuktok ng puting marmol na bangin na inyong makikita ng malapitan mamaya. Marami na kasing napahamak na mga hikers sa lugar na iyon na sabi nila'y nangunguha ng tao taon-taon." babala ng kagawad na siyang pinakamatanda sa grupo.

Biglang nakaramdam ng kaba ang mga kasama ni Alyssa na karamihan ay mga babae.
"Manong di kaya mapanganib kahit ang paglapit sa mismong bangin.?" tanong ng isang babaeng biologist.
"Wag po kayong mag-alala,kabisado ng mga CAFGU ang paligid ng bangin,wag lamang po tayong magtangka pang umakyat sa tuktok." magalang na sagot ng kagawad sa alinlangan nila.
Muling nagpatuloy ang pag-akyat ng grupo hanggang sa marating nila ang camping site ng gubat kung saan ay pwede silang magtayo ng mga tent at magpalipas ng gabi.

Kumakain ng agahan ang mag-amang Vasco. Nakabihis na ang dalawa at sasabay na sa ama si Cassey sa pagpasok sa paaralan.
"Tumawag ba sa'yo ang mommy mo?" tanong ni Vic habang nasa harap ng hapag-kainan.
"Sabi niya po sa'kin baka di raw po siya makatawag dahil for sure raw walang signal don." sagot ni Cassey sabay subo ng kanin.
"Hayaan mo na, tatawag din yon pag nagkasignal." ang nasabi na lang ni Vic.
"Dad,..." nag-aalangang pakli ni Cassey. Napaangat ng mukha ang ama at napatingin kay Cassey. Napatigil ito sa pagnguya.
"Bakit?" usisa ni Vic at uminom ng tubig panulak.
"May phobia po ba kayo sa pag-akyat ng bundok?" tanong ng anak. Napabuntong-hininga si Vic.
"Bilisan mo ang pagkain malelate na ako..." sagot niya sabay tayo at dinala ang plato sa kusina. Naiwang tahimik at inosente si Cassey. Nagmamadali ba talaga ang ama o iwas lang itong ipakipag-usap sa kaniya ang nakaraan nito, ang tanging naisip niya.
Habang nakaupo sa likod ng driver's seat, nanatiling tahimik si Cassey. Paminsan-minsan ay sinisilip siya ng ama mula sa salamin nito sa harap.

Muling nagbalik sa alaala ni Vic ang isang pagkakamaling hindi na niya gusto pa sanang sariwain. Dalawang taon na rin ang nakakalipas mula ng mangyari iyon. Pero parang kahapon lang mula ng mawala sa kaniya ang isang matalik na kaibigan.
"Mas mabuti ng wala kang alam anak..." bulong ng isip ni Victor.

Muling nagpakita ang araw sa camping site ng grupo ni Alyssa at hindi siya binigo ng tanawin mula sa kinaroroonan nila. Naghanap siya ng magandang lugar para makunan ng magandang larawan ang pagsikat ng araw.

Nakahiligan rin niya ang photography pero hindi niya ito masyadong pinag-uukolan ng pansin malibang kailangan niya sa trabaho niya sa pagsaliksik ng mga impormasyon tungkol sa mga rare species ng mga bulaklak.

Napangiti siya habang binababa ang camera niyang nakabitin sa kaniyang leeg. Napakasarap damhin ng malamig na hangin na humahampas sa kaniyang pisngi na mahinang nagpapasayaw sa buhok niyang hanggang balikat.

Napalingon siya sa pagtawag ng kaniyang mga kasamahan. Muli na silang maglalakad papasok sa pusod ng kagubatan kung saan ay sinasabing may natagpuang mga ligaw na bulaklak.

# KABANATA 2

Tagumpay ang pakay ng grupo ng mga kawani ng Kagawaran Ng Kalikasan. Marami silang babaonin na mga datos at mga bagong tuklas para sa inaasam nilang proteksiyon para sa nasabing kagubatan na anila ay napapabayaan at na-aaboso ng mga lokal na residente roon.

Ngunit habang bumababa ng bundok, isang di inaasahang pangyayari ang ikinatakot ng lahat. Pabalik na sila sa camping site nang may nagpaputok na isang CAFGU mula sa kanilang likuran na ikinagulat ng lahat. Pasigaw silang nagtago sa mga malalaking puno. Nagtakip ang halos lahat ng tainga at tahimik na nagsambit ng panalangin.

" Konsehal anong nangyayari? " halos paiyak na sa takot na tanong ni Alyssa sa isang Konsehal na nasa gilid niya.

" Sandali Ma'am at aalamin ko, dito lang kayo. Wag kayong umalis dito." at pagapang na tinungo ng Konsehal ang kinaroroonan ng mga CAFGU.

Tumigil na ang putokan kaya patakbong sinalubong ng Kagawad ang mga armadong mga lalaki.

" Anong nangyari, bakit kayo nagpaputok? Natatakot na yong mga bisita natin." nag-aalalang usisa ng Konsehal.

" May nakita kasi kaming tao na kanina pa sumusunod sa atin kaya nang nakahanap kami ng pagkakataon ay pinaputokan na namin." paliwanag ng isa sa kanila.

" Anong itsura? " tanong ng konsehal.

" Hindi namin masyadong namukhaan kasi nakahard hat siya at nakasuot ng coverall suit na kulay dilaw." salaysay ng isa pa.

" Coverall na kulay dilaw? " napakunot noong tanong ng kagawad. Pilit niyang iniisip kung paanong nagkaroon ng ganong tao dito sa bundok.

" Yon bang suot ng mga minero noong araw na may nagmimina pa dito sa bundok." paglalarawan pa ng isa sa mga CAFGU. Kinilabotan ang konsehal, muling bumalik sa isip niya ang malagim na pangyayari noon.

" Tara na, minumulto tayo ng ating nakaraan. Paki-usap wag niyong sabihin sa mga bisita natin ang tungkol sa inyong nakita, ako ng bahalang magpaliwanag sa kanila." pakiusap ng konsehal sa kanila. Tumango na lang kahit hindi lubos na nakaka-unawa ang mga CAFGU.

" Kagawad ano pong nangyari?" salubong na usisa ni Alyssa. Napatingin sa mga escort nila ang kagawad at nag-isip ng pwede niyang ikatwiran.
" Ano kasi eh, may nakita silang baboy ramo, akala nila aatakihin tayo kaya binaril na nila." aniya.

Napawi ang takot ng mga kasamahan ni Alyssa. Pero hindi siya kumbinsido sa paliwanag ng mga ito. Malakas ang kutob niyang may ibang nangyari na gusto nilang pagtakpan.

Sinundo ng mag-ama si Alyssa sa Munisipyo matapos nitong magtext na nakarating na sila sa lunsod. Napansin kaagad ni Victor ang mga balisang mukha ng mga kasamahan ni Alyssa habang nagkekwentohan ito pababa ng sinakyan nila.
" Bakit...anong nangyari..?" usisa ni Victor habang kinukuha ang bag ng asawa mula sa likuran ng van para ilipat sa kanilang kotse. Nagulat siya nang bigla siyang yakapin ni Alyssa.
"Pwede bang saka ko na lang sayo ikekwento, baka matakot kasi si Cassey." pag-aalala ni Alyssa. Pinisil ni Victor ang balikat ng asawa at marahan itong hinimas.
" Tara na, kung ano man yan, mas nakakabuti nga sigurong tayo lang munang dalawa ang nakakaalam." pagsang-ayon ni Victor sabay halik sa noo ni Alyssa. Magkayakap pa rin silang naglalakad papunta sa kotse nila kung saan naghihintay si Cassey. Yakap at halik ang sinalubong ni Cassey sa Mommy niya na pilit itinatago ang nararamdamang kabalisahan at trauma sa nangyari. Dali-daling pinahiran ng ina ang kaniyang mga nangingilid na mga luha nang sa ganon ay di ito mapansin ng bata na excited sa baon niyang mga kwento.
" Mom, pwede ko bang makita mga pictures mo sa bundok?" malambing na pakiusap ng anak habang nasa biyahe sila pauwi ng bahay nila.
" Sa house na lang nak ha, nalowbat kasi yong DSLR, charge muna natin pagdating sa bahay ok." nakangiting sagot ni Alyssa.
" Ay sayang, ipapakita ko pa naman sana kay daddy para mawala na yong phobia niya sa bundok. " nakangising biro ni Cassey.
" Sino namang nagsabi sayo na may phobia ako." di nakatiis na sabat ni Victor habang nagmamaneho.
" Yong reaction niyo yesterday, dad silence means yes." pagpapatuloy ni Cassey.
" Anak, hayaan mo na yang daddy mo, kahit sakin nga ayaw niyang sabihin, sayo pa kaya. May pagka mysterious kasi yan kaya hayaan mo na lang." anang mommy niya para baka sakali tumigil na ito sa pag-imbestiga sa ama.

" Ah basta, malalaman ko rin yan, sakin ang huling halakhak." ayaw paawat na sagot ng bata at nagpakawala ng devilish laugh na ikinatawa ng mga magulang niya.

Kinagabihan ng araw na iyon, alas otso na ng gabi at dapat sana'y natutulog na si Konsehal Elmer Serino. Tahimik na ang buong baranggay at ang maririnig mo na lamang ay kalat na taholan ng mga aso. Ayaw siyang patulogin ng natuklasan niya ng araw na iyon. Ang mukha niyang unti-unti ng nakikitaan ng kapamahakan na dumadapo sa bawat taong nabubuhay ay nakatingin sa kadiliman ng paligid mula sa kaniyang munting bintana. May mga alaala na hindi niya pwedeng kalimotan na lang at ang mga ito ay bigla na lang bumabalik kung kailan nais na niyang burahin ang mga ito. Nabuo ang isang desisyon sa kaniyang isipan, babalik siya sa bundok upang matapos na ang kabagabagang nararamdaman niya. Kaya inihanda na niya ang kaniyang sarili para kinabukasan ng maaga pa ay sa bundok na siya sisikatan ng araw.

Sa isang malaking puno ng Mahogany, nagkubli si Konsehal Elmer habang inaabangan mula sa kinaroroonan niya ang pagsulpot ng isang estranghero mula sa masukal na kagubatan. Ang sinag ng araw ay tumagos na sa mga dahon ng puno at tumama sa kaniyang pisngi. Hanggang sa may narinig siyang mga yabag mula sa di kalayuan sa kaniya at ang mga dahon na inaapakan nito ay naglilikha ng ingay na nagpapasidhi ng kaniyang kaba. Nanlaki ang kaniyang mga mata ng dumaan ang kaniyang ina-abangan sa mismong harap niya.

May suot itong coverall at nakapatong sa ulo ang isang lumang hard hat. Agad niyang sinundan ito ng tingin habang naglalakad ito na nakatalikod sa kaniya. Dahan-dahan siyang humakbang para sundan ang taong iyon. Maingat ang bawat kilos niya upang hindi siya mapansin at maglikha ng ingay. Nakita niya itong bumaba ng ilog at nagtanggal ng hard hat at naghilamos. Kumilos si Elmer at umikot para makita ang mukha nito sa malayo. Patakbo siyang naglakad habang hindi inaalis ang tingin sa estrangherong iyon. Sa di inaasahan ay natisod siya sa isang ugat ng puno at muntikan ng mahulog sa bangin. Pilit niyang itinayo ang sarili at humawak ng mahigpit sa mga sanga ng puno at mga maliliit na mga halaman. Nang makaakyat na ay agad niyang dinako ang tingin niya sa kinaroroonan ng lalaking sinusundan niya. Wala na ito roon. Inikot niya ang kaniyang tingin sa paligid at nakita niya ito na tumatakbo mula sa malayo. Paika-ika niyang hinabol ito dahil nasaktan ang kaniyang binti. Sadyang mabilis ito at bigla na lang nawala.

Napahinto sa pagtakbo si Elmer at muling inikot ng tingin ang kaniyang paligid. Nang walang ano-ano ay may isang malaking aso ang biglang akmang dadamba sa kaniya at

kitang-kita ng kaniyang dalawang mata ang nagngangalit na mukha nito habang papalapit ito sa kaniya. Agad na tumakbo ng buong bilis si Konsehal palabas ng gubat na iyon na uma-asang hindi siya aabotan ng isang hayop na sa tingin niya'y hindi siya bubuhayin kung mahuli siya nito. Para sa kaniya ay isa itong halimaw na lalapa sa kaniya kapag hindi pa siya nakalabas kaagad sa teritoryo nito.

Sa wakas ay narating niya ang kapatagan at hingal na nilingon ang kagubatan. Nakahinga siya ng maluwag ng makitang hindi na ito sumunod pa sa kaniya. Hindi niya lubos maisip na may nakatirang ganoon kalaking halimaw sa gubat na dati ay kabisado niya. Isa lang ang tanging nasa isip niya ngayon — hindi niya tatangkain pang bumalik pa sa kagubatan at lalong hindi niya ipapahamak ang mga nasasakupan niya.

Inilipat ni Cassey ang lahat ng kuha ng mommy niya sa laptop at doon niya ito isa-isang tiningnan. Tuwang-tuwang siya ng makita kung gaano kaganda ang tanawin mula sa itaas ng bundok. Kalagitnaan na siya ng pagtingin sa mga larawan ng mapansin niya ang isang tila tao sa background sa isang kuha ng mommy niya. Sinubukan niyang izoom ang picture para makita kung ano ba talaga ito. Kinilabotan siya ng makita niya ang batang nakasilip sa siwang ng maliit na kweba sa gitna ng bangin.

Kaagad niyang kinopya ang picture papunta sa cellphone niya para ma-aari niya itong tingnan sa ibang pagkakataon. Hindi siya sigurado kung ito ba ay tao o isang nakakatakot na multong napapanood niya sa mga pelikula. Napagdesisyonan niyang hindi na ito ipaalam sa mommy niya para hindi ito mag-isip ng anupaman tungkol sa trabaho nito. Maging pagpasok sa eskwelahan, ang kuhang iyon ang palagi pa ring naiisip ni Cassey. Dumaan ang maraming taon, ngunit nanatili pa rin itong nakarehistro sa kaniyang isipan.

# KABANATA 3

*5 taon ang lumipas...*

Parang may piyesta sa tahanan ng mga Vasco, nagtapos kasi sa kursong Mass Communication si Cassey na isang Magna Cum Laude. Maraming handang pagkain at mga bisita ang dumating. Hindi akalain ng dalaga na makakamit niya ang ganito kataas na karangalan. Sa wakas ay malapit na niyang makamit ang pangarap niyang maging isang journalist. Limang taon na ang nakalipas pero hindi pa rin niya maalis sa isipan ang kuha ng mommy niya. Ngayong malaki na siya at kaya na niyang umakyat ng bundok ay gusto niyang alamin ito ng peronal. Habang nasa college ay naging kasapi ng isang mountain hiking group si Cassey. Nakalimang bundok na siya at balak niya ngayong akyatin ang mismong bundok na pinagmulan ng larawan na iyon. Nang makapagtrabaho na sa isang local newspaper bilang article writer kasama sa mga niresearch niya ang tungkol sa bundok na iyon at napag-alaman niyang isa itong minahan noon. Na lalo pang nagpaningas sa curiosity niya na alamin ang tungkol sa lugar at makita ito mismo.

Nagpunta sa napagkasunduang tagpuan si Cassey kasama ang dad niya. Huminto ang kotse sa tapat ng isang coffee shop. Nilingon ni Victor ang anak sa likod niya.

" Anak ha, usapan natin, anuman mapag-usapan niyo ng mga kaibigan mo,..." paa-alala ni Victor na hindi na pinatapos ng kaniyang anak.

" Ok na dad, gets ko na po. Huwag agad pumayag, kasi dapat alam niyo po muna bago ako magdecide, kasi baka mapahamak po ako. " singit ni Cassey habang nakangiti sa harap ng daddy niya.

" Ok tayo dun ha." hirit pa ng dad niya at nakipag fist bump sa anak. Tuluyan ng bumaba ang dalaga sa sasakyan nila at kumakaway habang naglalakad palayo. Umalis na rin ang ama niya ng makitang pumasok na sa shop ang anak.

Umupo si Cassey sa upuang nireserba ng mga kaibigan niya para sa kaniya. Naroon na at naghihintay ang apat niyang kaibigan. Si Bob, Alfred, Paul at Maureen na kaniyang bestfriend. Nabuo ang pagkakaibigan nila mula pa highschool at bagaman magkaiba ng hilig at career na tinahak ay nanatili pa ring malapit sa isat-isa. Isa sa mga bonding nila ay ang pag-akyat ng mga bundok na ang may pasimuno ay ang pinsan niyang si Caloy. Simula nga lang na nag-asawa na si Caloy ay hindi na nila ito nakakasama pa sa mga akyat nila.

" Nasaan na si kuya Caloy? " bungad agad ni Cassey sabay upo. Hinahanap niya ang pinakamature sa kanilang grupo na tumatayong tatay at kuya ng lahat.
" Nag message sa akin, di raw siya makaalis ng bahay, may sakit ang baby niya." sagot ng isang kasama nilang si Alfred.
" Sabi na nga ba, mawawalan na tayo ng kuya nito, bakit pa kasi nag-asawa eh. " pabirong sabi ng kaharap niyang si Maureen.
" Hayaan niyo na, buti nga naging responsable eh, malungkot kayo kapag hindi niya inalagaan ang baby niya." ang sambit ni Cassey.
" Ilan na ba tayo," pabulong na sabi ni Bob na binibilang na sila, " Ok na yan kahit lima lang tayo." dugtong niya.
" Saan ba tayo? Yon bang nasa group chat ang aakyatin natin? " tanong ni Alfred.
" Mahihirapan tayo dun, wala si kuya Caloy eh, may naisip ako. " nakangiting suhestiyon ni Cassey.
" Saan? " halos sabay nilang usisa.
" Basta, wala kasi akong mahanap na information tungkol sa bundok o travel Itinerary eh. " tugon niya.
" Sis ha, baka mapahamak naman tayo niyan, " pag-aalala ni Maureen.
"Oo nga, mahirap yang basta na lang tayo pupunta, mamaya wala tayong makuhang guide." ang sabi naman ni Paul, ang pinakakulot sa grupo.
" May tiwala ba kayo sa akin? " tanong ni Cassey. Nagkatinginan ang lahat ng mga kasama niya.
" Meron siyempre, pero paano mo masisiguro ang kaligtasan natin doon? " nag-aalalang sambit ni Alfred.
" May kilala si Mommy dun na pwede nating makasama."  pawi niya sa pangamba nila.
" Siya sige, pag-usapan na natin kung kailan. " payag ni Bob.
Pag-uwi ay agad na sinabi na Cassey sa Mom at Dad niya ang lahat ng pinag-usapan sa meeting nila.
" What?! " bulalas ng mom niya. "At talagang dinamay mo pa ako, matagal na mula ng pumunta kami doon. Kaya baka wala na akong makuhang contact pa sa mga Brgy. Officials doon. Posible din na iba na ang mga officials doon at ipinagbawal na ang ang pagpasok sa bundok." dagdag ng mom niya.

" Mom, sige na gawan niyo ng paraan, dapat matuloy yon, isa pa kailangan ko sa work ko." pakiusap niya. Tahimik lang na nakikinig and dad niya sa usapan nilang mag-ina.
" Sige susubukan ko na magtanong-tanong sa mga kakilala ko. " may buntong hininga na nausal ni Alissa.
" Anak." mahinahong bigkas ng dad niya. Sabay na sumentro ang tingin ng mag-ina kay Victor.
" Wag mo sanang mamasamain pero delikado kasi yang gagawin niyo. Unang-una hindi kayo pamilyar sa lugar, wala kayong kakilala doon." ani Victor.
" Dad akala ko ba payag ka na? " reklamo ni Cassey.
" Oo nga, eh delikado kasi talaga yan anak eh, lalo pa ngayon, hindi makakasama ang kuya Caloy mo." paliwanag ni Victor.
" Ito na lang dad, kapag sumama si kuya papayagan niyo na ba kaming umakyat? " paniniguro niya.
Saglit na natahimik si Victor. Kailangan niyang manindigan sa desisyon niya pero hindi niya madiretso ang anak.
" Sige, pero sa isang kondisyon."
" Dad naman eh, sige na sabihin niyo na."
"Ako magiging driver niyo, sa kotse lang ako hanggang makababa kayo. Deal?" nakangiting turan niya.
" Ok po, Deal." matamlay na sagot ng anak.
" Ayan nagkasundo rin kayo, oh sige na, gawan mo na ng paraan na makombinse yang asawa ni Caloy na payagan siyang sumama sa inyo kahit may sakit ang baby niya. " dugtong naman ni Alyssa.

Sinilip ni Caloy mula sa kaniyang bintana kung sino ang bisita niya na kumakatok sa kaniyang pinto. Nang makita kung sino ito ay agad niyang binuksan ang pinto at pinatuloy na si Cassey.
" Maupo ka, anong atin? " ani Caloy na may iniisip ng dahilan ng pagpunta ni Cassey. Umupo si Cassey at inikot ng tingin ang paligid ng bahay ng kuya Caloy niya.
" Saan na baby mo kuya?" usisa niya.
" Nasa kwarto, buti nga nakatulog na eh, napuyat na naman kami kagabi dahil iyak ng iyak." sagot nito.

" Eh,..nabasa niyo po ba yong nasa group chat?" pakli ng Cassey sa totoo niyang pakay.
" Sa busy kong to, wala na nga akong time maligo, magcheck pa kaya ng messenger." napangiting sagot ni Caloy.
" Ano ba napag-usapan niyo? " dugsong ni Caloy.
" Doon sana kami aakyat sa Puting Bato Forest Reserve. Kaso,..."
" Kaso ano? "
" Gusto ni Dad kasama ka,.."
" Ha? Akala ko ba ok na tayo don sa sinabi kong dahilan." bulalas ni Caloy.
" Sige na kuya, hindi talaga ako papayagan ni Dad kung hindi ka kasama." pakiusap ni Cassey.
" Ito talagang si Tito kahit kailan,...oh paano yan, hindi ko pwedeng iwan mag-ina ko dito lalo na may sakit si Baby Ica." napangiti na lang na turan ng pinsan niya.

Nalungkot ang maamong mukha ng dalaga. Mukhang hindi na talaga matutuloy pa ang matagal na niyang pinaplanong akyat. Tumayo siya at nagpaalam na sa pinsan niya. Matamlay niyang nilisan ang bahay nito.

Nakasakay siya sa trisikel papunta sa meeting place nilang barkada para ipaalam sa kanila na hindi na matutuloy ang akyat nila, nang may natanggap siyang text mula sa kaniyang mommy. Naglalaman ito ng contact number ng kagawad ng baranggay na nakakasakop sa Puting Bato Forest Reserve.
" Kumusta anak, ano sabi ng kuya Caloy mo? " usisa pa ng ina sa kasunod na text.

Wala siyang balak replyan ang ina dahil may nabubuong Plan B sa kaniyang utak. At ito na lamang ang ipapaalam niya sa barkada.

Pumasok si Cassey sa isang Donut Shop. Nakatitig ang apat niyang kaibigan sa kaniya habang papalapit siya sa mesa nila.
" Ano na girl? " bungad na tanong ni Maureen. Ngiti lang ang tugon ni Cassey. Sumentro ang tingin niya kay Bob.
" Bob, di ba may owner type jeep ka?" tanong niya.
" Oo, bakit?" nanghuhulang tanong ni Bob.
" Kanina galing ako kay kuya, eh wala eh, hindi niya talaga pwedeng iwan si Baby Ica." simulang salaysay ni Cassey ng bigla siyang putulin ni Bob.

" Wait lang. Ang gusto mo bang sabihin ay dahil hindi makakasama si Kuya at siguradong hindi tayo papayagan ng parents mo, eh gagamitin natin yong sasakyan ko para pumunta doon sa bundok,....nang hindi nila alam?" alma ni Bob. Tumango si Cassey.

" Pambihira ka naman, hindi ko gusto yang pinaplano mo, baka mapahamak tayo." sang-ayon ni Alfred.

" Alam niyo guys, yan ang hindi mangyayari. May contact ako doon at magpapasama tayo sa kaniya sa pag-akyat." katwiran niya.

" Sino naman nakuha mong kontak?" tanong ni Bob.

" Si Konsehal Elmer Serino." mabilis niyang sagot.

" So, ano Bob, payag ka bang dalhin natin yong sasakyan mo?" tanong pa niya.  Saglit na tumahimik ang lahat. Nag-aabang sa sagot ni Bob.

" Oo na sige na." anito na labis na ikinatuwa ni Cassey.

" Tawagan mo na yong kontak mo, para makuha ko na yong sasakyan sa garahe." dugtong ni Bob.

" Oo pag-uwi ko tatawagan ko siya agad, wala kasi akong load. Makikitawag ako kay Mommy. Salamat talaga Bobsy ha, the best ka talaga." tuwang-tuwa niyang sagot.

" As always." biro na lang nito sabay kibit-balikat.

" Pero hindi ako ang magdadrive ha, panghighway lang driving skills ko." dugtong ni Bob. Tumingin ang lahat sa tahimik lang na si Paul. Humihigop ito ng kape nang mapansin nitong sa kaniya nakatitig ang mga kaibigan.

" Ok, sige ako na. Pero abswelto na ko sa ambagan ng gas ha." pabirong tugon ni Paul.

" Wag kang mag-alala, full tank palagi ang sasakyan ko. Nakakahiya sayo eh." sagot naman ni Bob. Nagtawanan sila.

# KABANATA 4

Umuwi si Cassey sa bahay nila at agad na tinawagan ang contact number na nakuha niya galing sa ina. Pero hindi niya ito makontak. Sinubukan niya itong tawagan ulit paglipas ng dalawang oras pero wala pa ring nangyayari. Hindi man lang nagri-ring ang cellphone number na iyon. Napaupo ang dalaga sa kama niya at nag-isip ng pwede pang gawin. Hindi niya hahayaang maudlot ang matagal na niyang gustong masagot na misteryo. Tumayo siya at ipinasok ang lahat ng inihanda niyang gamit sa loob ng kaniyang bag. Isa mang malaking pagkakamali ang gagawin niyang kasinungalingan pero ito lang ang tanging naiisip niyang paraan para matuloy ang plano niya. Kinuha niya ang ang kaniyang cellphone at pumunta sa group chat nilang magbabarkada.

" Nacontact ko na guide natin. Alis tayo mga 5 ng umaga." type niya at marahang pinindot ang send button matapos ang pagdadalawang-isip.

Binuksan niya ang kaniyang computer at agad na kinopya papunta sa kaniyang cellphone ang mga kailangan niyang larawan na kuha ng mommy niya noong umakyat ito. Kailangan niya ang mga ito para makombinse si Elmer Sereno na malinis ang pakay niya.

*Kinabukasan*...4:30 *ng umaga*

Palihim na tumakas mula sa kaniyang mga magulang ang dalaga. Pumunta siya sa napagkasunduan nilang meeting place na isang gasoline station.

" Gusto kong matutong magdrive...🎶..." sabay-sabay nilang kanta sa saliw ng tugtog ng kantang Overdrive ng Eraserheads. Tinahak na ng maliit nilang sasakyan ang mabatong daanan patungo sa bundok.

Pagkaraan ng isa at kalahating oras na na ahon at baba, narating nila ang baryo ng Puting Bato. Huminto ang kanilang sasakyan sa harap ng isang elementary school. Naririnig pa nila ang mga estudyanteng sabay-sabay na binabasa ang nakasulat sa pisara mula sa gate ng paaralan. Pagkababa ay saglit na iniwan ni Cassey ang mga kasama at lumapit siya sa mga tindahang nasa harap ng paaralan.

" Magandang umaga po, pwede po bang magtanong?" bungad niya sa isang tindera. Napatitig saglit sa kaniya ang tindera at sinulyapan ang mga kasama nito sa sasakyan.

"May kilala po kayong Elmer Serino?" dugtong niya kahit hindi umiimik ang tinatanong niya. Lalong napatitig sa kaniya ang tindera.
" Anong kailangan mo sa kapatid ko?" mahinang tugon ng tindera habang inaayos ang mga paninda niyang kakanin. Napangiti si Cassey.
" Ah kasi gusto po naming magpunta sa Puting Bato Forest Reserve at siya po ang binigay ng mommy ko na contact dito po sa inyong lugar." paliwanag ni Cassey.
" Sino ba yong mommy mo?" usisa ulit nito.
" Siya po nagpunta po dito mga 6 years na nakalipas para magcollect ng data sa mga wild orchids sa kagubatan po." magalang niyang sagot. Nilingon ng tindera ang batang nasa loob ng tindahan.
" Panoy, samahan mo nga ang mga ito sa bahay, sabihin mo kay tiyo mo may kailangan raw sa kaniya ang mga kabataang ito." utos ng tindera sa anak niya. Lumabas ang isang batang nasa dose ang edad mula sa maliit na kwarto ng tindahan.
" Tara po ate, dito po ang daan." anang bata pagkakita sa kaniya. Agad na tinawag ni Cassey ang mga kaibigan at sinundan nila ang bata hanggang sa makarating ito sa isang sapa na hindi kalaliman. Tumawid sila at umahon papunta sa isang malawak na palayan. Tumawid sila sa pilapil hanggang sa isang maliit na kubong gawa sa kawayan ang natanaw nila sa di kalayuan. Ito na ang bahay ng hinahanap nilang Elmer Serino.

Paglapat ng mga paa nila sa bakuran ay nakita nila ang siya ring pagdating ni Elmer na may pasan na mga kahoy panggatong. Narinig ang malakas na paghampas ng mga tuyong sanga sa lupa nang ilapag ito ni Elmer. Kaagad na lumapit sa kaniya ang pamangkin at sumunod din si Cassey.
" Tito, may kailangan raw po sila sa inyo." bati ng bata sa tiyohin pero hindi ito nagsalita.
Tumitig lang sa mga mata ng mga kabataan ang konsehal. Pinipilit niyang alamin kung ano ang sadya ng mga ito.
" Ahmmm..." nahihiyang bigkas ng dalaga.
" Kayo po pala si Konsehal Elmer. Ako po pala si Cassey, ahm...anak po ako ng isa po sa pumunta rito noon para mag-gather ng data about wild orchids po." aniya.
Binuksan ni Cassey ang kaniyang smartphone at agad na hinanap ang group photo ng mommy niya kasama ang mga guide nila noon. Balak niya itong ipakita kay Elmer. Lumapit siya para ipakita ito sa konsehal. Itinuro ni Cassey ang mommy niya sa larawan. Bumalik sa

alaala ni Elmer ang mga pangyayari noong araw na iyon. Napaiwas ito ng tingin at yumuko para tanggalan ng tali ang mga tuyong sanga.

"Kung pwede po sanang kunin namin kayong guide para sa pag-akyat don sa site na pinuntahan nila ni..." salaysay ni Cassey sa pakay niya na agad na pinutol ni Elmer.

" Umuwi na kayo." tugon nito sabay tapon ng tingin sa kaniya.

" Pero...malayo pa po ang biniyahe namin makarating lang dito sa inyo." katwiran ni Cassey.

Tumayo na ang konsehal at hinarap siya.

" Wala akong pakialam kung saang lupalop kayo galing, ang pakiusap ko lang, umuwi na kayo. Delikado ang lugar na iyon, di ba nabanggit sayo ng mama mo?" mariing bigkas nito.

Napaisip si Cassey..

" Ano pong ibig niyong sabihin? Si mommy pa nga po yong nagbigay sakin ng pangalan po ninyo." nagtataka niyang tugon.

" Itanong mo na lang sa kaniya." tanging sagot nito at tumalikod na nga ang konsehal paaakyat ng bahay nito.

Agad na nagsilapitan ang mga kaibigan ni Cassey.

" Ano bes, aalis na ba tayo? Mahirap pag abotan tayo ng kainitan ng araw habang paakyat. " tanong ni Maureen. Nag-iba ang reaksiyon ng kanilang mukha nang makitang malungkot ang mukha ng kanilang kaibigan.

" Anong nangyari, akala ko ba ayos na?" usisa ni Bob. Hinimas ni Maureen ang balikat ng kaibigan.

" Sorry guys, hindi na natin makakasama si Kuya Elmer. Pinapatawag daw siya ng Baranggay Captain nila." katwiran niya.

" Ha??" halos sabay nilang reaksiyon.

" Paano na yan?" alma ni Paul.

" Wag kayong mag-alala, may naisip na akong ibang paraan." aniya at idinako ang tingin sa batang si Panoy.

" Panoy, halika." tawag niya sa batang nakaupo sa hagdanang gawa sa kawayan. Agad naman itong tumayo at lumapit.

" Alam mo ba ang daan paakyat ng bundok? Doon sa may Puting Bato Forest Reserve?" nakangiting tanong ni Cassey.

" Opo, lagi po kami doon sa may paanan ni Tito. Pero sa mismong gubat po, hindi na ako pinapayagan ni Tito na pumasok doon." sagot ng bata.

" Sige basta ituro mo lang sa amin kung saan daan papasok sa gubat. Bibigyan kita ng 200 pesos." paniniguro ni Cassey. Napangiti ang bata. Ni hindi pa siya nakahawak ng isang daan sa buhay niya sapagkat sanay siya sa limang pisong baon na kung minsan ay wala pa kapag pumapasok sa eskwela.

" Tara po." bibong sagot nito.

" Bes sandali. Sigurado ka ba dito sa gagawin natin? Baka mapahamak tayo." pabulong na sabi ni Maureen.

" Andito na lang din tayo, ituloy na natin. Kung ayaw niyo pwede naman kayong maunang umuwi. Basta ako, itutuloy ko to." pagmamatigas niya. Napakamot ng kanilang mga ulo ang mga kaibigan niya. Hindi naman nila pwedeng iwanang mag-isa ang kaibigan. Tahimik na lang silang sumunod.

Sinilip ni Elmer ang pag-alis ng mga bisita niya mula sa kaniyang bintana. Hindi niya makuha ang totoong pakay ng mga ito sa gubat. Ang alam niya lang, hindi iyon isang ligtas na dako para puntahan. Hindi niya tatangkain pang ipahamak ang buhay niya lalo na ang iba sa gubat na muntikan ng kumitil sa kaniyang buhay. Umupo siya sa upoang kawayan na siya mismo ang gumawa. Bigla na lamang pumasok sa kaniyang isip na para bang minsan ay nakita na niya ang batang iyon. Hindi niya alam kung kailan o saan, pero pamilyar ang mukha at mata nito, pati na rin ang maamo nitong ngiti. Hinahabol niya ng tingin ang mga kabataan na maingat na tumatawid ng pilapil. Pilit pinapaalala sa sarili ang kaniyang kahapon.

# KABANATA 5

Wala pang kalahating oras ay narating na ng grupo ni Cassey ang paanan ng gubat na sinasabing pinuntahan ng mommy niya. Tiningnan niya uli ang mga kuha ng mommy niya sa kaniyang cellphone at kinumpara ang mga ito sa aktwal na nakikita ng kaniyang mga mata. Mas masukal ito ngayon kaysa sa dati. Nakapagtataka dahil ang harap nito ay kalbo na dahil sa pagputol ng mga puno para gawing uling.

" Dito na lang po ako." ang sabi ng batang si Panoy. Binunot ni Cassey mula sa kaniyang bag ang halagang ipinangako niya sa bata. Abot tainga ang ngiti ni Panoy ng tanggapin nito ang pera mula dalaga. Agad ito kumaripas ng takbo na para bang nahihiya sa ginawa niya. Napatawa na lang sila sa naging reaksiyon ng bata.

Pumasok na ang grupo sa loob ng gubat habang alerto sa paligid. Nauna sa paglakad ang dalawang dalaga habang ang mga lalaki naman ay sinusundan lang sila kung saan nila ihahakbang ang kanilang mga paa. Paglipas ng ilang minutong lakad ay narinig nila ang mga lagaslas ng tubig mula sa di-kalayuang ilog. Marahang tinahak ng grupo ang mabangin na parte ng gubat na mula roon ay tanaw nila ang ilog na nasa baba. Hinanap nila ang daan pababa ng ilog at balak nilang doon na nila ilalatag ang kanilang mga tent na dala. Sanay na silang umakyat ng bundok kaya kahit mahirap ay marahan at maingat pa rin silang nakababa sa mismong tuyo at mabatong gilid nito. Namangha silang lima sa napakagandang tanawin na tumambad sa kanila. Ilang metro lang ang layo sa kanila ay tanaw ang isang talon na mga apat na metro ang taas. Ilang sandali pa ay hindi na sila maawat  sa pagkuha ng magagandang mga larawan.

Sinimulan na nila ang pagtatayo ang kanilang mga tent sa madamong bahagi sa gilid ng ilog.

" Pahinga muna tayo, hindi naman masyadong mainit ang paglalakad natin kasi mapuno." anas ni Bob matapos niyang maipako ang pundasyon ng kaniyang tent.

" Oo nga, kakainin ko na rin ang baon kong kanin." nakangiting sabi naman ni Paul.

" Ang takaw mo talaga, tingnan mo sarili mo, tumataba ka na." biro naman ni Cassey.

" Anong tumataba? Baka iuntog kita sa abs ko." sagot naman ni Paul na tumayo pa para makita ng lahat ang tiyan niyang hindi na lumulubo sa kaniyang damit.

" Huminga ka nga, baka mahimatay ka pa kami pa mahirapan sa pagbuhat sayo." ani Maureen na nakaupo sa bukasan ng kaniyang tent. Narinig ang tawa ng magkakaibigan. Ngunit lingid sa kanilang kaalaman hindi lang sila ang tao sa gubat na iyon, at kanina pa ito nagmamasid sa kanila.

Kinatok ng mag-asawa ang kwarto ng kanilang anak. Papasok na sila sa kanilang trabaho ng umagang iyon at gusto nilang magpaalam sa anak.

" Cassey anak, alis na kami ng daddy mo." ang sabi ni Alyssa.

"Anak gising na, malelate ka na sa trabaho mo." tawag ni Victor. Walang Cassey ang sumagot.

" Hayaan mo na, baka napagod yan sa trabaho kagabi kaya tinanghali ng gising." ang nasabi na lamang ni Vic.

" Anak nag-iwan ako ng adobo sa ref ha, kumain ka muna bago ka umalis mamaya. Mauuna na kami ng Daddy." paalam na lang ng ina niya. Pumasok na sa trabaho ang mag-asawa na walang kaide-ideya kung anong trahedya ang malapit ng sapitin ng nag-iisa nilang anak.

Saglit na nagpahinga ang mga kasama ni Cassey sa loob ng kani-kanilang mga tent, habang ang iba ay patuloy pa rin sa walang sawang pagkuha ng larawan sa paligid. Kinuha ni Cassey ang kaniyang cellphone at maliit niyang shoulder bag. Palihim siyang pumasok sa gubat at hinahanap niya ang bangin na marmol na nakita niya sa kuha ng ina. Makapal na ang mga dahon ng puno sa parteng iyon ng gubat kaya hindi na masyadong nakakatagos ang sinag ng araw. Patuloy pa rin sa paglakad ang dalaga nang may narinig siyang kaluskos ng mga dahon mula sa makakapal na mga halamang gubat na nasa paanan ng mga puno.

" Sino ang nandiyan? Maureen ikaw ba yan?" kinakabahan niyang bigkas sa nagtatapang-tapangan na tono.

Hindi pa rin tumigil ang kaluskos ng mga dahon, umiikot ito sa mga punong nasa paligid niya, ngunit dahil sa dilim at kapal ng mga halaman ay hindi niya makita kung sino ang taong iyon na kanina pa nagpapatayo ng kaniyang mga balahibo. Agad niyang binuksan ang kaniyang cellphone para tawagan sana ang mga kaibigan pero walang signal sa gubat na iyon. Patuloy siyang nag-iisip kung ano ang dapat niyang gawin habang sinusundan ng tingin ang pinang-gagalingan ng kaluskos ng mga dahon. Hanggang sa naisipan niyang paganahin ang video recorder ng kaniyang cellphone at itinutok ito sa pinagmumulan ng kaluskos.

" Guys nakita niyo si Cassey?" tanong ni Maureen sa tatlong binatang nakaupo sa mabatong gilid ng ilog.

" Hindi eh...baka nagbawas lang ng timbang." biro ni Paul.

Ilang segundo pa ay laking gulat ni Cassey nang may isang malaking hayop na lumundag mula sa damohan at sinunggaban siya anupa't tumalsik ang hawak niyang cellphone at buong lakas siyang napasigaw. Umalingawngaw sa gubat ang sigaw ni Cassey sapat para marinig iyon ng mga kaibigan niya.

" Si Cassey ba yon?" napatayong bigkas ni Bob.

" Mukhang si Cassey nga." bulalas ni Alfred. Agad na nagtakbohan ang apat papasok sa gubat.

Bumagsak ang dalaga sa lupa at nakapikit habang hinaharangan niya ng kaniyang braso ang kaniyang mukha. Ramdam niya ang hininga ng hayop na iyon sa kaniyang mga braso. Unti-unti niyang binuka ang kaniyang mga mata nang mapansing hindi kumikilos ang malaking hayop na iyon sa kaniyang harap. Nakita niya ang isang malaking aso na inaamoy siya mula ulo hanggang paa. Itinukod niya ang kaniyang kamay sa lupa para itayo ang sarili. Sa hindi niya malamang dahilan pakawag-kawag pa ang buntot ng asong iyon na akala niya'y siyang papatay sa kaniya. Umupo pa ang aso sa harap niya habang nakalabas ang dila. Tuluyan ng tumayo si Cassey para lapitan ang aso na mukha namang mabait at hindi siya sasaktan. Pero bago pa siya makalapit isang malakas na hampas sa kaniyang ulo ang siyang nagpatumba sa dalaga. Tuluyan na siyang nawalan ng malay.

" Cassey!!" sigaw ng apat niyang kaibigan habang iniikot ng tingin ang buong paligid.

Hanggang sa may nasipang isang bagay si Maureen. Agad niya itong pinulot.

" Cellphone ni Cassey." naiiyak na sabi ni Maureen.

Nagkatinginan ang tatlong binata. Hindi na nila alam ngayon kung ano ang gagawin. Kapag hindi nila nakita ang kaibigan nila ay baka mapahamak ito. Hindi pa ito naglock screen kaya binuksan ni Maureen ang gallery ng cellphone. Tuluyan na siyang napaiyak ng mapanood niya ang video na nakuhanan ng cellphone. Lumapit ang tatlong binata at sabay nilang pinanood ang video. Kitang-kita nila kung paano sinakmal ng isang malaking aso ang kanilang kaibigan.

"Balikan muna natin ang mga gamit natin saka natin siya hanapin." ang sabi ni Bob.

"Mas lalo tayong hindi makakasurvive sa gubat kapag wala tayong gamit." dugtong pa niya.

Malungkot na binalikan ng apat ang kanilang mga tent taglay ang pag-asang hindi ganon kalala ang sinapit ng kanilang kaibigan. Tahimik nilang pinagmamasdan ang isa't-isa habang tinatanggal nila ang kaniya-kaniyang mga tent. Habang si Maureen naman ay patuloy pa rin

ang pagluha. Lumapit sa kaniya si Alfred at inabot nito sa kaniya ang isang panyo. Kinuha niya ito mula sa kamay ni Alfred at nagpasalamat dito.
" Kaya natin to, si Cassey pa." ani Alfred sabay himas sa balikat ng kaibigan.
" Tulungan na kita,...alin pa ba tatanggalin" pakli niya para matapos na sa pagligpit ng tent ang dalaga. Di nagtagal ay lumapit na rin ang dalawang binata para tumulong sa kanila. Sabay nilang pinasok ang gubat na iyon para hanapin ang kanilang minamahal na kaibigan. Ginalugad nila ang gubat para humanap ng mga naiwang bakas ng kanilang kaibigan. Inabot sila ng tanghaling tapat sa paghahanap sa kaibigan pero ni anino nito ay hindi nila makita.

Nagkita sa isang restaurant ang mag-asawang Vasco para kumain ng tanghalian.
"Nagtext na ba sa'yo si Cassey?" usisa agad ni Alyssa pagkaupo niya sa napili nilang mesa.
"Hindi pa eh,...tawagan mo nga. Ako na oorder." ani Vic at sinenyasan na ang waiter para sa menu. Tinawagan ni Alyssa ang anak pero hindi man lang nagriring ang cellphone nito. Sinubukan niyang tawagan ang isa pang number ng anak.

Napagpasyahan ng magkakaibigan na ipagbigay-alam na sa Barangay ang nangyari sa kanilang kaibigan bago pa ito tuluyang mapahamak. Pababa na sila pabalik sa kanilang sasakyan nang biglang magring ang cellphone ni Cassey. Nagkatinginan sila.
"Ano gagawin natin?" naiyak na namang bigkas ni Maureen.
"Kung meron mang dapat na unang makaaalam nito, sila Tito Vic yun." pasya ni Bob.
"Sagotin mo na, ako na kakausap kay Tita." pagkukusa ni Paul. Inabot sa kaniya ni Maureen ang cellphone.
"Hello anak, bakit di kita makontak sa isa mong number?" bungad agad ni Alyssa.
"Hi Tita si Paul po ito." marahang sagot ng binata.
"Oh Paul, bakit ikaw ang sumagot, nasaan si Cassey?" usisa ng ina.
"Tita, may..." di niya matuloy ang gusto niyang sabihin.
"Paul anong nangyari?" Kinakabahan na na tanong ni Alyssa.
"Si Cassey po,..."
"Anong nangyari sa anak ko?" naiiyak na bigkas nito.
"Si Cassey po nawawala." sagot ni Paul sa naghalong kaba at takot na boses.

# KABANATA 6

Nagising si Cassey sa naramdaman niyang pagdila ng aso sa kaniyang mukha. Hindi niya maigalaw ang kaniyang katawan sa higpit ng pagkakatali sa kaniya. Nakatali siya sa isang ugat na pumasok sa kweba. Nakatali rin pati ang kaniyang kamay sa kaniyang harapan at kahit papaano ay kaya niya pa itong igalaw. Inikot niya ng tingin ang kaniyang paligid.

Nasa loob siya ng isang kweba na tanging maliit na sinag mula sa isang maliit na butas sa itaas ang nagbibigay ng liwanag sa loob nito. Nakita niya ang asong nakaupo sa harap niya. Hindi ito mapakali na tila ba gusto nitong magpahimas at makipaglaro sa kaniya. May nakasabit na pendant sa leeg ng aso na nakakabit sa collar nitong gawa sa taling balat ng saging. Hindi nga lang niya mabasa dahil nakalapat ito sa lupa.

Ilang segundo lang at nakarinig siya ng yabag ng mga paa mula sa di kalayuan. Pinikit niya ang kaniyang mga mata pero bahagya itong bukas sapat para makita niya ang pagdating ng taong nagtali sa kaniya. Nakita niya ang ulo ng isang lalaking gumagapang sa maliit na pasukan ng kweba. Tumindig ito at nakita niyang nakasuot ito ng coverall suit na kulay dilaw. May bitbit itong mangkok na may lamang mga nilagang saging. Lumapit sa harap niya at inilapag sa kaniyang paanan ang mangkok na dala nito. Tumayo ito para kunin ang galon ng tubig na nakasabit sa ugat ng puno na dumikit sa kweba. Inilapag din nito ang tubig sa harap niya.

Pinagmasdan ng lalaki ang dalaga na nakasandal sa pader ng kweba. Sa hindi nito malamang dahilan ay bigla itong napangiti nang makita ng malapitan ang mukha ng dalaga na bahagyang natatakpan ng mahabang buhok.

"Ang ganda niya..." naibulong nito sa sarili. Naisipan nitong subukan siyang gisingin sa pamamagitan ng pagtapik sa paa niya. Pero hindi siya gumagalaw. Nag-alala bigla ang lalaki, naisip nitong baka napurohan siya nito sa ulo. Iisa na lang ang naisip nitong paraan. Naisipan nitong ilapit ang kaniyang kamay sa bibig at ilong ni Cassey para matiyak kung humihinga pa ba siya.

Nakita ni Cassey ang paglapit nito sa kaniya. Hindi na niya hahayaan pang may gawin ito sa kaniya ulit. Kaya nang akmang ilalapit na ng binata ang kamay nito sa kaniyang mukha ay agad niya itong sinipa sa dibdib ng malakas. Nabuwal ang binata at natumba ito. Nagtaka si

Cassey nang makitang nakangiti pa ito matapos niyang sipain. Kaagad na nagpagpag ng dumi ang lalaki at tumayo.
"Buti naman at gising ka na pala. Kinabahan ako, baka kasi napalakas ang palo ko." nakangising bigkas nito.
"Pakawalan mo ako,...bakit mo ba ako dinala dito? Sino ka ba?" nagpupumiglas na sagot ng dalaga. Umupo ang lalaki sa isang upoang gawa sa putol na puno ng kahoy.
"Alam mo, yan din ang tanong ko sa sarili ko. Bakit ako nandito? Sino ako?" Nakatitig sa kaniya na tugon ng binata. Natahimik si Cassey. Ngayon lang siya nakakita ng ganoon ka lungkot na mga mata. Ang galit niya ay napalitan ng awa at pagnanais na makilala ang taong ito— ang taong matagal na niyang hinahanap.
"Please wag mo akong saktan,...ang totoo niyan,..." pakiusap ni Cassey.
"Nandito ako para hanapin ka" dugtong niya. Napatitig sa kaniya ang binata.
" Ibig sabihin kilala mo ako?" tugon nito habang nakatitig sa kaniya.
" Sasagotin ko yan kung papakawalan mo ako." sagot naman ng dalaga.
"Pasensiya ka na, di kita pwedeng pakawalan, ikaw na lang ang natitirang pag-asa na mayroon ako." tanggi nito sa alok niya.
"Kung ako na lang ang natitira mong pag-asa, pagkatiwalaan mo ako." katwiran niya.

Tinitigan ng lalaki ang mukha ng dalaga. Gusto niyang masiguro na nagsasabi ito ng totoo. Paglipas ng ilang minutong katahimikan ay tumayo ang binata. Hinugot nito ang nakatarak na itak sa malupang bahagi ng kweba. Bumaling ito kay Cassey at lumapit dito. Umupo ito sa harap ng dalaga.
"Anong pwede kong gawin para pagkatiwalaan mo ako?" tanong pa ni Cassey na kinakabahan na sa kinikilos ng binata. Nanginginig ang kaniyang mga tuhod sa takot. Sa pagtataka niya ay tumayo ito uli at muling ibinaon ang itak sa pinagkuhanan nito.
"Hindi pa ito ang panahon para pakawalan kita." ang sabi nito na muling umupo sa paborito nitong upoan.
"Bakit? Di ako tatakas, promise..." pakiusap niya.

Muling tumayo sa kaniyang kinauupoan ang lalaki at dinampot ang mangkok na may lamang saging at binalatan ito sa harap ni Cassey. Inilapit nito ang nilagang saging sa bibig ng dalaga. Umiwas ang ulo ni Cassey.

"Paano kita pagkakatiwalaan, kung di mo ako kayang pagkatiwalaan." anito at muling inilapit sa bibig ni Cassey ang saging.

Unti-unting ibinuka ni Cassey ang kaniyang bibig at napilitang kainin ang saging sa pag-asang wala sana itong nakalagay na pampatulog o anumang makakalason sa kaniya. Muli itong kumuha ng isa pang piraso mula sa mangkok. Pagkatapos balatan ay muli nitong isinubo kay Cassey.

"Tama na yong dalawa,...baka kung ano pang mangyari sa'yo." biro nito. Pagtitig ng binata sa kaniyang mukha ay natigilan ito ng makita siyang nakangiti.

"Isa pa, gutom pa ako eh." sagot ni Cassey. Napangiti na lang ding dinampot ng binata ang isa pang saging at patuloy na ipinagbalat ang dalaga.

"Ishi." bigkas ng binata.

"Ishi ang pangalan ko." dugtong nito at isinubo ang isa pang saging sa kaniya. Saglit na ngiti lang ang tugon ni Cassey.

Samantala nakarating na sa pinagparkingan nila ng kanilang sasakyan ang mag-asawang Vasco. Agad na bumaba ng sasakyan ang mag-asawa. Tinawag nila ulit ang cellphone ng kanilang anak.

"Hello Paul, nandito na kami sa pinag-iwanan niyo ng sasakyan. Nasaan na kayo?" natatarantang bigkas ni Alyssa.

"Anong sabi?" tanong ni Vic.

"Pabalik na raw sila, hintayin na lang natin dito." naluluhang sagot ni Alyssa.

"Victor Vasco!!" malakas na sigaw na tawag mula sa kanilang likuran. Nagulat ang mag-asawa at bigla silang napalingon sa pinang-gagalingan ng boses.

"Sino ka?" matatag na bigkas ni Vic at pinapunta sa likod niya ang kaniyang asawa.

"Hahaha!" malutong na tawa lang ang tugon nito.

"Akalain mong hindi mo na ako kilala. Ganon ka ba talaga kabilis makalimot?" dugtong nito.

Napaatras si Vic nang makilala niya ang taong ito na may nakasukbit na itak sa baywang. Sininyasan niya ang asawa na pumasok sa kotse. Sumunod naman kaagad si Alissa. Binuksan nito ang pinto ng kanilang kotse. Pero bago pa siya makapasok ay nakilala na rin niya ang mukha ng taong tumawag sa pangalan ng asawa niya.

" Konsehal Elmer? Ikaw nga...ako to si Alyssa, ang sinamahan niyo noon sa bundok para sa research namin sa mga wild orchids..." pagpapakilala niya. Biglang pumasok sa isip ni Elmer ang dalagang lumapit sa kaniya kaninang umaga lang at ipinakita pa ang picture ng ina.
"Wag mong sabihing asawa mo tong traidor na to?" galit ang tono na tanong nito na dinuro pa si Vic.
"Hon,...magsalita ka anong nangyayari?" nagugulohang tanong ni Alyssa.
"Wag mong idamay ang asawa ko rito Elmer. Labas siya sa anumang di natin pagkakaintindihan."salita ni Vic.
"Di pagkakaintindihan. Tinatawag mong di pagkakaintindihan yon,...samantalang muntikan na akong mamatay?" ang sagot naman nito.
"Isa kang kriminal Victor. Sinabi ko na sa'yo, wag na wag magkokrus ang landas nating dalawa ulit,...kundi isa sa atin ang mamamatay." anito sabay bunot ng itak niya.
Nagsidatingan ang mga tao at nakiusyoso sa gulong iyon. Patakbo namang nilapitan ni Aling Ising ang kapatid para awatin at agawin mula rito ang itak na hawak.
"Ano ba Elmer, bakit ka ba naghahanap ng away. Umuwi na tayo." saway niya sa kapatid.
"Ate tumabi ka, wag mo akong hawakan, ikaw tatagain ko kapag tinangka mo pa akong pigilan." babala ni Elmer. Agad na lumapat sa mukha ni Elmer ang palad ni Ising.
"Sige tagain mo ako. Kung yan ang magpapahupa diyan sa galit mo, gawin mo." puno ng hinanakit na bigkas ng ate niya. Napatitig sa mukha niyang lumuluha ang galit na konsehal. Mayamaya pa ay hinayaan na nitong kunin ng mga tanod mula sa kamay nito ang itak na hawak.
"Hindi pa ito ang huli nating pagkikita Victor,...wag ka ng bumalik pa ulit dito sa lugar ko kung ayaw mong dumanak ang dugo rito." banta ni Elmer at sumunod sa bawat tulak at hatak ng kaniyang kapatid papalayo sa mag-asawa. Hinarap ni Alyssa ang asawa niya. Tinitigan niya ang mga mata nito sa paghahanap ng kasagotan.
" Sabihin mo sa akin ang totoo,..." aniya habang hawak sa magkabilang balikat si Victor. Ngunit nanatili itong tahimik at hindi kumikibo. Pilit itong umiiwas ng tingin sa kaniya.
" Tita!" isang tawag mula sa likuran nila ang kanilang narinig. Paglingon nila ay nakita nila si Maureen na patakbong umiiyak. Agad nitong niyakap si Alyssa habang kasunod nito ang mga kaibigan.
"Tita I'm sorry.." iyak ni Maureen. Pinahiran ni Alyssa ang luha ng dalaga, niyakap ito at saka sinulyapan ng tingin si Victor na nakasandal sa kotse nila.

# KABANATA 7

Ilang sandali pa ay dumating na ang militar. Kasama rin nila ang ilang CAFGU na mas nakakaalam ng pasikot-sikot sa gubat na iyon. Alas singko na ng hapon at malapit ng dumilim. Kaya may dalang flashlight ang mga magsasagawa ng rescue operation.

Pinauwi na muna ni Alyssa ang mga magkakaibigan at pinahatid ang mga ito kay Victor. Nagpaiwan siya at pinayohan ang asawa na huwag na munang bumalik at tatawagan na lang ito kung kailangan siya. Gusto mang malaman agad ni Alyssa ang totoo, hindi ito ang panahon para unahin pa niya iyon kaysa sa paghahanap sa nawawalang anak. Ipinasok niya sa kaniyang bag ang inabot na cellphone ni Maureen. Makakatulong sana ito sa paghahanap sa anak pero hindi niya ito mabuksan dahil sa passcode nito na anak lang niya ang nakakaalam. Napahinto siya saglit. Agad siyang lumapit sa mangunguna sa platoon na iyon, si Master Sergeant Alex Benson.

" Sir, nahulog ito ng anak ko bago siya mawala. Baka makatulong ito sa paghahanap sa kaniya."aniya sabay abot nito sa sundalo.

" Let me see, alam mo ba ang passcode nito?" tanong ng sundalo.

" Hindi sir eh, pero may paraan ba para makuha natin ang laman?" pagbabaka-sakali niya. Umiling ang sundalo at binalik nito ang cellphone kay Alyssa.

" Kung iyan sana ay android device, malamang na may memory card yan, pero dahil IOS device yan, wala tayong ibang magagawa kundi hanapin muna ang inyong anak saka pa lang natin yan mabubuksan." sagot nito. Malungkot na binalik ni Alissa ang cellphone ng anak sa kaniyang bag.

" Wag po kayong mag-alala, gagawin namin ang lahat mahanap lang ang iyong anak. Magdasal na lang po tayo na wala pang masamang nangyari sa kaniya." pagtitiyak nito.

"Thank you sir." at sinundan niya ng tingin ang pagtalikod nito at nagsimula ng lumakad ang mga sundalo.

Samantala, nakatali pa rin ang mga kamay ni Cassey. Kanina pa hindi bumabalik ang binata. Kasama nito ang aso niya. Ilang sandali pa ay may narinig siyang ingay, pumasok sa kaniyang kinaroroonan ang binata na may dalang mga buko. Nakangiti nitong nilapag ang mga iyon.

"Gutom ka na ba? Pasensiya ka na at mahirap talagang makahanap ng tiyempo sa pagkuha ng mga buko. Baka mahuli ako ng may-ari mahirap na." anito na nakangisi pa. Hinugot nito ang itak niya para mabuksan na ang buko.
"Sandali lang, ibig sabihin ninakaw mo yan, sorry hindi kumakain ng galing sa nakaw." alma ni Cassey. Tumawa lang si Ishi bilang tugon.
"Bahala ka, ikaw din ang magugutom." anito at tinagpas na ang buko at ininom ang sabaw nito. Tumutulo pa mula sa bibig nito ang sabaw na nagpatuyo lang sa lalamunan ni Cassey. Hinati na ni Ishi ang buko sa gitna at gumawa ng pangkuha ng laman nito mula sa mismong balat ng buko. Pinapanood siya ni Cassey habang sarap na sarap siya sa pagkain.
" Sigurado ka talagang ayaw mo? Uubusin ko to..." pang-iinggit pa nito habang nakangisi.
"Ok!" anas ng dalaga. Napatingin sa kaniya si Ishi.
"Kung di lang talaga ako nagugutom at nauuhaw." aniya. Nakatawang pinagbukas ni Ishi ang bihag niya. Inilapit niya ang butas sa bibig ng dalaga at pinainom dito ang sabaw ng buko. Pagkatapos ay biniyak niya ito sa gitna. Kinalos niya laman nito at pinakain kay Cassey. Isa-isa niyang isinubo ang mga ito sa bibig ng dalaga.

Bahagya namang iniiwas ni Cassey ang katawan niya sa pagdikit ng binata sa kaniya. Naiilang siya sa paminsan-minsang pagdikit ng mga daliri nito sa kaniyang labi pero wala na siyang magagawa kundi magpanggap na manhid para lang magkalaman ang kaniyang tiyan. Hindi maiiwasang may nadidikit na mga laman ng buko sa paligid ng labi ni Cassey.
"Sandali, may buko ka sa bibig, kukuha lang akong damit pampunas." paalam niya at tumayo na para kunin ang gagamitin niyang pampunas. Wala pang isang minuto ay nakabalik na siya dala ang kulay gray na damit pambata. Lumapit siya sa dalaga para sana punasan ang bibig nito pero naiilang si Cassey.
"Sandali,...ako na" aniya.
"Baka mahirapan ka" sagot naman ni Ishi.
"Sana naisip mo yan bago mo ko itinali." balik niya rito. Napangiti na lang si Ishi at inilagay ang damit sa kamay ng dalaga.
"Buti nga pinakakain pa kita." tanging nasabi na lang ni Ishi.
"At talagang may utang na loob pa ako sa'yo. Salamat ha." Sagot naman ng dalaga.

Tawa na lang ang naging tugon ng binata na lumayo na sa kaniya at umupo sa paborito nitong upoan. Pinunasan na ni Cassey ang kaniyang bibig kahit mahirap ito dahil nakatali ag kaniyang mga kamay. Kahit papaano naman ay kaya niya itong itaas papunta sa kaniyang

bibig kaya magagawa niyang punasan ang sarili. Napatingin si Cassey sa damit na ibinigay ng binata sa kaniya. Damit ito ng isang bata.
"Kaninong damit to?" usisa niya.
"Akin yan, yan ang suot ko ng magising ako sa gilid ng ilog." sagot ng binata.
"Nagising ka sa gilid ng ilog? Pero bakit di mo hinanap ang daan pauwi?"
"Dahil wala akong maalala. Hindi ko alam kung bakit napunta ako roon. Ang unang nakita ko pagdilat ko ay isang maliit na aso na dinidilaan ako sa mukha."
"Kung ganon,...paano mo nalaman ang pangalan mo?" tanong pa niya.
"Ang totoo niyan di ko alam ang pangalan ko. Kinuha ko lang ang ISHI mula sa leegan ng damit na yan."

Agad na hinanap ni Cassey ang etiketa sa kwelyo ng damit. Nagsasabi nga ito ng totoo. Nakasulat doon ang ISHI.

Pero ano ang ibig sabihin nito, yan ang una niyang aalamin kapag nakatakas siya mula sa pagkakatali sa kaniya.

Hindi pa rin mapakali si Elmer sa bahay niya. Hindi niya akalaing magkikita ulit sila ng dati niyang amo sa minahan. Hindi ito ang panahon para manahimik siya sa kanila at hintayin kung anong nangyari sa anak nito. Kailangan niyang maunahan sa paghahanap ang mga sundalo. Hindi niya hahayaang sirain uli ng pamilyang iyon ang kapayapaan ng pag-iisip na nararanasan niya mula ng mangyari ang trahedya sa minahan. Hindi siya makakapayag na dito magwawakas ang mga plano niya para sa kaniyang sarili.

Labag man sa loob ni Victor pero dinala niya pauwi sa kanila ang mga kaibigan ng anak. Hindi niya hahayaang makarating pa ang nangyari sa mga magulang ng mga ito. Pero panahon na ba para sabihin niya sa asawa niya ang totoong nangyari sa minahan? Panahon na ba para pagbayaran niya mga nagawa niya noon?

Alam niyang mabuting tao si Elmer at nadamay lang ito sa plano niya at alam niya kung saan nito hinuhugot ang matinding galit. Pero kailangan niyang magmukhang matapang para sa pamilya niya.

Kung meron mang mas naapektohan ng mga pangyayaring ito, ito na ay ang kanyang pamilya. Marami ng nawala sa kaniya, at hindi siya makakapayag na madagdag pa rito ang nag-iisa niyang anak.

Natanaw ni Ishi ang mga ilaw ng flashlight na tumatagos sa dahon ng mga puno sa gubat. Nakapatong siya sa isang malaking bato sa mataas na parte ng bundok. Alas syete na ng gabi

kaya nakikita niya kung gaano sila karami sa pagbilang lang sa mga ilaw ng flashlight. Mukhang wala na siyang iba pang magagawa kundi ang pakawalan ang bihag niya bago pa matunton ng mga sundalo ang kaniyang kinaroroonan. Baka makita din ito ng kaniyang asong si Az at kumahol ito na mas lalo lang magpapahirap sa sitwasyon niya.

Tahimik na nakabuntot sa mga sundalo si Elmer. Palipat-lipat siya sa mga malaking puno. Gusto niyang maunahan ang mga ito sa paghahanap sa dalaga.

Bumalik na sa loob ng kweba si Ishi. Umupo muna ito at pinagmasdan ang dalaga.

"Bakit ka ganiyan makatingin sa akin? Kung ano man yang masamang balak na iniisip mo..." pabirong sabi ni Cassey.

" Matutulungan mo ba talaga ako?" tanging tugon ni Ishi.

" Oo nga,...ano pa bang patunay ang gusto mo?"

"Alam mo ba, nasa paligid na ang mga magulang mo, hinahanap ka nila kasama ang mga taong may baril." salaysay niya rito. Naging seryoso ang mukha ni Cassey.

"Anong plano mong gawin?" usisa ng dalaga.

"Papakawalan na kita, pero kailangan kong takpan ang mga mata mo para di mo matunton ang lugar na ito."  aniya.

"Salamat Ishi,...makakaasa ka, babalik ako. Hahanapin ko ang totoo mong pamilya. Kung saan ka talaga nanggaling." pangako ni Cassey na tinuldokan ng ngiti.

"Sandali, may kukunin lang ako." anito sabay tayo at lumabas sa silid na iyon. Wala pang dalawang minuto, bumalik na ito dala ang isang lumang litrato. Inabot niya ito sa nakataling kamay ni Cassey. Mag-asawang magkatabi at nakangiti ang makikita sa picture na yon.

"Hindi ko alam kung sila ba ang tunay kong magulang, pero nakita ko yan sa isang lagayan ng mga papel."

Tiningnan ni Cassey ang nakasulat sa likod ng picture na iyon.

"*Sid and Helen 1st Wedding Anniversary, August 3, 1994.*" ang nakalagay sa likod nito.

"Sid and Helen. Baka yong S at H sa ISHI ang kahulugan ay Sid at Helen,...yong I sa magkabilaan na lang ang problema natin. Malaki ang maitutulong nito sa paghahanap ko." paliwanag ni Cassey. Nanatiling tahimik lang si Ishi.

Kinuha na ni Ishi ang itak at isa-isang pinutol ang tali sa katawan, paa at kamay ni Cassey. Tumayo ang dalaga at tinanggal na rin ang mga natitirang nakabuhol. Lumabas saglit ang binata at pagbalik ay may dala na itong isang pirasong tela na kailangan niya sa pagpiring sa dalaga.

"Handa ka na?" tanong ni Ishi. Pumikit na si Cassey. Inalalayan siya ng binata sa paglalakad nila. Ramdam niya ang mga hakbang niya sa mga sanga at dahon sa dinadaanan nila. Wala pang kalahating oras at huminto na si Ishi sa paglalakad. Unti-unti na nitong tinanggal ang telang nakatakip sa kaniyang mga mata. Tumitig ito sa mga mata niya.

"Sa pagbalik mo ay ipapakita ako sa'yo. " bigkas ng binata.

"Kung ano man yan...masaya akong babalik na may mga sagot na sa mga tanong mo." tugon ni Cassey.

"Maghihintay ako..." aniya. Kinuha ni Cassey ang kanang kamay ng binata. Hinawakan niya ito ng mahigpit gamit ang kaniyang dalawang kamay. Saka dahan-dahang bumitaw at humakbang palayo sa kaniya. Huminto ito saglit at lumingon kay Ishi.

" Cassey,..Cassey Vasco. Yan ang pangalan ko." anito at tuluyan ng naglaho sa dilim. Naiwang tahimik at nakatingin sa mga ilaw sa di-kalayuan ang binata. Napangiti siya at tumalikod na pabalik sa kaniyang taguan. Para sa kaniya, ang pangalan nito ay sapat ng patunay na dapat niya itong pagkatiwalaan.

# KABANATA 8

Maingat na nag-abang sa gilid ng ilog si Elmer. Nakikita niya ang mga flashlight ng mga sundalong dumaraan. Armado ang mga ito ng matataas na kalibre ng baril. Naisip niyang unahan ang mga ito sa balak nilang puntahan na bahagi ng kagubatan.

Pagkalipas ng ilang minuto natanaw niya sa di kalayuan ang maingat na paghakbang ng isang dalaga. Nakahawak ito sa bawat halamang madadaan niya para hindi matumba. Tahimik na napangiti si Elmer, pagkakataon na niya ito.

Maingat niyang nilapitan ang kinaroroonan ng dalaga para hampasin ito. Habang naglalakad ay naghahanap siya ng sanga na pwede niyang ihampas sa ulo nito. Nadaanan niya ang isang sanga ng mga kahoy na ginamit sa pag-uuling. Dinampot niya ang isa at buong ingat na humakbang papalapit sa biktima niya.

Nagtago siya sa likod ng isang puno para abangan ang pagdaan ni Cassey. Hinawakan ng mahigpit ni Elmer ang sanga na nababalot ng abo at maitim na mantsa mula sa pagkakasalang nito sa ulingan. Dinig niya ang hakbang ng paa ng dalaga sa mga tuyong dahon nang may ibang tunog siyang narinig.

May naririnig siyang ungol ng asong nagngangalit kaya napalingon siya sa kaliwa niya. Nanigas ang katawan ni Elmer nang makita muli ang halimaw na muntikan ng pumatay sa kaniya. Nanginginig ang mga panga nito at nagbabaga ang mga mata na handa siyang lapain sa isang maling galaw lang niya. Nabitawan ni Elmer ang sanga. Huminga siya ng malalim at buong bilis na kumaripas ng takbo.

Napatigil si Cassey sa paglalakad ng makitang tumatakbo papalayo ang isang lalaki at naglaho sa dilim. Lumabas mula sa isang puno ang aso ni Ishi.

“Hi. Gusto mong magpaalam sa akin?” aniya habang papalapit ito sa kaniya. Hinimas niya ito at hinawakan sa pisngi.

Napansin ni Cassey ang pendant sa collar nito. Binasa niya ang nakalagay.

“Az... Bye Az. Ingat ka dito ha.” bulong niya rito. Biglang tumayo ang mga tenga nito nang may narinig na kaluskos. Dinilaan ng aso ang kamay ni Cassey at agad na tumakbo papalayo sa kaniya. Paglingon niya ay nakita niya ang isang sundalo na iniilawan siya ng Flashlight. Nasilaw siya kaya tinakpan niya ng bahagya ang kaniyang mga mata.

“Ikaw ba si Ma’am Cassey?” bungad ng sundalo.

“Opo sir. Salamat po sa paghahanap niyo sakin.” sagot niya.

“Halika na ma’am, naghihintay sayo ang Mommy at Daddy mo sa baba ng bundok.” anito at inalalayan si Cassey.

Pagkakita sa anak ay agad na sinalubong ng yakap ni Alyssa si Cassey.

“Diyos ko salamat.” naibulong ni Alyssa.

“Mommy.” naiiyak na anas ng dalaga. Hinawi ng ina niya ang buhok na napunta sa kaniyang pisngi.

“Sa bahay na lang tayo mag-usap ok. Ang importante ngayon ligtas ka na.” anang ina habang pinupunasan ng kaniyang palad ang noo ng anak.

Lumapit sa kaniya ang daddy niya.

“Dad.”

Niyakap siya ni Victor.

“Let’s go home.” anang dad niya.

Habang pauwi ay naiwan ang isip ni Cassey sa kalagayan ng binata. Nag-aalala siya sa maa-aring mangyari ngayong sisimulan na niyang hanapin ang pamilya nito. Dalangin niya na sana magiging maaayos ang lahat sa kaniyang paghahanap.

Nasa hapag-kainan ang pamilyang Vasco ng magsimulang magkwento ang dalaga sa nangyari sa kaniya sa bundok.

“Naghanap po kasi ako ng signal pero nawala ako tapos bigla akong hinabol ng isang wild boar kaya napatakbo po ako at naiwan ko yong cellphone ko.” pagkikwento niya.

Nagkatinginan ang mag-asawa sa isa’t-isa.

“Anak, wag mong mamasamain pero, bakit ka ba nagpilit na umakyat doon?” tanong ng ama.

“Para po sana sa research ko about sa project na binigay sa akin. Nakuha ko naman mga kailangan sa research ko tungkol sa bundok. Isa pa po, kasama kasi yon sa mga bucket list ko. Mula ng makita ko yong mga picture ni Mom ng lugar sabi ko sa sarili ko balang araw aakyat din ako doon.” sagot niya.

“Hindi kami galit sayo ng mommy mo, pero sana hindi na to mauulit pa. Hindi namin alam ang gagawin namin kapag nawala ka pa ulit.” payo sa kaniya ni Victor.

“Yes dad. Promise ko po, hindi na ako aalis ng hindi ninyo pinapayagan.”

Natapos ang haponan ng pamilya na masaya ang kanilang kalooban dahil ligtas na nakauwi ang kanilang anak. Pero naghahanap pa rin ng sagot si Alyssa sa mga pangyayari kanina mula sa asawa niya.

“Hon, pwede ba tayo mag-usap?” tanong ni Alyssa habang nakahiga sila sa kanilang kama. Inilapag ni Victor kaniyang smartphone sa mesa ng lampshade at nilingon ang asawa niya.

“Tungkol ba to sa nangyari kanina?” tugon niya. Tumango si Alyssa.

“Pano kayo nagkakilala ni Elmer at bakit galit na galit siya sa’yo.” usisa niya.

Natahimik saglit si Victor. Tumitig ito sa kisame na para bang nandoon nakasulat ang inihanda niyang kasagotan.

“Nagkakilala kami sa minahan na pagmamay-ari ni Sid. Hindi siya nabayaran ng ayon sa kontrata namin at...muntikan pa siyang mamatay sa pagsabog ng minahan kaya sa akin niya ibinunton lahat ng galit niya.” Bakas sa mukha ni Alyssa ang pag-aalala.

“Pero maniwala ka, wala akong ginawa sa kaniyang masama. Hindi lang talaga niya nagawang singilin si Pareng Sid dahil sa pagkamatay ng anak nito sa pagsabog. Hindi ko alam kung bakit hindi niya maintindihan na parehas lang kaming biktima dito ng mga pangyayari.” dagdag ni Victor.

“ I trust you. Alam ko na wala kang ginawang masama. Sana lang darating ang panahon na maunawaan ng Konsehal ang lahat.” tugon ni Alyssa at sinalat ang pisngi ng asawa niya.

Kinabukasan, nagpunta sa bahay ng pamilya Vasco ang mga kaibigan ni Cassey para kumustahin siya. Nagdala na rin sila ng pagkain dahil balak nilang manood ng Korean Drama Series maghapon.

“Guys kailangan ko tulong niyo.” basag ni Cassey sa ingay ng mga kaibigan niya. Napalingon lahat sa kaniya ang buong barkada.

“Cassey, sinasabi ko sa’yo.” reaksiyon ni Alfred.

“Oo nga, ayan na naman tayo sa mga plano mo.” sang-ayon ni Bob.

“Oo na, nagkamali ako. Promise di ko na kayo ilalagay pa sa mga alanganing sitwasyon. Kailangan ko lang talaga tulong niyo.” katwiran niya.

“ Go ahead bes.” ang sabi ni Maureen na nakangiti.

“Narinig niyo na ba yong RTW trademark ng mga kids apparel na ISHI?” tanong niya.

Nagkatinginan silang lahat.

“International ba yan o..local?” usisa ni Paul habang pinupunasan ang kaniyang salamin.

“ Di ko alam eh. Pero malamang Local yon.”

“ Bakit mo naman naitanong?” ani Alfred. Natahimik saglit ang dalaga,

“ May nabasa kasi akong article online na ang sabi bigla na lang itong nawala sa Market.” aniya. Niresearch na niya ito kagabi pa pero talagang hanggang doon lang ang nakuha niyang impormasyon.

“Biglang nawala sa market....hindi kaya nalugi lang?” sagot naman ni Paul.

“Possible. Pero kung nalugi, di ba dapat nagfile sila ng bankruptcy? Bakit naman biglaan ang pagtigil ng operation nila? Yan ang gusto kong content sa future article na isusulat ko. Kaya please....patulong naman.” pakiusap niya.

“Bes support ka namin diyan. Magtatanong-tanong kami sa mga kakilala namin. Inform agad kita pag may nalaman ako.” pangako ni Maureen.

“ Sige, ako rin. Pero nasubukan mo na bang magtanong sa Mom at Dad mo? Tingin ko mas marami silang kilala na baka may info tungkol sa ISHI na yan.” tanong ni Alfred.

Sa totoo lang walang balak si Cassey na ipaalam sa mga magulang niya ang tungkol dito. Baka kasi maging hadlang lang ang mga ito sa plano niya.

“ Ahhh, naitanong ko na rin. Pero wala daw silang idea.” tanging naisagot niya.

# KABANATA 9

Gaya ng napag-usapan ay kaniya-kaniyang nagtanong ang magkakaibigan tungkol sa pakiusap sa kanila ni Cassey. Dumaan saglit sa tailoring shop ng nanay niya si Alfred dala ang ulam na binili niya sa kalapit na karenderya.

"ISHI?" reaksiyon ng nanay niya nang itanong niya rito ang tungkol doon.

"Opo. Baka kasi alam niyo kasi nanahi rin kayo ng RTW dati."

Napatigil sa pananahi ang nanay niya.

"Oo tama. May company dati ng RTW dito sa atin diyan malapit sa pantalan na ang pangalan ay ISHI. Pero matagal na yong wala." sagot nito.

"Talaga po? Nakapagtrabaho po kayo doon?" usisa pa ni Alfred.

"Hindi eh, pero may kakilala akong doon dati nananahi."

Napangiti si Alfred. Nagpaalam siya kaagad para tawagan si Cassey.

Napasugod sa bahay ni Cassey ang barkada. Napagkasundoan nilang sabay silang pupunta sa binigay na address ng nanay ni Alfred.

"Alfred salamat ha. Napadali ang trabaho ko." pasalamat niya rito.

Pinagpaalam ni Cassey ang kotse nila at si Bob ang nagdrive papunta sa mananahi.

Pagkalipas ng sampung minutong biyahe, nakarating sila sa isang bahay sa gilid ng highway na nakaharap sa dagat.

"Tao po." tawag nila. Kumahol ang mga aso sa loob ng gate. Sumilip ang isang ginang na nakatapis ng tuwalya at nagsasampay ng mga nilabhang damit.

"Ano yon?" tanong nito matapos buksan ang isang maliit na entrance ng gate. Hinarap siya ni Alfred.

"Ah magandang hapon po. Anak po ako ni Letty Bernal yong mananahi sa bayan." pakilala ni Alfred sa sarili.

"Naku talaga, kumusta si Mareng Letty?" nakangiti nitong sagot.

"Ah ok naman po si mama. May gusto lang po sana kaming itanong sa inyo." Napatingin sa kanilang lahat ang ginang.

"Sige pasok muna kayo, nakatali naman mga aso ko." imbita nito. Pumasok silang lima at tumuloy sa isang maliit na pahingahang kubo sa bakuran ng bahay nito.

"Diyan na muna kayo at ipagtitimpla ko lang kayo ng juice." pagkukusa nito.

“Ay wag na po, nakakahiya.” ani Bob pero sa loob-loob niya ay kanina pa siya nauuhaw. Napadako sa kaniya ang tingin ng lahat.

“Hayaan niyo na.” at tumalikod na nga ito para pumasok sa kaniyang bahay.

“Kunwari pa to.” biro ni Maureen kay Bob.

“Siyempre…” nakangiting tugon ni Bob.

Bumalik ang ginang dala ang petsel ng juice at mga baso.

“Ano ba yong gusto niyong itanong?” anito pagkaupo.

“Nabanggit kasi ni mama na nakapagtrabaho kayo sa company na ISHI, totoo po ba yon?” tanong ni Alfred.

“Oo. Kaya lang nagsara na sila.”

“Bakit po sila nagsara?” singit ni Cassey.

“Namatay kasi yong anak nila sa pagsabog ng minahan.” agad nitong sagot.

Napalunok si Cassey.

“Alam niyo po ba kung saan na sila nakatira ngayon?” tanong ni Cassey.

“Nag-abroad na sila sa America. Mula non di ko na sila nakikita.”

“Alam niyo po ba kung bakit ISHI?” usisa ni Cassey na inilapit pa ang ulo niya sa ginang.

Napatingin kay Cassey ang mga kaibigan niya. Alam nilang may isusulat itong article pero di nila akalaing ganon siya kainteresado dito.

“Isidro and Helen Ibañez. Yan ang ibig sabihin ng ISHI.”

Hinahanap ni Victor ang camera niya dahil may pagagamitan siyang event sa office nila. Hinalungkat na niya lahat ng gamit nilang mag-asawa ay di niya pa rin ito makita.

“Hon, kanina ko pa hinahanap yong camera, sino ba huling gumamit non?” tanong niya sa asawa matapos siyang pagpawisan.

Nagluluto si Alyssa ng lapitan niya ito sa kusina.

“Baka nasa anak mo. Alam ko nasa kaniya yon, tingnan mo sa kwarto niya.” nakatalikod na sagot ng asawa.

Marahang tinulak ni Victor ang pinto ng kwarto ng anak.

Dumiretso siya sa travelling bag nito na nakasabit sa loob ng aparador. Tinanggal niya ang mga gamit sa loob at nandoon nga ang hinahanap niya. Isa-isa niyang binalik lahat ng gamit ng anak. Nang may mapansin siyang isang lumang picture na nakahalo sa baon nitong mga pagkain.

Napatigil siya para tingnan ito. Napako siya sa kinauupoan niya ng makitang si Sid at Helen ang nasa picture.

Tanda niya pa ang picture na ito dahil siya mismo ang kumuha nito bilang regalo sa kanilang wedding anniversary.

May kumurot sa puso niya nang makita ang kanilang mga ngiti. Larawan ng masayang pamilya.

Napaisip siya bigla kung paano ito napunta kay Cassey gayong binigay niya ito kay Sid. Hihintayin na lamang niya ang anak pagdating nito at saka niya ito personal na tatanongin.

Narinig niya ang pagpasok ng kanilang kotse sa garahe. Dumating na ang magkakaibigan. Ang iba ay nagpaalam na para umuwi maliban kay Maureen.

Nadatnan nilang dalawa ang kaniyang dad na nakaupo sa kama niya.

“Hi dad.” bati niya.

“Pasensiya ka na, hinahanap ko kasi yong DSLR. Gagamitin ko sa office mamaya.”

Kinabahan bigla si Cassey.

Hindi kaya....nakita niya kaya?

“Nakita niyo na po?” kinakabahan niyang tanong.

Tumitig sa kaniya ang kaniyang ama ng ilang segundo saka tinaas ang camera na hawak niya.

“Anak pwede ba tayong mag-usap?” ani Victor.

Lumingon si Cassey kay Maureen. Nakuha nito agad ang ibig niyang sabihin at bumaba na ng hagdan.

Nanginginig na isinara ni Cassey ang pinto.

“Gusto niyo po ba akong sumama sa event niyo? Pwede po ako ngayon, sasamahan ko kayo kung...” Napatigil siya sa pagsasalita ng makita ang hawak ng dad niya na picture.

“Saan mo to nakuha?” malumanay na tanong ni Vic.

Lumapit sa kaniya ang dalaga at hinila ang upoan ng computer desk niya.

“Yan po, nakita ko sa....sa may,...sa may bodega.” sagot niya sabay upo.

“Doon po sa mga sirang maleta.” dagdag pa niya.

Tumitig sa kaniyang mukha ang dad niya. Alam niyang binabasa nito kung nagsasabi ba siya ng totoo.

Inabot sa kaniya ni Victor ang picture ng mag-asawa at tumayo na ito.

“Itago mo, mga kaibigan ko sila.” bigkas nito sa malungkot na tono ng boses.

Dumaan sa kaniyang harapan ang dad niya at tuluyan ng lumabas ng kwarto.

Natigilan si Cassey. Lalo pa siyang nagulohan sa mga pangyayari.

Kung kaibigan ni Dad sina Isidro at Helen, hindi kaya kilala din niya si Ishi?

Marami siyang tanong, pero hindi niya pwedeng ipaalam ito sa mga magulang niya.

Makakatulong sa kaniya na nalaman niya na magkakilala ang mga posibleng mga magulang ni Ishi at Dad niya.

Hindi mapakali si Victor. Alam niyang hindi nagsasabi ng totoo ang anak. Pero bakit nito kailangang itago sa kaniya ang totoo tungkol sa pinanggalingan ng picture na iyon.

Masama ang kutob niya, hindi niya akalaing patuloy siyang guguluhin ng kaniyang nakaraan. Sa pagkakataong ito, paano kung posible pang madamay ang anak sa gulong pinasukan niya. Kailangan niyang malaman ang totoo, pero kahit pilitin man niya, alam niyang hindi siya sasagotin ni Cassey ng purong katotohanan.

Matapos kumatok ng dalawang beses ay pumasok na sa kawarto ni Cassey si Maureen.

“Bes, nakasalubong ko dad mo. Parang malungkot, ano namang ginawa mo?” bungad niya.

“Ikaw talaga. Wala, nag-usap lang kami tungkol sa pagkawala ko.” aniya.

“Ikaw naman kasi, pasaway ka. Dinamay mo pa kami.” biro nito.

“Hoy, bakit sinabi ko bang samahan niyo ako. Sabi ko naman sa inyo kaya kung mag-isa eh.” pabiro din niyang sagot.

“Ah ganon. Ganyanan.” sabay dampot ni Maureen ng unan para ihampas sa kaniya. Gumanti siya at masayang naghampasan ang dalawa hanggang sa nahubaran na ang unan.

# KABANATA 10

Nagkita na naman magkakaibigan sa paborito nilang coffee shop. Ilang araw naring naghahanap sa social media si Cassey ng mga pangalan na Isidro at Helen Ibañez. Talagang mahirap silang matunton.

Napabuntong hininga ang dalaga. Labag man sa loob niya ay kailangan niya ng tulong mula sa mga kaibigan para makombinse si Ishi na bumaba sa lungsod.

Hindi ito ganon kadali lalo na at ngayon niya lang sasabihin sa kanila ang totoo. Sa totoo lang kahit matagal na silang magkakaibigan, hindi niya pa rin alam kung paano sila tutugon.

Napansin ng mga kaibigan niya ang kanina pa niya pananahimik.

"Cassey." tawag pansin ni Bob.

"Cassey!" malakas na bigkas ni Paul.

Napaangat ng mukha ang dalaga at inikot niya ng tingin ang kaniyang mga kaibigan.

"Bes may problema ka ba? Kanina ka pa ganiyan." dagdag ni Maureen.

"Wala to." aniya sabay ngiti.

"Anong wala. Parang kanina lang tayo nagkakilala ah." reaksiyon ni Alfred.

Natigilan siya, tama ang mga kaibigan niya. Wala siyang pwedeng itago sa kanila.

Muli niya silang inikot ng tingin.

"Guys sana strong pa rin friendship natin pagkatapos kong sabihin to..."

Napako sa kaniya ang mata ng lahat.

"I lied."

"I lied about sa sinabi kong kailangan ko ang info about ISHI para sa article na isusulat ko." pag-amin niya.

"So ano ang totoo?" tanong ni Maureen.

"Spit it out. Mauunawaan ka namin." dugtong naman ni Alfred.

"Di ko alam kung pano ko sisimulan to pero, mahirap man paniwalaan nagsimula to bago ko pa kayo nakilala, except kay Maureen of course."

"Sige lang...makikinig kami." pagtitiyak ni Paul.

Humugot siya ng malalim na hininga bago niya kinwento ang tungkol sa nakita niyang picture nong bata pa siya. Hanggang sa nagkakilala sila at nagsimulang sumama sa mga hiking. Hanggang sa inakyat na nila ang Puting Bato at nawala siya at nakilala niya ang

mismong nasa picture. Kaya ngayon hinahanap niya ang nga magulang nito para malaman niya kung sino itong talaga.

“Ibig mong sabihin matagal mo ng ginagawa tong pag-iimbestiga mo ng hindi namin alam?” reaksiyon ni Alfred matapos siyang magkwento.

Tumango si Cassey.

“OMG bes, sana sinabi mo sa amin para natulungan ka namin sa rescue mission mo.” ani Maureen.

“Tama si Maureen, buhay na ng isang tao ang pinag-uusapan dito. Ready kaming tumulong sa’yo.” dagdag naman ni Bob.

Nakahinga ng maluwag si Cassey.

“Guys salamat sa inyo ha, I mean somehow nakatulong na naman kayo sa akin, pero this time mas kailangan ko tulong niyo.”

“Ano maitutulong namin sa’yo.” tanong ni Bob.

“Gusto ko sanang kunin si Ishi sa bundok.” sagot niya.

Biglang natahimik silang lahat. Kaniya-kaniya silang yuko ng ulo.

“Guys akala ko ba?”

Si Alfred na ang sumagot.

“Cassey,…medyo mahirap yang gusto mong gawin. Alam mo naman ang nangyari sa’yo ng nagpunta tayo don.”

“Pero….”

“Ano kaya kung humingi na tayo ng tulong sa mga pulis, sa daddy ni Maureen?” mungkahi ni Paul.

“Hindi pwede.” mabilis na alma ni Cassey.

“Bakit naman?” halos sabay nilang tugon.

“Kapag ginawa natin yon, mahihirapan na tayong mahanap kung sino ang gumawa nito sa kaniya. Isipin niyo, kung totoo na anak siya ng isang mayamang businessman, hindi kaya nakidnap siya kaya siya napunta doon sa bundok?” katwiran ni Cassey.

“May point siya guys.” sang-ayon ni Alfred. “Kapag nagpatulong tayo sa mga pulis na kunin siya, makukuha natin siya at mahahanap natin agad ang parents niya, pero hindi naman niya makukuha ang justice sa mga panahong nasayang sa buhay niya.” dugtong pa ni Alfred.

“Kaya ang kailangan natin ay ibedensiya na magtuturo sa gumawa nito sa kaniya.” bigkas ni Cassey.

Madali lang sabihin pero nahirapan silang lahat mag-isip kung paano ito gagawin gayong hindi sila pwedeng umakyat ulit sa bundok.

Nagpasya ang lima na sa bahay na lang nila iisipin ang mga susunod na mga gagawin.

Lingid sa kanilang kaalaman, kanina pa nakamasid sa malayo si Victor mula sa kaniyang kotse. Sigurado siyang may tinatago ang mga kabataang ito sa kaniya. Lalong-lalo na ang kaniyang anak. Mula ng makita niya ang picture ni Sid at Helen sa bag ng anak hindi na pinatulog nito sa kakaisip. Kailangan niyang ayosin ito sa paraang alam niyang makabubuti sa lahat.

Sinamahan ni Cassey na mamalengke ang kaniyang mom. Pagkatapos bumili ng mga gulay ay dumiretso ang mag-ina sa wet market para bumili ng isda at karne.

Namimili sila ng isda ng mapadako ang tingin ni Cassey sa isang bata. Inisip niya agad kung saan niya nakita ang pamilyar na mukha nito.

*Si Panoy...*

Hinabol niya ng tingin ang bata. Kasama nito ang kaniyang nanay.

“Mom, C.R. lang po ako ha.” paalam niya. Tumango si Alyssa.

Agad na hinagilap ni Cassey ang bata. Namimili ang nanay nito ng mga luya at bawang.

“Hi po. Naaalala niyo pa po ako?” bati ng dalaga. Bahagyang nagulat ang ginang at napalingon sa kaniya. Tumitig lang ito sa kaniya.

“Hi Ate.” bati naman ni Panoy.

“Hello Panoy,..kumusta ka naman?” malambing niyang tugon.

Napansin niya ang sumilip na ngiti mula sa labi ni Ising.

“Pasensiya ka na iha kung hindi kita agad nakilala.” anang ginang.

“Ok lang po. Pwede ko po mahiram saglit si Panoy? Bibilhan ko lang siya ng tinapay at chocolates.” paalaam niya rito. Tumingin muna si Ising sa reaksiyon ng anak bago ito sumagot.

“May magagawa ba ako eh halata namang gustong-gusto ng anak kong sumama sa’yo.” anito matapos makita ang kagalakan sa mata ng anak niya.

Hinawakan niya ang kamay ng bata.

“Salamat po ha, promise ibabalik ko rin po siya mamaya.” aniya.

“Salamat din iha. Magkita na lang tayo sa sakayan ng habal-habal.”

“Ok po.” nakangiti niyang tugon.

Dinala niya sa isang bakery ang bata at binilhan ng tinapay at softdrinks.

Pagkaupo ng dalawa ay agad niya itong kinausap sa totoong pakay niya.

“Nasa inyo lang ba ang tito mo?” tanong niya.

“Opo. Hindi naman po siya masyadong pumupunta kung saan-saan.” sagot naman ng bata habang puno ang bibig.

“May ipapagawa ang ate sa’yo pero secret lang natin to ha? Wag mo sabihin sa mama at papa mo ha.” pabulong niyang bigkas.

Inosenteng tumango si Panoy tanda ng pagsang-ayon.

“Pagdating niyo sa inyo sabihin mo kay Tito mo na itext niya ako sa number na ‘to. Text lang kamo ha, wag tawag.” aniya sabay abot ng kaniyang contact card.

Panay naman ang tango ng bata at halatang nakikinig naman itong mabuti.

“Tapos sabihin mo gusto ko siyang makausap ng personal.” bilin pa niya.

Nang makatapos na sa pagkain ang bata ay binilhan niya pa ito ng mababaon nitong tinapay. Dumaan din sila saglit sa isang convenience store para bilhan si Panoy ng pinangako niyang chocolates.

Hinatid niya ito sa sakayan ng habal-habal kung saan nakapila ang mga motorsiklo paakyat ng bundok. Naghihintay na doon ang ginang bitbit ang mga pinamili niya.

Pabalik na si Cassey sa wet market ng magring ang kaniyang cellphone. Ang mommy niya ang tumatawag.

“Anak saan ka na,..andito na ko sa pinagparkingan natin.”

“Papunta na ako diyan mom. Sorry po, may dinaanan lang.”

Huminga ng malalim si Cassey at naglakad na papunta sa kotse nila.

Dalangin niya na sana ay maging maayos ang lahat at kontakin siya ni Elmer para makausap niya ito. Balak niyang ito na ang pakiusapan niya na magpunta kay Ishi at kombinsihen ito na bumaba na ng siyudad.

*Konti na lang Ishi, makikita din natin mga parents mo.*

# KABANATA 11

Hindi pa rin makapaniwala si Konsehal Elmer na makakatanggap siya ng imbitasyon mula sa anak ng tinuturing niyang kaaway. Alam kaya ng anak ni Victor ang mga ginawa ng sariling ama? Nakatitig pa rin siya sa inabot sa kaniya ng pamangkin na contact card.

*Victor hindi ko alam kung kasama ito sa mga plano mong pabagsakin ako, pero sigurado akong hindi ako ang unang tutukod ang mga kamay sa lupa.*

Tahimik siyang napangiti. Kinuha niya ang kaniyang cellphone na niluma na ng panahon. May tali na itong goma dahil sa paglobo bahagya ng battery nito. Dahan-dahan niyang tinipa sa keypad ang mga nais niyang iparating kay Cassey para paunlakan ang imbitasyon nito.

"Hindi ko alam kung ano ang dahilan pero pagbibigyan kita. Ikaw na ang magsabi kung saan tayo magkikita, pupunta ako. Hihintayin ko ang sagot mo."

Madiin niyang pinindot ang send button.

Nagsisipilyo si Cassey ng magring ang cellphone niya. Hindi nakaphonebook ang sender.

Agad niya itong binasa.

Napangiti siya sa tuwa. Sa wakas may magagawa na rin siya para kay Ishi.

Agad siyang sumagot kung saan sila magkikita. Sa isang kapehan sa palengke.

Tumunog uli ang cellphone niya. Pumayag ito sa binigay niyang lokasyon.

Napansin ni Victor ang kakaibang kinikilos ng anak.

Sinundan niya si Cassey nang umalis ito ng sobrang aga para mamalengke gayong kagagaling lang nila doon ni Alyssa.

Mula sa malayo ay sinundan niya ng tingin ang anak.

Nanlaki ang mga mata ni Victor ng makita kung sino ang kinatagpo ng anak niya. Walang iba kundi si Konsehal Elmer.

Agad siyang bumaba sa kotse para lapitan ang dalawa pero bigla siyang huminto ng makitang wala namang tensiyon sa pagitan ng anak niya at ni Elmer. Mukhang maayos naman ang kanilang pag-uusap. Bagaman hindi pa rin niya maiwasang mag-alala.

"Madalas po ba kayo sa kapehan na ito konsehal?" usisa ni Cassey.

"Bakit mo naitanong?" nagtataka niyang tugon.

"Sa dami po kasi ng kapehan dito sa palengke dito po kayo agad dumiretso." sagot ng dalaga.

Napahagikhik siya.

“Hindi naman, gusto ko lang ang pwesto na ito dahil kita ko ang mga dumaraan na mga tao mula sa iba’t-ibang direksiyon.” katwiran niya.

“Bakit po. May iniiwasan po ba kayong makita?”

Napatitig siya sa mukha ni Cassey. Pilit niyang hinuhulaan kung may sabwatan ba ang mag-ama para hulihin siya sa sarili niyang bibig.

“Ah wala naman, minsan lang kasi nakakababa kaya gusto ko makita ang mga mukha ng bawat dumaraan baka lang may kakilala ako.” aniya.

“Naintindihan ko na po.” nakangiting tugon ni Cassey.

“Pag-usapan na natin yong gusto mong sabihin sa akin.”

Ramdam ni Cassey ang pag-iba ng timpla ng hangin.

“Magpapatulong po sana ako para kunin ang isang kabataan sa Puting Bato.” bigkas ni Cassey sa totoo niyang pakay.

Natigilan si Elmer sa narinig.

“Kabataan sa Puting Bato? Pwede mo bang liwanagin?”

“Pag-akyat ko po kasi nong araw na kukunin ka sana naming guide, may nakilala akong kabataang lalaki sa taas ng bundok. Ang sabi niya sa akin hindi niya raw alam kung bakit siya nandoon. Kaya tutulungan ko siyang makababa dito at mahanap mga magulang niya.” salaysay ni Cassey.

Napako at nanigas ang katawan ni Elmer sa kinauupoan niya.

*Kabataang lalaki sa Puting Bato, hindi kaya.....*

“Sigurado ka ba sa nakita mo? Hindi kaya minumulto ka lang.” paninigurado niya.

“Opo. Pinakain pa nga po niya ako at may binigay siya sa akin na picture ng mga posibleng parents niya.”

“Nasa’yo ba yong picture, dala mo ba ngayon?” kabado niyang usisa.

“Hindi po eh. Nasa isa kong bag.”

Nahahalata na ni Cassey na hindi lang basta interesado ang konsehal sa sinasabi niya kundi may halo itong kaba.

“Sige. Akong bahala ha. Pag-uwi ko mamaya aakyat agad ako don tapos,....dadalhin ko siya sa’yo.” nanginginig nitong bigkas. “Alis na ako.” paalam nito at nagmamadaling tumayo at umalis.

Naiwang nagtataka ang dalaga. Hindi na tuloy niya alam kung dapat ba niyang pagkatiwalaan si Konsehal Elmer.

Samantalang nagpunta naman sa shop ng nanay ni Alfred si Victor. Nang makita siya ni Alfred ay hindi nito maiwasang mabahala. Hindi siya ang tipo ng taong sasadyain ni Victor para lang sa ordinaryong pag-uusap.

“Ano po yun tito?” usisa agad ni Alfred.

Sinenyasan siya ni Victor na sumunod sa kaniya.

Dinala siya ni Victor sa loob ng kotse nito.

“Alfred, sabihin mo nga sa akin, may tinatago ba kayong magkakaibigan ng anak ko na hindi namin alam?” diretsahang tanong ni Victor pagkaupo nila sa front seat.

Natahimik ang binata. Alam niyang gusto lang na protektahan ni Victor ang kaniyang nag-iisang anak. Wala na siyang magagawa kundi ang sabihin dito ang alam niya.

“Wag po sana kayong magalit sa anak po ninyo. Ang sabi kasi ni Cassey sa amin may…”

“May ano?”

“May gusto po siyang iligtas na lalaki sa bundok na inakyat namin.”

Biglang pumasok sa isipan niya ang dahilan kung bakit ang anak niya ay nakipagkita kay Elmer.

“Kaya ba siya nakipagkita ngayon sa isang konsehal don?” tanong niya.

“Huh..di ko po alam. Ang usapan kasi namin magtutulungan kami, iisipin muna namin kung paano.” gulat niyang katwiran.

Pinagtagpi-tagpi ni Victor ang mga nangyayari. Ang nakita niyang picture sa bag ng anak at ang pakikipagkita nito kay Elmer.

“Alfred…”

“Po?”

“Sino tong lalaki na ililigtas niyo sa bundok?”

“Ang sabi lang po ni Cassey teenager pa yong lalaki at may binigay sa kaniya na picture at ang pangalan daw…ay Ishi.” ani Alfred na pilit pinapakalma ang boses.

Nabulabog ang mga daga sa dibdib ni Victor. Para siyang sinilaban at pinagpawisan siya ng husto. Hindi niya alam kung tama ang iniisip niyang posibleng nangyayari, pero ang alam niya lang ay kailangan niyang maunahan si Konsehal Elmer sa plano nito.

“Alfred, samahan mo ako, may pupuntahan tayo.” nangangatal ang boses na bigkas ni Victor.

Hindi pa makauwi si Elmer, sinusuyod nito ang daan papunta sa hindi niya malamang direksiyon. Saglit itong nawala sa katinoan dahil sa mga nalaman niya. Biglang bumabalik sa kaniyang isipan ang mga ginawa niya.

Sabihin man niyang hindi niya sinasadya na gawin ang mga iyon ay nangyari na ang mga dapat mangyari. Naririnig pa niya ng malinaw sa kaniyang isipan ang mga pagsabog at sigawan ng mga tao sa minahan. Ang hindi niya lang matanggap ay kung paanong nabuhay ang bata.

“Victor,...Victor....isasama kita sa hukay ko. Hindi ako papayag na ako lang ang mababaon. Tama,...isasama kita.” bulong niya sa gigil na boses.

Napapakapit naman sa inuupoan niya si Alfred sa bilis ng takbo ng sasakyan ni Victor. Habang lumalayo sila ay lalong nagiging malinaw sa kaniya kung saan sila papunta.

Sa Puting Bato Forest Reserve.

# KABANATA 12

Tahimik na sinusundan ni Alfred ang mga hakbang ni Victor. Namangha siya sa kakayahan nito na alamin ang daan paaakyat sa bundok. Ni minsan ay hindi man lang ito nag-alinlangan at nagtanong sa kaniya. Dire-diretso ang lakad nito hanggang sa nakarating sila sa ilog ay umahon ito papasok sa masukal na parte ng kagubatan.

“Tito sandali.” awat niya dito. Hindi ito lumingon pero alam niyang narinig nito ang tawag niya. Palakad-lakad ito sa harap niya na may kung anong hinahanap.

“Kabisado niyo po ba rito? Baka kasi...” natigilan siya ng huminto ito sa paghawi sa mga halaman at damo. Lumuhod ito at nagbunot ng damo sa harap niya.

“Alfred halika.” tawag sa kaniya. Dahan-dahan siyang lumapit sa kinaroroonan ni Victor.

Yumuko ang binata para mas malinaw niya itong makita.

“Ano po yan?”

“ Isa ito sa mga marka ni binaon namin dito para malaman namin kung hanggang saan kami magmimina.” paliwanag ni Victor.

Natigilan si Alfred.

Tumayo si Victor at nagtungo sa ilog para hugasan ang kamay niya.

“Ibig niyo pong sabihin,...kasama po kayo sa mga nagmina dito dati?” tanong ni Alfred ng makalapit na ito mula sa ilog.

“Tama ka. Ibig sabihin lang niyan malapit na tayo sa tunnel na ginawa namin. Ihanda mo na ang flashlight natin.” sagot nito at pinakukuha sa kaniya ang mga flashlight sa bag nito na pinadala sa kaniya.

Sinuyod nila ang pangpang habang kita nila sa baba ang agos ng ilog. Biglang huminto si Victor sa paglalakad. Biglang sumagi sa kaniyang isipan ang mga pangyayari noon. Para itong lumang pelikulang pinapalabas ng kusa sa kaniyang isipan.

“Bakit po?” nagugulohang usisa ng binata.

“Wala, tara na.” at nagpatuloy sila sa paglalakad.

Paglipas ng ilang minuto pang paglalakad, nakarating sila sa sa isang tunnel na halos natabonan na ng lupa ang kalahati nito.

Pinagana ni Victor ang flashlight na hawak niya. Inikot ng liwanag ang butas ng tunnel habang sinisilip niya ang loob nito.

*Andito siya...*

Alam niyang nasa paligid lang ang kanilang sadya. Wala man lang kung anong damong tumubo sa pasokan ng tunnel at wala man lang kahit isang gagamba ang nakagawa ng sapot dito na nagpapakita lang na madalas itong daanan.

“Alam ko na nakikita mo kami.” biglang salita ni Victor na ikinagulat ni Alfred. Nakaramdam ng takot si Alfred at inikot ng tingin ang paligid.

“Ako si Victor Vasco. Ako ang tatay ni Cassey. Nandito kami para kunin ka.” dugtong pa ni Victor.

Biglang lumabas sa tunnel ang sadya nila. Nakasuot ito ng kulay dilaw na coverall. Kasama nito ang isang malaking aso na sa pagtataya niya ay isang Leonberger na breed.

“Ang laking aso naman niyan,...” nasambit ni Alfred.

“Leonberger yan, may ganiyang aso ang kaibigan ko.” sagot ni Victor na ang tinutukoy ay sina Sid at Helen.

“Ikaw ba si Ishi?” marahang tanong ni Victor sa nagpakitang binata.

“Ako nga.” anito.

Napaluha si Victor sa saya. Hindi niya akalaing ang batang akala niyang patay na ay nandito sa kaniyang harapan at kasama pa nito ang alaga nitong aso. Naalala pa niya nang unang dumating ang bata sa minahan at dala ang isang aso na wala pang isang taon ang edad. Tuta pa ito kung tutuosin pero dahil sa laki ng uri nito ay halos kasinlaki na ito ng mga Aspin.

Nagulat si Ishi sa naging reaksiyon ni Victor. Lumuluha itong humakbang papalapit sa kanila ni Az.

Hinihintay niyang atakihin ito ng aso niya pero hindi man lang kumilos si Az.

Nanatili lang ang aso sa gilid niya.

Lumapit pa si Victor hanggang sa huminto ito at dahan-dahang itinaas nito ang kaniyang kamay para hawakan siya sa braso. Wala ng nagawa ang binata kundi hayaan itong humawak sa kaniya. May kurot sa puso niyang tinitigan ang bawat pagtulo ng luha sa mga mata ni Victor.

“Patawarin mo ako Sidie.” nauutal na bigkas ni Vicor sa harap niya habang patuloy sa pagpatak ang luha nito sa kaniyang braso.

“Sidie ang tunay mong pangalan. Kaibigan ko ang ama mo.” patuloy ni Vic.

Hindi na rin napigilan ni Ishi ang sarili. Bigla na lang tumulo ang kaniyang mga luha.

“Kung kaibigan mo ang mga magulang ko,...nasaan sila? Bakit hindi nila ako binalikan? Bakit ngayon ka lang pumunta dito.” Maraming tanong ang binata sa sarili niya na nais niyang sagotin ni Victor.

“Akala namin patay ka na,.....nakita kong inanod ka ng malakas na agos ng baha sa ilog kasama ang aso mo. Maniwala ka hinanap ka namin, pero hindi ka namin nakita kaya inakala naming patay ka na.”

“Nasaan sila? Gusto ko silang makita.”

“Sumama ka sa akin sa siyudad. Kokontakin natin ang mga magulang mo.” mariing bigkas ni Victor.

“Sasama ako kung kasama din si Az.” tugon naman ng binata.

“Oo naman. Kasama siya.” nakangiting sagot ni Vic.

“Tara?” muling aya ni Vic.

Bilang sagot ay tumango si Ishi.

Pagdating ni Elmer sa bahay niya ay agad niyang hinanap ang kaniyang itinagong baril.

Hinalungkat niya ang kaniyang gamit sa mga maalikabok na kahon. Hanggang sa nahanap niya ang isang kalibre trienta’y singko.

Inikot muna niya ng tingin ang paligid bago siya umalis para puntahan ang binatang binanggit sa kaniya ni Cassey.

Kung hindi siya nagkakamali ay dapat na patay na ito. Ngayong nalaman niyang buhay pa rin ang binata ay kailangan niya itong iligpit para sa kaniyang katahimikan.

Dumating siya sa dating minahan ng magdapit-hapon na. Palubog na ang araw at ang natatakpan na ng matatayog na bundok ang sinag nito.

Maingat siya sa kaniyang bawat hakbang at baka bigla na naman siyang sunggaban ng halimaw na kinakatakotan niya.

Makalipas ang halos isang oras na maingat na hakbang ay wala siyang naramdamang panganib. Kaya minarapat niyang bilisan ang kaniyang mga hakbang sa mga tuyong dahon.

Nakarating siya sa isang tunnel. Agad niya itong pinasok dala ang maliit na flashlight. Malinis ito maliban sa basang sahig dahil sa naipong tubig-ulan. Halos pagapang siyang umaabante sa loob.

Dinala siya ng tunnel sa isang kweba ng marmol. Nakita niya roon ang mga ginawa ni Ishi. Mga hindi pa tapos na mga pigurin ng dalawang tao. Mga nagkalat na balat ng saging at

biniyak na mga buko. Patakbo niyang hinalughog ang kasulok-sulokan ng kweba ngunit ni anino ng hinahanap ay hindi niya makita.

Sa galit ang dalawang pigurin ang pinagbalingan niya. Pinagbabaril niya ang ulo ng mga ito.

Abala sa pagtapos sa kaniyang sinusulat si Cassey nang biglang magring ang cellphone niya. Agad niya itong dinampot nang makita kung sino ang tumawag.

“Hello Konsehal?” bungad niya.

“Sigurado ka ba na nandito pa yong binatang sinasabi mo?” galit ang tono nitong sagot sa kaniya.

“Opo.”

“Galing ako doon ngayon, napasok ko yong lungga niya pero wala na siya doon. O baka naman umalis na dahil nainip kakahintay sa’yo.”

Kinabahan ng husto si Cassey.

“Imposible pong umalis siya. Hindi siya aalis dahil alam niyang babalik ako.” katwiran niya.

“May iba pa bang nakaka-alam tungkol sa kaniya? Sigurado ako na kung hindi siya umalis, may kumuha sa kaniya. Naunahan na tayo.” mariing bigkas nito.

Naisip ni Cassey ang mga kaibigan niya. Pero alam niyang hindi nila ito magagawa.

“Sige po konsehal. Magtatanong ako sa mga kaibigan ko kung isa sa kanila ang kumuha sa kaniya.” aniya.

“Sige, tawagan mo ako agad kapag may nakuha kang impormasyon.” sagot ng kabilang linya.

Narinig ni Victor ang usapan ni Elmer at ng anak niya mula sa likod ng pinto ng kwarto ni Cassey. Gaya ng inaasahan niya, hindi papayag si Elmer na hindi makuha si Sidie lalo na ngayon at alam niyang buhay pa ang bata. Gagawin niya ang lahat ng magagawa niya para tiyaking ligtas ang anak ng kaibigan.

Pansamantala ay umupa siya ng isang kwarto sa isang Inn para dito. Dadalhan na lamang niya ito ng pagkain habang sinusubokan pa niyang kontakin si Sid at Helen.

Hindi ito madali sapagkat pinutol na ni Sid ang komunikasyon nito sa kaniya ng dahil sa trahedyang iyon. Sa kabila ng lahat alam niyang maibabalik pa niya ang mabuting ugnayan nila ng kaibigan at si Sidie ang susi niya para mangyari ito.

# KABANATA 13

Hindi makatulog si Cassey ng gabing iyon. Hindi niya mapigilang maluha sa kakaisip kay Ishi. Hindi siya matatahimik hangga´t hindi niya ito nakikita. Nagdesisyon siyang bumangon at inihanda ang kaniyang mga gamit para sa maaga niyang biyahe kinabukasan. Para puntahan si Ishi.

6:00 a.m....

Maaga pa ay palihim ng umalis si Cassey papunta sa terminal ng habal-habal. Sumakay siya rito at nagpahatid sa bundok.

Pagkababa ay mag-isa niyang tinahak ang daan paakyat. Mabilis ang kaniyang mga hakbang, hindi inaalintana ang malamig na ihip ng hangin at mga damo na humaharang sa bawat hakbang niya.

Hanggang sa makarating siya sa lugar kung saan sila huling nagkita. Inikot niya ng tingin ang paligid habang ang isa niyang kamay ay itinukod niya sa isang puno para ipahinga ang pagod niyang katawan.

“Isihi!! Ishi!!” pasigaw niyang bigkas. Umalingaw-ngaw ang boses niya sa kagubatan.

“Ishi nandito ako. Saan ka na?”

Hindi niya maintindihan kung para saan ang mga luhang kusang dumadaloy sa kaniyang pisngi. Tagos sa puso niya ang sakit na nararamdaman.

“Ishi....” nanghihina na niyang bigkas na may kasama ng hagulhol.

Binisita naman ni Victor si Ishi sa inupahan niyang kwarto para dito. Balak niya itong kausapin tungkol sa totoong nangyari ng araw bago siya nawala. Dala na rin ni Victor ang mga pinangako niyang damit para kay Sidie.

Kumatok muna siya ng dalawang beses bago pinihit ang door knob at saka pumasok.

Nakahiga si Ishi sa kama ng pumasok siya. Una niyang napansin ang pinadeliver niyang pagkain mula sa isang fastfood. Nagkalat ang pinagkainan ng binata sa mesa. Nagkalat ang mga disposable na mga lagayan ng pagkain hanggang sa sahig ng kwarto. Yumuko siya para pulutin ang mga ito at ilagay sa iisang plastic. Nakahiga lang sa baba ng kama ang aso nitong si Az.

Bumangon si Ishi mula sa pagkakahiga at umupo sa gilid ng kama. Tumayo si Victor matapos imisin lahat ng kalat at lumingon sa binata.

Muntikan na niyang mabitawan ang mga dala ng makitang puno ng dugo ang mukha at damit nito.

Agad niyang inilapag sa mesa ang mga dala at lumapit kay Ishi.

“Anong nangyari?” kinakabahan niyang usisa at sinalat ang dugoang pisngi ni Ishi. Pinagmasdan niyang mabuti ang mga dugo sa mukha at damit nito. Hanggang sa mapansin niya ang mga nagkalat na sachet ng tomato sauce at ketchup sa kama. Nakahinga siya ng maluwag ng nalaman niyang ketchup lamang ang mga ito.

“Akala ko kung ano ng nangyari sa’yo. May dala akong mga damit, maligo ka muna.” aniya sabay dampot sa towel na nakapatong sa lampshade at iniabot ito sa binata.

“Salamat po pala sa pagkain.” sambit ni Ishi.

Napangiti si Victor.

“Walang anuman. Sige na, maglinis ka muna ng sarili mo.” tugon niya.

Tumayo si Ishi at nagtungo na sa C.R. Huminto ito saglit at lumingon sa kaniya bago tinulak ang pinto ng banyo.

“Ganon po ba talaga pagkain dito, may kasamang papel. Hindi ba masama sa tiyan kapag kinain niyo ang kanin na may papel?” tanong nito. Biglang sumagi sa isip ni Victor ang papel na pinambabalot sa kanin.

“Ibig mong sabihin, kinain mo pati ang papel?” agad niyang usisa.

Tumango si Ishi.

“Hindi po ba dapat?....” inosente nitong tanong.

Gusto niyang matawa pero naisip niyang nakalimotan niyang sa bundok nga pala ito namalagi ng matagal na panahon. Ang nasa isip pa rin niya ay ang batang masigla na madalas na isama ni Sid sa mga biyahe at kainan sa labas.

“Hindi. Pasensiya ka na kung hindi na kita nasabihan. Ginagamit lang yong papel pambalot sa kanin para hindi ito kumalat sa lagayan kapag naalog sa biyahe.” paliwanag niya.

“Hayaan niyo na po, nakain ko na eh.” anito at saglit na ngumiti bago tuluyang pumasok sa banyo.

Nakaramdam ng awa sa binata si Victor. Hindi na nga ito ang batang nakilala niya noon. Lahat ng kaniyang magagandang alaala ay binura na ng trahedya.

Lumabas muna si Victor para puntahan ang isa sa mga staff ng Inn.

Nakasalubong niya ang ang isa sa mga ito sa pasilyo.

“Good morning sir.” bati nito sa kaniya.

“Bryan tama?”

“Opo sir.” magalang nitong sagot.

“Kumusta naman yong pamangkin ko dito?”

“Ah eh wag po sana ninyong mamasamain, pero taga bundok po ba yong pamangkin niyo?” tanong ni Bryan.

“Bakit anong nangyari?” tanong na lamang niya para hindi naman masyadong mababa ang maging tingin ng staff kay Ishi.

“Yong C.R. po kasi kagabi sir, nagbara dahil sa kung anong mga pinaglalagay niya. Parang pinaglaroan niya po yong bowl sir.” anito na medyo alangan pa sa mga sasabihin niya.

“Pagpasensiyahan mo na. Ang totoo niyan nagka-amnesya kasi siya kaya di niya alam ang mga ginagawa niya.” malungkot ang tono na tapat ni Victor.

“Kaya po pala. Hayaan niyo sir ako bahala diyan sa pamangkin mo.”

“Salamat Bryan. Basta yong pinag-usapan natin ha. Walang dapat makaalam na nandito yang batang yan.” pakiusap ni Victor. Pinakiusapan na niya ito nang araw na dalhin niya si Ishi na sikreto lang ang lahat ng tungkol sa binata.

“Ah opo sir. Ako po bahala. May kailangan po ba kayo?”

“Ah oo, nadumihan kasi yong bed sheet niya at mga unan.”

“Ah sige po, tatawagin ko yong Utility namin.” anito. Tinapik ni Victor ang balikat nito. Agad naman itong umalis para maasikaso na ang hiling niya.

Bumalik si Victor sa kwarto ni Ishi nang matanaw niya ang magpapalit ng higaan ng binata.

Natapos itong magpalit bago pa man makalabas ng banyo si Ishi.

Umupo si Sidie sa kama matapos itong magbihis.

“Sidie, pasensiya ka na kung nahihirapan pa akong makontak ang mga magulang mo. Ang totoo kasi niyan galit sila sa akin.” pagtatapat niya.

“Bakit po sila galit sa inyo?”

“Nong gabing nawala ka nagtatalo kami ng Daddy mo dahil sa hindi niya pagsunod sa kontrata ng hatian sa kita ng minahan at pasahod sa mga minero. Bago pa man mauwi sa away ang pagtatalo namin, biglang sumabog ang mga explosives ng minahan. Nagkagulo ang lahat at inihabilin ka sa akin ng daddy mo para mauna ng tumakas at babalikan pa niya ang

mga importanteng dokumento. Pero....” hindi niya halos maituloy ang sasabihin dahil sa bigat nito sa kaniyang dibdib. Ito ang matagal niyang inilihim sa lahat, maging sa kaniyang asawa.

“Ano pong nangyari sa akin?”

“Hawak ko ang kamay mo at kalong ko naman si Az habang tumatakbo tayo kahit pa umuulan ng malakas. Palayo na tayo sa minahan ng biglang nakawala si Az sa pagkakahawak ko at tumakbo palayo. Nabitawan kita ng pilitin mong habolin si Az. Hanggang sa nadulas ka kasama si Az at nahulog sa ilog. Akala namin inanod ka na ng baha. Inikot namin ng daddy mo ang gilid ng ilog hanggang sa dagat pero hindi ka namin nakita kaya akala namin patay ka na.” maluha-luha niyang salaysay.

Napapikit ang binata, pilit niyang inaalala ang mga sinabi ni Victor. May iilang nagbabalik sa kaniyang alaala gaya ng pagkakagulo ng mga tao sa minahan matapos ang pagsabog.

Pero kahit anong pilit niya ay hindi niya maalaalang nahulog siya sa bangin matapos habolin ang aso niyang si Az.

Hinawakan ni Ishi ang ulo niya at piniga ang kaniyang makapal na buhok. Naiinis siya sa sarili at wala siyang maalala.

“Ahhhhhhhh.!!!” gigil niyang sigaw.

Niyakap siya ni Victor para awatin siya sa pananakit niya sa sarili. Pareho silang lumuluha dahil sa sugat ng kahapon.

# KABANATA 14

Paliko sa kanto ng bahay nila ang kotse na minamaneho ni Victor nang matanaw niya si Cassey na bumababa mula sa isang habal-habal mga ilang metro lang ang layo mula sa kanilang bahay. Tuluyan na itong pumasok sa gate nila na lugmok ang itsura.

Dire-diretso sa pagpasok sa bahay nila ang dalaga at agad na nagkulong sa kwarto.

Ipinasok na ni Victor ang kotse niya sa garahe.

Alam niya kung saan maa-aring nanggaling ang anak. Sigurado siyang nagpunta ito sa bundok matapos walang makita si Elmer doon.

Dahan-dahan siyang pumanhik sa kwarto ng anak. Tahimik niyang pinakinggan ang paghikbi nito. Di niya maiwasang makonsensiya sa ginawa niya sa anak pero alam niyang ito ang pinakamabuting gawin sa ngayon.

“Anak. Pwede ba tayong mag-usap?” salita niya sa labas.

Wala siyang balak na sabihin dito ang totoo pero sa paanoman ay alam niyang hindi niya kayang tiisin ang anak.

Kailangan niya lang malaman kung anong laman ng isip nito at kailangan pa nitong isama si Elmer sa pagtulong kay Ishi.

“Pasok po. Bukas yan.” sagot ni Cassey na pilit pinupunasan ang sariling luha.

Marahang itinulak ni Victor ang pinto at nagpakita sa anak.

“Kailangan mo ng kausap?” aniya habang nakasandal sa pinto.

Nakita niyang ngumiti ang anak kahit pa hindi nito natakpan ang lungkot sa kaniyang mukha.

“Dad,...” reaksiyon ni Cassey.

“Anak, kung ano man yan,...gusto kong malaman mo na, pwede mo akong kausapin. Nasa baba lang ako kung ready ka na.”

“Ok dad,...salamat po.” nakangiti nitong sabi.

Hindi na ipinilit ni Victor ang sarili niya. Agad niyang isinara ang pinto at bumaba na sa sala.

Samantalang naiwan si Cassey na nagugulohan pa rin sa mga nangyayari.

“Kung magkaibigan si Dad at ang parents ni Ishi, siguro alam niya kung paano sila kokontakin. Kaya lang....” bulong niya sa sarili.

Naisip niyang kailangan nga muna pala niyang mahanap kung nasaan na si Ishi. Ito na muna ang aasikasohin niya bago niya pasimpleng itatanong ito sa ama. Alam niyang ang pagtatanong dito ng basta-basta ay baka magdulot lang ng maling hinala. Hahanap na lang siya ng ibang pagkakataon.

Kinabukasan nagkita ang magkaibigan sa paborito nilang coffee shop. Hindi mapalagay si Alfred dahil kasama niya si Cassey. Hindi man lang niya magawang tingnan ito gaya ng dati.

"Anong meron at nagpatawag ka na naman ng emergency meeting?" bungad ni Maureen nang pumasok siya sa shop. Kompleto na silang lima nang dumating ito.

"May problema kasi tayo,..." pag-aamin ni Cassey.

"Ano?" sabay nilang usisa.

"Umakyat ako kahapon sa Puting Bato."

"Huh..!!" reaksiyon nilang lahat.

"Relax lang kayo, buhay ako oh. Ang problema nga lang, wala na don si Ishi." malungkot niyang balita. Napaiwas ng tingin si Alfred. Hindi niya akalaing malalaman ni Cassey ang nangyari kay Ishi.

"Nasaan na siya." tanong ni Alfred para itago ang pagkabala.

"Di ko nga alam eh. Siguro umalis na siya. Hindi na siguro siya makapaghintay pa."

"Magpapatulong ako kay Dad. Para mahanap natin siya kung sakaling nandito na siya sa city." boluntaryong sabi ni Maureen. Palibhasa mataas na ang posisyon ng daddy niyang Pulis.

"Kaso wala tayong picture niya. Ano ba itsura non?" tanong ni Paul.

Biglang nagrehistro sa isip ni Cassey ang maamo nitong itsura. Mahabang buhok na tinatalian nito ng baging. Matipunong katawan, ang gwapo nitong mukha at nakakatunaw na ngiti.

"Hoy!" basag ng mga kaibigan sa imahinasyon niya.

"Ah...basta, mahaba ang buhok niya. Nasa 5'.8" ang height niya. Sakto lang ang katawan, hindi mataba, hindi rin payat. Saka madalas siyang nakacoverall na color yellow." paglalarawan niya sa kanila.

"Sige tatandaan ko yang description mo girl. Babanggitin ko kay Dad, baka sakaling magawi siya sa Police Station." ani Maureen.

“Thank you so much guys ha. Magbalitaan na lang tayo sakaling makakita kayo ng pasok sa description ko.” pasalamat ni Cassey.

Hindi pa rin mapakali si Alfred. Pakiramdam niya napakalaki ng nagawa niyang kasalanan sa kaibigan. Sa tuwing mapapatingin sa kaniya si Cassey umiiwas na lang siya ng tingin.

Naghiwalay na ang magkaibigan. Sumama si Maureen kay Cassey. Samantalang ang tatlong lalaki ay magkasama ding namasyal sa kalapit na mall.

Biglang inakbayan ni Bob si Alfred at palihim na binulungan habang naglalakad sila sa Mall.

“Nakita ko yon.” ani Bob na nakangisi.

“Ang alin?” naguguluhang usisa ni Alfred.

“Hanggang ngayon ba, itatanggi mo pa ring may gusto ka kay Cassey? Obvious ka na masyado boy.” tukso ni Bob. Tinanggal ni Alfred ang braso ni Bob sa balikat niya.

“Pambihira ka, di ba sinabi ko na sa’yo na kapatid lang tingin ko sa kaniya.” katwiran niya.

“Oh ano na naman yan?” hindi mapigil na sali ni Paul sa usapan nila.

“Ito kasing kaibigan natin nahalata ko na umiiwas ng tingin kay Cassey. Sabi ko na nga ba, crush nito si Cassey eh.” panunukso pa ni Bob.

“Hindi ah. Ang tagal na nating magkaibigan, ngayon mo pa talaga nasabi yan.” tanggi ni Alfred.

“Eh bakit di ka makatingin sa kaniya ng diretso? Umamin ka na, wala namang masama kung may gusto ka sa kaniya. Malay mo may gusto rin siya sa’yo.” ani Bob sabay tulak sa balikat ng kaibigan.

“Itigil niyo na nga yan. Para kayong bata. Ano kayo highschool?” awat ni Paul.

Pilit namang tinatago ni Alfred ang ngiti niya. Sa totoo lang mas gusto pa niyang ito ang ang isipin ng mga kaibigan kesa sa maghinala sila na may ginagawa siyang kalokohan.

Pauwi na sila nang makita ni Cassey na lumabas mula sa garahe ang kotse nila na minamaneho ng Dad niya.

Pumasok siya sa bahay nila kasama si Maureen.

“Mom saan papunta si Daddy?” bati niya sa ina sabay halik sa pisngi nito.

“Ah, may aasikasohin lang daw sa opisina.” sagot ni Alyssa.

Hindi maganda ang kutob ni Cassey pero minabuti na lang niya na palipasin ito. Napapansin niya kasi ang madalas na pag-alis ng dad niya pagkauwi nito sa kanila galing sa trabaho. Dati-rati kasi ay sa bahay lang ito pagkauwi nilang mag-asawa.

Samantalang si Konsehal Elmer ay di pa rin mapalagay sa bahay niya. Sigurado siyang may kinakaman si Victor sa pagkawala ng binata. Ano man ang mangyari ay hindi siya papayag na maibalik sa mga magulang nito ang binata. Kung kailangan niyang halughugin ang buong siyudad nila gagawin niya mahanap lang si Ishi.

"Bes may problema ba?" basag ni Maureen sa katahimikan habang naglalakad sila ni Cassey para ihatid siya pauwi sa kanila.

Natauhan ang dalaga at saglit na ngumiti.

"Ah sorry, marami lang talaga akong iniisip." aniya.

"Wag kang mag-alala mahahanap din natin si Ishi."

"Sana nga." napabuntong-hininga niyang sambit.

Hanggang sa mapadaan sila sa tapat ng isang Inn at nakita ni Maureen na lumabas mula sa gate ng Inn ang kotse nila ni Cassey. Nasa kabilang kalsada ang Inn pero namukhaan pa rin ni Maureen ang kotse ng kaibigan.

"Bes, si Tito Vic ba yun?" aniya sabay turo sa papalabas na kotse. Hinintay muna ni Cassey na lumiko ito para makita niya ang plaka. Tama nga ang kaibigan, kotse nga nila yun. Sigurado siyang si Victor ang nagmamaneho nito dahil hindi naman nila ito pinapamaneho sa iba.

Pero ang pinagtataka ni Cassey ay kung bakit nagcheck-in ang dad niya sa isang Inn na hindi maganda ang reputasyon. Kilala ang Inn dahil sa mga kababalaghang nangyayari sa loob nito. Kulang na nga lang ay tawagin itong motel.

Hindi man nagsasalita ang kaibigan, ay alam ni Maureen kung ano ang nasa isip nito.

# KABANATA 15

Hapon na at umuwi na ang dad at mom ni Cassey. Pero hindi pa uminit ang puwet ni Victor sa upoan nagpaalam na naman itong aalis siya. May pupuntahan daw itong isang kaibigan.

“Ah dad, pwede po ako sumabay sa’yo?” anas ni Cassey ng makitang papasok na sa kotse nito ang ama. Natigilan saglit si Victor, pero tumango din naman ito.

“Of course. Tara, saan ka ba?”

“Padrop na lang po ako sa may harap ng Rosewood Inn.”

“Rosewood Inn,...?” nagtatakang tanong ni Vic. Yun kasi ang pangalan ng Inn na pinagtagoan niya kay Ishi. Kinabahan siya sa narinig.

“I mean sa harap lang po non, pero tatawid pa po ako. Bale sa may tapat ako may bibilhin.” paliwanag naman ni Cassey.

“Ah ok,...tara” sabay pasok na sa driver´s seat.

Habang tumatakbo ang kotse ay di maiwasan ni Victor na sulyapan ang anak sa salamin. Gusto niyang matiyak na wala itong ideya kung nasaan si Ishi.

Ibinaba niya ito sa harap ng Inn at lumayo siyang kaonti sapat lang para hindi siya makita ng anak niya. Mahihirapan na siyang humanap ng pagkakataon na pumasok sa Inn. Kaya naisip niyang ipark na lang ang kotse niya sa isang bakanteng lote at pasimpleng papasok sa Inn.

Yun nga ang ginawa niya. Naglalakad siya ng nakatingin sa kabilang kalsada baka biglang lumabas ang anak sa tindahan na binilhan nito. Animo’y lumulutang ang kaniyang mga paa sa bilis ng kaniyang hakbang.

Nakabaon ang ulo ni Ishi sa unan habang nakadapa siyang humiga sa kama. Pakiramdam niya ay nakakulong siya sa isang hawla. Ni hindi niya alam kung saan siya dadalhin ng mga araw pa na lilipas.

Malinaw na nakikita ni Cassey ang daddy niya habang mabilis ang mga hakbang nitong pinasok ang Inn na iyon. Hindi niya nalamalayang tumulo na ang kaniyang luha.

Mabilis na tumayo si Ishi para pagbuksan ang isang katok. Gaya ng inaasahan niya ay si Victor ito. May bitbit itong mga pagkain para haponan niya.

“Kumusta?” bungad ni Vic sabay lapag ng pagkain sa maliit na mesa.

Hindi kumibo si Ishi. Tumitig lang ito sa mga mata ni Victor habang nakasandal sa pinto.

"Bakit?" takang ni Vic.

"Limang araw na ang lumipas, di ko pa rin nakikilala ang mga magulang ko."

"Humihingi ako ng ilang araw pa. Wala na sila sa Pilipinas at pinutol na nila ang kontak ko sa kanila."

"Hanggang kailan?"

"Dalawang araw....dalawang araw pa. Pangako, kung kailangang aabsent ako sa trabaho gagawin ko."

"Wag ka ng mangako. Hihintayin ko na lang matapos ang dalawang araw. Kung wala pa rin, ibalik mo na ako sa tahanan ko."

"Saan sa bundok?"

"Oo."

"Sidie, hindi ako papayag na babalik ka pa roon." mariing tutol ni Vic. "Hindi ka nababagay sa lugar na yon."

Ipinako ni Ishi ang kaniyang tingin kay Vistor.

"Anong alam mo sa kung saan ako nababagay? Nabuhay ako ng maraming taon sa lilim ng mga puno. Sa ganda ng kalikasan, sa patak ng ulan, agos ng ilog, sa sinag ng pagsikat ng araw. Kung saan ako pinakapayapa, doon ako nababagay."

Natahimik si Victor. Naintindihan na niya ngayon ang pagnanais ng binata na bumalik sa itinuturing nitong tahanan. Parang itong isda na inilipat niya sa isang aquarium.

"Pagpasensiyahan mo na ako. Alis na ako, kita na lang tayo bukas." paalam niya.

Lumabas at isinara na ni Victor ang pinto na hindi man lang sinulyapan ng tingin ulit si Ishi. Hindi niya magawang tingnan ang lungkot sa mga mata nito at ipakitang mahina siya. Gusto niyang maramdaman pa rin ni Sidie na malakas ang loob niya at seryoso siya sa kaniyang pinangako.

Napahinto si Victor sa paglalakad. Papalapit na siya sa kaniyang kotse nang makita niya ang anak na nakasandal sa kanilang sasakyan. Itinuloy niya ang kaniyang mga hakbang na nag-aalalang baka nakita siya nitong lumabas mula sa Inn.

"Nak, umiiyak ka ba?" ani Victor nang malapitang makita ang mukha ng anak.

"Dad, kailan pa?" kompronta ni Cassey habang patuloy sa pagtulo ang kaniyang luha.

"Hindi kita maintindihan?"

"Dad, gusto ko lang marinig ang totoo. Niloloko mo ba kami ni Mommy?"

"Cassey…"

"Dad, nakita kita. Nagcheck-in ka sa Rosewood." Lalo pang bumuhos ang luha ng dalaga.

Natahimik si Victor. Paano nga ba niya ipapaliwanag sa anak ang kaniyang ginawa.

"Nagkakamali ka ng iniisip ok. Mahal na mahal ko kayo ng Mom mo."

"So ano yong nakita ko?"

"Binisita ko lang yong kaibigan ko, diyan kasi siya nagtatrabaho." katwiran niya.

"Binisita, dad dalawang beses na kitang nakitang pumasok sa Inn."

"Oo nga, nalaman ko na diyan siya nagtatrabaho kaya pinuntahan ko siya nong nakaraang araw, tapos ngayon dinalhan ko siya ng pagkain at nagkwentohan kami. Kung gusto mo, ipapakilala kita sa kaniya."

Nabawasan ang pag-aalala ni Cassey. Hindi naman niya magawang pumasok sa itinuturing niyang isang maruming lugar.

Lumapit si Victor sa anak, niyakap ito at hinalikan sa buhok.

"I'm sorry kung nasaktan kita. Pero maniwala ka, kailanman hindi ko kayo ipagpapalit ng mommy mo." Hinawakan ni Victor ang pisngi ng anak. "Look at me. Sa pogi kong to tingin mo, papatol ako sa kung sino-sinong babae lang?" biro pa niya.

Napangiti si Cassey. Inakbayan siya ng dad niya.

"Tara. Uwi na tayo. Pwede mo akong isumbong sa mommy mo ha. Tinitiyak ko sa'yo na kung meron mang unang makakaalam na may babae ako, yun ay ang mommy mo. Ang lakas kaya ng pang-amoy non." dagdag pa ni Victor para gumaan ang loob ng anak. Pumasok na sila sa kotse at umuwi na sa kanilang bahay. Nagdesisyon naman si Cassey na hindi na niya sasabihin pa sa ina ang nakita niya.

Kinabukasan, agad na naghalf-day si Victor sa trabaho niya para ilipat si Ishi sa ibang lugar. Nagtataka man ay pumayag na rin si Ishi sa kagustohan niyang makalabas sa hawlang iyon. Dinala siya ni Victor sa isang bukid. Isa itong malawak na palaisdaan at manokan. Sa dakong gitna at may dalawang malaking puno ng Mangga at sa lilim nito ay isang simpleng bahay na kalahating hollow blocks at kalahating kawayan.

Lumabas mula sa bahay ang isang lalaking may yosi sa bibig. Sa tindig at pustora nito ay mahahalatang nasa mahigit treinta na ang edad nito.

"Ninong." bungad ng lalaki sa kanila.

"George kumusta." bati naman ni Victor.

"Ayos naman ninong. Sino tong kasama mo?" patukoy kay Ishi.

“Ah si Sidie nga pala. Anak ng isang kaibigan ko.”

“Ah ok.” Binuksan ni George ang kaniyang palad para makipagkamay kay Ishi. Pero tinitigan lang ni Ishi ang kaniyang kamay kaya minabuti niyang ibaba na lang.

“Siya pala ang makakasama mo dito sa manokan at fishpond ko. Ikaw na lang bahala magturo sa kaniya ng mga gagawin niya.”

“Walang problema ninong. Akong bahala sa kaniya.”

Itinuro ni Victor ang magiging higaan ni Ishi. Isang kama na gawa sa kawayan. Natuwa naman ang binata dahil kahit papaano at sariwa na ang kaniyang nilalanghap na hangin. May bintana sa kaniyang kwarto at nasa labas nito ang malagong dahon ng mangga.

Inilabas ni Ishi ang kaniyang ulo sa bintana at tumingala para makita ang taas ng matayog na puno. Kinausap na rin ng sarilinan ni Victor si George tungkol sa binata.

“Ibig sabihin, ngayon lang nakarating ng siyudad yan?” gulat na reaksiyon ni George nang malaman niya ang pagiging taga bundok ni Ishi.

“Oo eh. Libangin mo na lang, isama mo sa pagpapakain ng mga manok at isda. Pero wag mong pahirapan ha. Ikaw na bahala.” sabay tapik sa balikat ng inaanak.

“Siyanga pala.” pahabol ni Victor. “May aso siyang malaki nasa kotse iniwan muna namin. Isasama niya yon sa kwarto niya.”

“Ahhh, ok po. Mahilig din ako sa aso. Ayos nga yan ninong para may magbantay dito.” anito.

Tinawag ni Victor si Ishi para samahan siyang kunin si Az mula sa kotse.

Pagbalik nila ay laking gulat ni George nang makitang, hindi lang ito basta malaking aso, kundi ubod ito ng laki.

Napaatras siya at napatago sa likod ni Victor.

“Ninong, sigurado ka bang di kumakain ng tao yan? Baka mamaya, natutulog ako, bigla na akong lapain.” nanginginig ang boses niyang tanong.

“Wag kang mag-alala, maamo yan sa mga kaibigan ni Sidie. Kaya kung ako sa’yo wag mong pabayaan si Sidie kundi si Az ang makakalaban mo.” biro ni Victor. Napalunok na lang si George.

Nagpaalam si Victor kay Ishi at bumiyahe na pabalik para sundoin ang asawang papalabas na sa trabaho nito.

Nasa kalagitnaan pa lang ng kaniyang biyahe si Victor nang bigla siyang hinarang ng isang lalaking nakasumbrero ng pang magsasaka. Napapreno siya ng wala sa oras.

# KABANATA 16

Mabuti na lang at kakapaayos lang niya ng kaniyang preno kundi ay maaaring inabot pa rin ang lalaking humarang.

Lumabas siya sa kaniyang kotse para tiyaking hindi ito nagalosan at nagulat siya sa kaniyang nakita. Kilala niya ang lalaking humarang sa kaniya.

"Elmer?"

Unti-unting inangat ng lalaki ang kaniyang mukha.

"Victor..." sagot nito sa mapagbantang boses.

"Anong kailangan mo?" tanong ni Victor na pilit tinatapangan ang boses.

"Nasaan na ang bata?"

"Anong bata?"

"Hindi ito ang panahon para magmaang-maangan ka pa. Alam ko na nasa iyo ang anak ni Sid."

"Ano naman sa'yo kung nasa akin nga siya." madiin niyang tugon.

"Kailangan mo siyang bitawan. Dalhin mo siya kung saan malayo. Tiyakin mong hinding-hindi niya makita ang mga tunay na magulang niya. Tutal, ang alam nila patay na siya." mapwersa din nitong utos sa kaniya.

"Elmer, masyado ng maraming pinagdaanang hirap ang bata. Gagawin ko kung anong gusto ko. Hahanapin ko si Sid at ipapaalam sa kaniya na buhay pa ang anak niya." pagmamatigas ni Victor.

"Hindi mo pwedeng gawin yan."

"At bakit hindi?"

"Dahil ako ang nagpasabog sa minahan." pag-aamin ng Konsehal.

Natigilan si Victor. Hindi niya lubos maunawaan kung paanong umabot sa ganito ang sitwasyon.

"Ikaw...." Hindi pa rin lubos makapaniwala si Victor. Ang alam niya ay aksidenteng sumabog ang mga dinamitang ginagamit nila sa pagwasak sa malalaking bato.

"Tama ang narinig mo. Kaya kapag ipinaalam mo kay Sid na buhay pa ang anak niya. Sasabihin ko rin sa kaniya na ikaw ang nag-utos sa akin na pasabogin ang minahan."

“Elmer,....bakit mo to ginagawa? Taposin na natin to. Nangyari na ang hindi dapat mangyari, pero ang bata, wala siyang kinalaman dito. Bigyan natin siya ng pagkakataong mabuhay ng masaya at payapa.” buhos ni Victor sa bigat na nararamdaman.

“Victor, hindi ganon kadali ang gusto mong gawin. Kung sa’yo baka,....pero sa akin hindi. Kinuha mo kami, kasama ang mga malalapit ko na kaibigan para magtrabaho. Tapos isang araw, natabonan ng gumuhong lupa at bato ang isa sa pinakamalapit ko na kaibigan. Sa huli, wala ka man lang magawa para mabayaran man lang ng tama ang naiwang pamilya ng kaibigan ko. Pinabayaan mo kami na parang mga asong kalye na naghihintay kung kailan mo kami pakakainin.” puno ng hinanakit na sambit nito.

“Elmer maniwala ka, nakiusap ako kay Sid. Pero ang lagi niyang sinasabi sa akin, aksidente ang nangyari. Saka hindi sumunod si Rene sa mga Safety guidelines. Bumaba siya sa hukay na wala man lang suot na T-shirt at mga PPE. Ipinaglaban ko si Rene, nangatwiran ako kay Sid hanggang sa nag-away kami. Elmer nawalan din ako ng kaibigan.”

“Yong kaibigan mong nawala buhay pa, pwede mo pang ibalik ang pagkakaibigan niyo. Pero si Rene,....nabaon siya sa hukay na naging libingan na rin niya.”

Hindi na alam pa ni Victor ang pwede niyang sabihin na magpapahupa kay Elmer.

“Walang patutungohan tong usapan natin. Ang gusto ko lang maunawaan mo na walang kinalaman sa away natin ang bata. Labas siya sa lahat ng mapait na mga nakaraan. Elmer hindi siya si Sid.”

“Sige, kung yan ang gusto mong gawin.” Parang sasabog sa kaba ang diddib ni Victor nang makita niyang inilabas ni Elmer ang isang kalibre 38 na baril at itinutok ito sa kaniya.

“Dalawang bala para taong sumira sa buhay ko.” banta nito.

“Elmer ibaba mo yan.” pakiusap niya.

“Gawin mo ang gusto ko, ilayo mo dito ang anak ni Sid.” utos nito.

Hindi na alam ni Victor ang gagawin nang biglang dumaan ang isang Police Patrol Car. Sinundan ito ng tingin ni Elmer. Pagkakataon na ni Victor. Agad niyang binuksan ang kotse niya at tinapon ang sarili niya sa loob.

Pinaatras niya ang kotse nang makitang nag U-Turn ang patrol car. Sa inis ay pinaputukan siya ni Elmer. Nailagan niya ang unang putok na nagpabasag sa salamin ng kotse niya, pero hindi ang huling bala na tumama sa kaniyang balikat. Pagkakita ni Elmer na tinamaan niya si Victor agad siyang tumakas papasok sa mga mga puno ng mahogany sa gilid ng kalsada.

Naiwan si Victor na namimilipit sa sakit. Huminto sa tapat niya ang kotse ng mga pulis. Bumaba ang mga ito para tingnan ang kalagayan niya.

“Victor.” anang isa sa mga pulis nang mamukhaan siya.

Daddy ito ni Maureen.

“Gerald. Tulongan niyo ako, baka maubusan ako ng dugo.” pakiusap ni Victor.

“Kaya mong tumayo?”

“Oo balikat lang to.”

Maingat siyang inalalayan ng ama ni Maureen at ng isa pang pulis. Pagkatapos siyang maisakay sa patrol car, ay nakiusap si Gerald sa isa niyang kasama na ito na ang magmaneho sa kotse ni Victor papunta ng Ospital. Pumayag ito.

Napasugod sa Ospital ang mag-ina nang tawagan ni Maureen si Cassey tungkol sa nangyari sa daddy niya.

Pagdating ni Cassey at Alyssa ay nandoon na rin si Maureen at daddy nito. Lumabas muna ang mag-ama para iwanan ang pamilyang Vasco na mag-usap.

“Dad, anong nangyari?” nag-aalalang tanong ni Cassey. Hindi alam ni Victor kung paano niya uumpisahan ang sasabihin niya.

“Hon, ano ba talagang nangyari?”

“Galing ako sa manokan, tapos pabalik na para sundoin ka. Pero bigla akong hinarang ni Konsehal Elmer at binaril niya ako.”

Nagkatinginan ang mag-ina. Nagtataka lalo na si Cassey. Ang akala niyang kakampi niya ang siya palang magsasapanganib sa buhay ng ama.

“Dahil pa rin ba to sa nangyari noon?” usisa ni Alyssa.

Tumango si Victor bilang sagot. Sa ngayon ay hanggang dito lang muna ang pwede niyang sabihin sa mag-ina niya.

Lumabas si Alyssa at Cassey. Pumasok naman ang mga pulis para hingan ng salaysay si Victor.

“Mom, ano ba talagang nangyari noon?” tanong ni Cassey habang naglalakad sila papunta sa kantina ng ospital.

“Si Konsehal Elmer ay isa sa mga tauhan ng dad mo noon sa minahan sa Puting Bato. Hindi sila binayaran ng Tito Sid mo gaya ng napag-usapan at nakalagay sa kontrata. Ang alam ko, may isa pang minero ang namatay dahil aksidenteng natabonan nang gumuho ang

lupa. Kaya sa dad mo sinisingil ni Konsehal Elmer ang lahat ng nangyari." paliwanag ni Alyssa.

Malinaw na ngayon kay Cassey ang lahat.

"Kilala niyo rin po pala ang kaibigan ni Dad na si Sid at Helen." halos pabulong na sambit ni Cassey nang makapili na sila ng mesa sa canteen.

"Oo naman. Nagpupunta rin sila noon sa bahay kaya lang maliit ka pa kaya di mo na siguro maalala."

"Talaga po? Kasama ang anak nila?"

"Oo. Binigyan ka pa nga ng cute na puppy ng anak nila na si Sidie. Hindi mo na maalala?"

Natahimik si Cassey. Naalala niya nga na may panahong may nagbigay sa kaniya na tuta na isang batang lalaki. Pero matagal na itong nakatago sa kaniyang mga alaala. Mga nasa pito o walong taong gulang lang siya noon.

Malabo na rin sa kaniya, siguro nga ay dahil nagka-allergy siya noon sa balahibo ng aso at nahirapang huminga. Kaya isa iyon sa mga alaalang kusa na lang natatabonan ng mga magagandang alaala niya.

"Nasaan na po pala yong puppy na yon?" natanong niya.

"Hindi mo na nga maalala. Binalik natin yon sa kanila paglipas ng isang buwan nang pagpipilit mong alagaan pa rin ang puppy kahit halos hindi na ka makahinga dahil sa allergy. Sa tigas ng ulo mo, sumasama ka pa sa daddy mo kapag bumibisita siya sa bahay nila Sid para lang makita ulit ang puppy." masayang kwento ni Alyssa.

"Mom..." sambit ni Cassey. Napaangat ng mukha si Alyssa habang dumudukot ng pera sa kaniyang bag para bilhan ng pagkain si Victor.

"Ano yon?"

"Tingin ko panahon na para malaman mo to."

"Ang alin?"

"Ang tungkol sa anak na Tito Sid at Tita Helen."

Napatitig sa kaniyang mga mata ang mommy niya.

# KABANATA 17

Umakyat sa isa mga puno ng mangga si Ishi. Mula sa taas ay tanaw niya ang karagatan. Pansamantala ay nagbigay ito ng kapayapaan sa kaniyang kalooban.

"Sidie, baba ka na diyan. Kakain na tayo." nakatingalang tawag sa kaniya ni George mula sa baba.

Aaminin niya, hanggang ngayon ay hindi pa rin siya sanay na tinatawag sa totoo niyang pangalan. Kung ang pangalan ay nagbibigay sa isang tao ng pagkakakilanlan, ang totoo niyang pangalan ay parang isang bagong pagkatao na kailangan niyang isabuhay. Siguro nga ay matatagalan pa bago niya matanggap ito sa kaniyang sarili.

Hindi makalapit si George sa puno dahil itinali niya si Az dito kaya napilitan na rin si Ishi na bumaba para hindi na mahirapan pa si George sa pagtawag sa kaniya.

Kumain sila ng pritong tilapia at tinolang manok na niluto mismo ni George.

"Hindi ka ba naiinitan diyan sa mahaba mong buhok?" tanong ni George sa kalagitnaan ng pagkain nila.

Napatingin si Ishi sa malinis na gupit ng kaniyang kaharap.

"Nong nasa bundok ako, pinuputol ko to gamit ang kutsilyo para hindi humaba ng husto." sagot niya.

"Kutsilyo? Ano ka ba, may tamang gamit para diyan. Nag-gugupit ako ng buhok di mo naitatanong. Gusto mo gupitan kita bukas?" natatawang sabi ni George.

Napahipo sa kaniyang buhok ang binata. Ang totoo niyan gusto niya ring malaman kung anong pakiramdam ng maiksi ang buhok.

"Sige." aniya na tinuldokan ng ngiti.

Nag-usap si Gerald at Victor tungkol sa nangyari. Pinaliwanag ni Victor ang totoo tungkol sa dahilan ng muntikan ng pagpatay sa kaniya.

"May kilala ako na nagtatrabaho sa FBI. Susubokan ko na kontakin siya at hingan ng tulong. Baka sakali mahanap niya ang mag-asawa." malasakit ni Gerald.

"Salamat pre ha. Pakiusap ko lang kapag nakuha mo na yong contact details ni Sid at Helen, please let me know first. Ako na bahalang magpaliwanag sa kaniya."

"Ayos. Tatawagan din kita agad kapag may balita na tungkol sa pag-aresto kay Elmer. Pagaling ka muna sa ngayon. Kami na bahala."

Napanatag na ang loob ni Victor. Sa wakas ay may patutungohan na ang kaniyang mga ginagawa.

Unti-unti ay naiikonekta na ni Cassey ang tila puzzle na mga nangyayari sa kaniya. Ngayon ay alam na niya na kung bakit hindi siya nilapa ng aso ni Ishi. Kung bakit para bang kilala siya nito nang una silang magtagpo sa kagubatan.

“Mom,...naalala niyo yong mga pictures niyo nong umakyat kayo sa Puting Bato?”

“Oo, ano namang kinalaman non sa anak ni Sid at Helen?”

Kinuha ni Cassey ang cellphone niya at agad na hinanap sa gallery niya ang picture na tinutukoy niya. Pagkatapos izoom ang batang nakatayo sa gilid ng isang bangin ay inabot niya ito sa ina niya.

Kinalibotan si Alyssa sa nakita. Kaagad niyang inilapag ang cellphone ng anak sa mesa.

“Sino yan?” bulalas niya.

“Mom, hindi ko alam noong makita ko yan sa mga pictures mo, pero nakilala ko siya nang umakyat kaming magkaibigan. Nang mga panahong nawawala ako, kasama ko siya.”

“You mean kaya ka umakyat para lang makilala mo kung sino siya?”

“Opo.”

“Di ka ba natakot?”

“Mom, sigurado ako na tao siya kaya alam ko sa sarili ko kung sino man siya, hindi siya nandoon para lang takotin kayo. At nalaman ko nga na maging siya, hindi niya alam kung bakit siya nandoon. Hanggang sa may pinakita siya sa akin na picture.” Kinuha ni Cassey mula sa pagkakaipit sa isang aklat ang picture na sinasabi niya at inabot ito sa kaniyang ina.

Napatitig sa kaniya ang naggugulohang mga mata ng ina.

“Anak, sinasabi mo ba na, ang bata sa picture ay si Sidie? Pero...”

“Mom, alam ko akala niyo patay na siya. Pero buhay siya mom. Sigurado ako na si Ishi at si Sidie ay iisa.”

“Ishi?”

“Ishi po yong pinangalan niya sa sarili niya. Kinuha niya sa etiketa ng T-shirt na suot niya nang mawala siya.”

Napangiti si Alyssa at napaluha.

“Ishi,...ang pinangalan ni Helen sa company nila. Hindi ko akalain na sa tagal ng panahon ay magiging susi ito sa pagkahanap ng anak nilang akala naming matagal ng patay.” nasambit ni Alyssa at pinahiran gamit ang mga daliri ang mga luha niya sa pisngi.

“Anak, kung siya nga si Sidie, kailangan natin siyang makuha mula sa bundok para madala sa atin. Kailangan niya ang tulong natin.” pagpapatuloy ni Alyssa.

“Ang totoo niyan mom, pinakuha ko na siya kay Konsehal Elmer, pero nawawala siya. Wala na siya sa bundok.”

“Saan naman siya pupunta?”

“Baka hindi na po siya nakapaghintay sa akin at bumaba na siya dito sa siyudad.”

“Tsk. Dapat pala malaman ito ng daddy mo.”

“Mom tingin ko hindi pa siya handa.”

“Bakit naman. Matutuwa pa yon pag nalaman niyang buhay pa ang anak ng bestfriend niya.”

“Pinakita ko na rin sa kaniya yong picture na to. Ang sabi niya sa akin ingatan ko raw. Mom, tingin ko masyado pa siyang nakokonsensiya sa nangyari kay Sidie. Tingin ko sinisisi niya ang sarili niya sa pagkawala ni Sidie.”

“Siguro nga tama ka. Tara bilhan natin siya ng pagkain.”

Muling naging sariwa kay Cassey ang lungkot sa mukha ng ama nang makita niya ang picture ni Sid at Helen. Hindi man niya lubosan na naunawaan ang lungkot sa mga mata ni Victor nang oras na iyon ay alam niyang hindi pa ito ang panahon para ipaalam niya sa ama ang katotohanan.

Kinabukasan...

Sumuko si Elmer sa mga pulis na nagpunta sa kaniyang bahay para arestohin siya. Ang totoo niyan, wala siyang planong takasan ang ginawa. Masyado na siyang maraming ginawang kasalanan. Panahon na para pagbayaran niya ito.

Umiiyak naman na pinagmamasdan ni Ising at ni Panoy ang kaniyang pagsakay sa sasakyan ng mga pulis.

Nang malaman ni Cassey mula kay Maureen na inaresto na si Konsehal Elmer at dinala na ito sa kulongan ay agad siyang nagpasama sa kaibigan papunta sa presinto. Para makausap mismo si Elmer at malaman ang dahilan mula dito kung bakit niya gustong patayin ang dad niya.

“Elmer Serino. Lapit ka dito sa selda. May gustong kumausap sa’yo.” tawag ng isang pulis sa Konsehal.

Agad naman itong lumapit sa pag-aakalang ang kapatid at pamangkin niya ang dumating para kausapin siya.

Bahagya siyang napaatras nang makitang si Cassey ang bisita niya.

"Anong sadya mo? Nagpunta ka ba dito para masigurado na mabubulok na ako sa kulungan?"

"Alam ko na mabuti kang tao konsehal, kaya gusto kong marinig mula sa'yo ang dahilan kung bakit gusto mong patayin ang daddy ko." sagot ng dalaga.

"Hindi ba niya sinabi sa'yo?"

"Sinabi niya. Totoo ba na naghihiganti ka dahil hindi ka nabayaran ng maayos at namatay pa ang isang katrabaho mo?"

"Hindi lang siya basta katrabaho, kaibigan ko siya. Kadikit, kasangga. Alam mo ba ang sakit na makita ang sarili mong kaibigan na nailibing ng buhay sa harapan mo?"

"Hindi ang daddy ko ang gumawa non, aksidente ang nangyari."

"Mana ka talaga sa ama mo. Ang punto ko, wala siyang ginawa para makuha man lang ng kaibigan ko ang kabayaran sa pagkamatay niya. Walang kabayaran ang buhay niya pero handa akong tanggapin na aksidente lang ang lahat kung binayaran ng kompaniya ang pamilya ng kaibigan ko. Pero hindi, sinisi pa nila si Rene na kasalanan niya ang lahat."

"Ako na ang humihingi ng sorry sa pagkakamali ng daddy ko at ng Company niya." pagpapakumbaba ni Cassey. "Pero gusto ko lang maunawaan mo na, anoman ang nagawa ng daddy ko, hindi yon sapat na dahilan para patayin mo siya." dugtong ni Cassey.

"Sa tingin mo ba papatayin ko ang daddy mo dahil sa ginawa niya. Patayin ko man siya, hindi ko na maibabalik pa ang buhay ng kaibigan ko."

"Kung ganon, bakit mo siya binaril? Wag mong sabihin na aksidente lang ang nangyari."

"Gusto mo talagang malaman?"

Nakaramdam ng kaba si Cassey matapos marinig ang tono ni Elmer. Para bang may malalim itong dahilan na hindi pa kailanman sumagi sa kaniyang isipan.

"Bakit?" mahina niyang sambit.

"Sa kaniya mo na itanong. Pero gusto ko na malaman mo na may kinamalaman dito si Ishi."

Natigilan si Cassey.

"Anong ibig mong sabihin?"

"Nasa kaniya si Ishi." mariin nitong bunyag.

Hindi na nakasagot pa si Cassey. Kusang gumalaw ang kaniyang katawan at mga paa para lisanin ang presinto. Nagtatakang sumunod sa kaniya si Maureen.

# KABANATA 18

Pagdating ni Cassey at Maureen sa Ospital ay nadatnan nilang palabas na si Victor. Pinayagan na siya ng Ospital na lumabas dahil daplis lang naman ang naging tama niya at nakuha na rin ang bala sa kaniyang balikat. Sa bahay na lamang siya magpapagaling.

“Dad,...makakauwi ka na pala.” bati niya.

“Pumayag na yong doktor. Bibilhin na lang natin tong mga niresetang gamot.” sagot naman ni Victor na nakangiti na.

Si Alyssa na ang nagmaneho ng sasakyan nila at pagkatapos mabili ang mga niresetang mga gamot ay umuwi na sila. Pagkaupo sa sofa ay agad na tinanong ni Cassey ang ama.

“Dad, nagpunta pala ako sa kulungan kanina. Nagkausap kami ni Konsehal Elmer.”

Napatingin sa kaniya saglit si Victor at agad ding gumala ang tingin.

“Anong sabi niya?” sagot ni Victor kahit pa alam niyang baka sinabi na ni Elmer ang lahat sa kaniyang anak.

Dumating si Alyssa ang dala ang isang baso ng tubig para mainom na ni Victor ang gamot nito. Ininom ni Victor ang gamot at hinarap ang anak.

“Dad, totoo ba?” naluluhang bigkas ni Cassey.

Tahimik lang na nakikinig si Alyssa sa tabi ng asawa.

“Anong sinabi niya sa’yo?”

“Totoo ba na nasa’yo si Ishi?”

Napasandal si Victor at hinawakan ang kamay ng asawa niya.

“Patawarin niyo ako. Marami akong inilihim sa inyo.”

“Hon, ano bang pinagsasabi mo. Kung ano man yan, naiitindihan ka namin.” suporta ni Alyssa.

“Nagsasabi ng totoo si Elmer. Nasa akin ang anak ni Sid.” pagtatapat niya. Hindi nakaramdam ng ano pa mang inis si Alyssa. Bagkus ay masaya siya para sa asawa.

“Oh di, hindi mo na kailangang sisihin ang sarili mo.” tugon ni Alyssa.

Hinigpitan ni Victor ang paghawak niya sa kamay ng asawa.

“Hindi ganon kadali, pero siguro nga. Ang totoo niyan, ako ang kasama ni Ishi bago siya mahulog sa ilog. Hawak ko siya nang bigla siyang nagpumiglas para habolin ang kaniyang

tuta. Kaya matindi ang ginawa kong pagsisisi. Pakiramdam ko, ako ang pumatay mismo sa bata.”

Niyakap siya ni Alyssa. Tinabihan na rin ni Cassey ang dad niya.

“Dad, sorry din kasi kailangan kong itago sa inyo ang tungkol kay Ishi.” sambit naman ni Cassey at niyakap din ang ama.

“Mula ngayon, wala na tayong itatago pa sa isa’t-isa.” ani Victor at mahigpit na niyakap ang mag-ina niya.

“Aray ko!” agad niyang bulalas nang matamaan ang kaniyang balikat na may sugat.

“Sorry po ulit.” nakangiting tugon ni Cassey.

Napasugod sa office ng FBI sa Los Angeles ang mag-asawang Sid at Helen matapos silang makatanggap ng notice sa kanilang email mula sa FBI. Gusto nilang linisin ang pangalan nila kung ito man ay may kinalaman sa naiwan nilang gusot sa Pilipinas.

“Are you Mr. Ibañez?” tanong ng isang agent.

“Yeah it’s me officer. I’m here to explain my side and also to clear my name.”

“No worries Mr. Ibañez, we just received a phone call from our agent in the Philippines. A Filipino police officer Gerald Mendoza wants to talk to you and your wife.”

Nakahinga ng maluwag ang mag-asawa. Pero hindi nila maiwasang mabahala sa pagtawag ng isang kaibigan mula sa Pilipinas.

Tinawagan nila si Gerald at agad naman itong sumagot.

“Gerald, si Sid to.”

Napangiti ang pulis at sa wakas ay may maibabalita na siya kay Victor.

“Sid, balita. Kumusta ka na kayo ni Helen. Hinahanap ko kayo sa Facebook pero di ko kayo makita.”

“Ah,...pasensiya ka na. Tanging email lang meron kami. Ok naman kami ni Helen. Nagkaanak kami dito kaya medyo nabawasan yong lungkot namin sa pagkamatay ni Sidie. Napatawag ka, anong balita diyan sa Pilpinas?”

“Nakakatuwa naman at may kapatid pala si Sidie. Ano lang Sid, ahhh….di ko alam kung paano ko sasabihin to sa’yo pero, nakiusap kasi sa akin si Pareng Victor.”

Natahimik bigla ang kabilang linya nang marinig ni Sid ang pangalan ng dati niyang kaibigan.

“Sid,...hello.”

“Ano namang kailangan ni Victor sa akin? Wala na naman kaming dapat pang pag-usapan. Pinatawad ko na siya sa mga nagawa niya.”

“Sid, alam ko na nagpatawad ka na. Pero hanggang ngayon hindi pa rin napapatawad ni Victor ang sarili niya. Gusto ka niyang makausap.”

“Talaga,...pag-iisipan ko muna.”

“Sa tono mo parang binibigyan mo ako ng dahilan para mag-alinlangan kung nagpatawad ka na ba talaga.” sagot naman ni Gerald.

“Naiwas lang. Hangga’t maaari sana gusto ko ng kalimotan ang nangyari.” katwiran nito.

“Sid, hindi mo kailanman makakalimotan ang nangyari kung yan gusto mong gawin. Ang sugat ay sugat, mag-iiwan pa rin yan ng marka. Ang magagawa natin ngayon ay bagohin ang pananaw natin sa sugat ng nakaraan at matuto sa mga nangyari.”

“Tama ka. Panahon na nga siguro. Iiwanan ko ang telephone number at Email address ko dito. Hintayin ko na lang tawag niya.”

Gaya ng pinangako nito, nakuha ni Gerald ang mga detalyeng kailangan niya. Agad niya itong pinaalam kay Victor. Kasama si Maureen ay pinuntahan nila sa bahay nito si Victor para ibigay dito mismo ang kailangan niya.

Napalabas ng kwarto niya si Victor nang marinig na dumating si Gerald.

“Kumusta na ang sugat mo?” bati ng pulis.

“Nakirot pa rin pero naigagalaw ko na ang braso ko.”

“May maganda akong balita, nakontak ko na si Sid. Hihintayin daw niya ang tawag mo.” anito sabay abot kay Victor ang maliit na papel na naglalaman ng numero ng telepono at email address. Hindi makapaniwalang tinanggap ni Victor ang papel. Lumakad siya papalapit sa telepono at maingat na pinindot ang mga numero.

Nakangiting nakamasid sa kaniya ang asawa at anak pati na si Gerald at Maureen.

“Ringing.” bulong ni Victor sa kanila.

“Hello?” anang kabilang linya.

“Sid...”

Natahimik ng ilang segundo ang kabilang linya. Tanging naririnig ni Victor ay ang mga hakbang ng isang taong papalapit sa kausap niya. Tingin niya ay si Helen ito.

“Sid, alam ko nakikinig ka. Alam ko hindi ito madali para sa’yo. Pero pakinggan mo lang ako sapat na sa akin. Kahit wag ka munang magsalita.” salita ni Victor para hindi siya babaan ng kaibigan kapag biglang magbago ang isip nito.

“Sid,…makinig ka. Mahirap mang paniwalaan pero gusto kong malaman mo na….buhay ang anak mo.” Inikot ng tingin ni Victor ang mga nagmamasid sa kaniya. Nakapinta sa mga mukha ng mga ito ang panalangin na sana ay kausapin siya ni Sid.

Boses ng babae ang sumagot sa kabilang linya.

“Hello Victor…” Si Helen.

“Helen, buhay ang anak niyo.” naluluhang bigkas niya.

“Victor,…kung sinasabi mo to kasi gusto mong makausap ka namin,…please…” ani Helen.

“Helen hindi,..maniwala ka. Nakita ko siya sa minahan.”

“Di ba sabi mo pa nga, nabitawan mo siya at nakita mong inanod siya ng tubig sa ilog nang habolin niya si Az?” naiiyak na ring bigkas ng kabilang linya.

“Helen, Sid, buhay sila. Buhay si Sidie, buhay rin si Az.” masigla niyang sambit.

Sa wakas, nakarinig ng pamilyar na boses si Victor. Boses ito ni Sid.

“Victor, si Sid to. Sabihin mo sa anak namin kung gaano namin siya kamahal.” ani Sid na tinuldokan ng hikbi.

Ibinigay ni Sid sa asawa ang telepono.

“Victor, ngayon din magbobook kaming ticket pabalik ng Pilipinas.” dagdag naman ni Helen.

Ibinaba na ni Victor ang telepono.

“Hon anong sabi?” usisa ni Alyssa.

“Magbobook daw silang ticket pabalik ng Pilipinas.” walang mapaglagyan ang saya niyang sagot.

Agad siyang niyakap ng asawa. Habang si Cassey ay nakatingin sa kanila habang nagpapahid din ng kaniyang mga luha.

# KABANATA 19

Dinala ni Victor si Cassey sa manokan para sundoin si Ishi. Balak nilang pamilya na sa bahay na nila siya patirahin. Dumating silang mag-ama sa manokan at sinalubong sila ni George.

“Ninong. Hi Cassey.” aniya na binalingan din ng tingin ang dalaga.

“Hi George.” bati naman ni Cassey. Alam niyang may pagtingin sa kaniya ang inaanak ng dad niya pero hindi niya masyadong pinapansin. Umiiwas lang siya na maging dahilan ito para mawalan ng trabaho si George na matagal ng pinagkakatiwalaan ng kaniyang dad.

“Si Sidie?” tanong ni Victor sa inaanak.

“Ah, nasa taas.”

Nagtaka si Vic sa sagot nito. Sa pagkakaalam naman niya ay walang second floor ang bahay na tinutuloyan nito.

“Anong taas?”

“Sa taas ng mangga ninong.” nakangiting sagot nito.

Napaangat ng tingin si Victor sa mga sanga ng dalawang mangga na di kalayoan sa pinaradahan niya.

Napabilis siya ng hakbang. Sumunod naman sa kaniya si Cassey.

Halos na sa dulo na si Ishi ng puno. Nakapikit pa itong nakaupo sa isang sanga. Ninanamnam niya ang bawat pag-ihip ng hangin sa kaniyang pisngi.

Nang may bigla siyang narinig na boses sa baba.

“Sidie nandito si Ninong!” pasigaw na tawag sa kaniya ni George.

Muling pinagmasdan ni Sidie ang magandang tanawin bago bumaba. Maingat siya sa mga hakbang kahit pa sanay na siya sa pag-akyat.

Paglapag ng paa niya sa lupa ay agad niyang nginitian si Victor. Nagbago ang reaksiyon ng kaniyang mukha nang mapansin niyang hindi nag-iisa si Victor. Paglingon niya ay para siyang posteng di makagalaw.

Pagkababa ni Ishi ay walang ibang napansin si Cassey kundi ang maaliwalas na mukha ng binata. Ibang-iba na ang itsura nito sa gusgosin at mahaba ang buhok na nakilala niya. Aaminin niyang humanga siya sa kakisigan at sa gwapo nitong mukha. Muntikan na niyang hindi ito makilala sa bagong ayos nito.

“Nagpagupit ka pala.” pansin ni Victor. Isinentro ulit ni Ishi ang tingin kay Victor pero palihim pa rin niyang sinusulyapan ng tingin ang mukha ng dalaga.

“Ah oo. Ginupitan ako ni George.” aniya.

“George salamat ha,...” ang nasabi ni Victor.

“Walang anuman ninong.” nakangisi pa nitong tugon.

“Ah kasama ko nga pala anak ko.” pakilala ni Victor kay Cassey. Na bigla din niyang binawi dahil naalala niyang magkakilala nga pala ang dalawa.

“Sorry. Kasama ko pala si Cassey.”

“Wag kang mag-alala, nagkasundo na kami ni Daddy na sa bahay ka na muna titira.” singit ni Cassey sa usapan nila. Tanging ngiti lang ang naisagot ni Ishi.

Lumuwag naman ang pakiramdam ni George. Makakatulog na siya ng mahimbing ngayong wala na ang kinakatakotan niyang aso.

Pagdating ni Ishi sa bahay ng mga Vasco, agad siyang niyakap ng mahigpit ni Alyssa. Naramdaman ni Ishi ang yakap ng pagmamahal na matagal na niyang hinahanap. Sa mga ngiti at pagluha ng Alyssa niya naramdaman na tulad rin siya ng iba pang bata. Gaya ng ibang mga batang sabik sa yakap at halik ng mga magulang na madalas niyang pagmasdan mula sa malayo.

“Ang guwapo naman pala ng batang ito. Nakuha mo kay Helen ang mata mo pero yong ilong at shape ng mukha kay Sid, di ba hon?” ani Alyssa na bumaling ng tingin kay Victor.

“Oo nga.” matipid niyang sagot.

“Ay wait lang, may ipapakita ako sa’yo.” paalam ni Alyssa at nagmadaling pumasok sa kwarto nilang mag-asawa.

Kinuha ni Alyssa ang mga luma niyang picture album. Pagbalik ay tinabihan niya ng upo ang binata.

Ipinakita niya rito ang mga larawan ng kaniyang mga magulang na kasama siya nong mga isang taon pa lang siya. Nariyang karga siya ni Helen at meron ding iniaangat siya ni Sid.

“Naalala mo ba nong panahon na madalas kayo dito sa bahay? Ang saya non di ba?” masiglang sambit ni Alyssa habang patuloy siya sa pagbuklat at paghahanap ng iba pang picture na kasama nila ang mga magulang ni Ishi.

“Wala po akong maalala.” mahinang bigkas ni Ishi.

“Huh...” gulat na reaksiyon ni Alyssa.

“Mom.” singit ni Cassey. “Lahat ng po ng alaala niya nabura na.”

Napatitig si Alyssa sa mukha ng binata. Nakaramdam siya ng awa sa sinapit nito.

"I'm sorry. Hindi ko alam." naibulong niya.

"Hon andiyan pa ba yong picture nilang dalawa ni Cassey?" tanong ni Victor para ibalik ulit ang masayang ihip ng hangin.

"Talaga dad? May picture kaming dalawa? Patingin ako." ang tuwa naman ni Cassey.

Binuklat ni Alyssa ang bawat pahina at hinanap ang nag-iisang picture nila nong sila ay bata pa.

"Siguro mga 5 years old kayo non. Kung di ako nagkakamali." pagbabalik-tanaw ni Victor.

"Wala na dito. Sa pagkaka-alala ko binigay ko na yon kay Helen." may panghihinayang na bigkas ni Alyssa.

Nanghihinayang din si Cassey. Kung makita lang sana niya ang picture na iyon ay siya na siguro ang pinakamasayang tao sa mundo. Hindi lang iyon basta lumang larawan, tanda iyon na noon pa man ay konektado na sila ni Ishi sa isa't-isa. Hindi siya naniniwala sa tadhana, pero tingin niya ang picture na iyon ang maglalarawan ng malapit na ugnayan nilang dalawa.

Kung gaano kaliit ang kanilang mundo at nagkasya ito sa isang maliit na photo paper.

Lumipas ang mga araw, ilang pa rin si Ishi na pansinin siya at kausapin. Ramdam niya ito sa tuwing lalapit siya ay lumalayo naman ang binata. Na para bang may malubha siyang sakit at kailangang may takdang layo sila sa isa't-isa.

Hanggang sa dumating na ang araw na lalapag na ang eroplanong sinakyan ng mga magulang ng binata. Sinundo sila ni Victor at Alyssa sa airport. Naiwan ang dalawa na sila lang.

Naghuhukay ng lupa si Ishi sa bakuran nila nang maglakas loob si Cassey na lapitan siya.

"Hi, ano yang hinuhukay mo?" tanong ng dalaga sa kaniyang likuran. Mamaya pa ay lumapit na ito at tinabihan siya. Nilingon niya ito at wala siyang ibang nakita kundi ang mga mata nitong kulay tsokolate. Nakatingin sa kaniya at kumikinang na parang isang mamahaling hiyas sa tuwing tatamaan ng sikat ng araw.

Muli niyang isinentro ang kaniyang tingin sa lupang binubungkal.

"Ah....gumagawa ako ng paligoan ni Az. Mahilig kasi siyang magtampisaw lalo na sa putikan." sagot niya.

"Naku, dapat pala lagi siyang nakatali. Baka pumasok siya bahay tapos puno siya ng putik."

"Hindi pa naman siya nakakaranas na pumasok sa isang bahay. Pero tingin ko mas gusto niya sa labas."

“Sabagay, baka hindi rin siya magkasya sa pinto.” biro ni Cassey.

Ngiti lang ang naging tugon ni Ishi.

“Ano pala itatawag ko sa’yo?” tanong ni Cassey.

“Ikaw, bahala ka.”

“Bahala ako. Kung tawagin kitang Ungas, Baliw, ano pa ba…”

“Ok lang sa akin. Kung saan ka komportable.” aniya.

“Biro lang. Napakaseryoso mo. Kailangan mong magdesisyon kung ano ang gusto mong itawag sa’yo ng mga tao.” may hampas pang sabi sa kaniya ng dalaga.

“Mahalaga pa ba yon?”

“Oo naman, mahalaga ka sa amin no.” Lumingon si Ishi sa kaniya.

“Bakit?”

“Anong bakit?”

“Bakit mahalaga ako sa’yo?” Natigilan si Cassey.

“Eh…syempre parte ka ng buhay namin. Pamilya na nga turing sa’yo nila Daddy at Mommy.” sagot na lang niya.

“Kung ganon tawagin mo na lang ako sa tunay kong pangalan kung paano niyo ako nakilala.”

“Kung ganon, mula ngayon tatawagin na kitang Sidie.” nakangiting sagot ni Cassey.

# KABANATA 20

“Ready?” tanong ni Alyssa habang nakatitig sa mga mata ni Victor. Nasa airport na sila at ilang segundo na lang ay aabangan na nila ang paglabas ng mag-asawang Ibañez mula sa Arrival.

Ngiti at mahigpit na pisil sa kamay ng asawa ang naging sagot ni Victor.

Matiyaga silang naghintay hanggang sa lumabas sa wakas ang mag-asawa. Agad na niyakap ni Alyssa si Helen. Kinuha naman ni Victor mula sa kamay ni Helen ang hila-hila nitong maleta. Isang tapik sa balikat ang naramdaman niya. Galing ito kay Sid. Napalingon siya dito at tinapik din niya ito sa balikat bilang tugon.

Habang nasa sasakyan, panay ang kwentohan ni Helen at Alyssa. Tahimik naman sa pagmamaneho si Victor.

“Anong itsura ng anak ko? Sa akin ba nagmana?” naluluhang tanong ni Helen.

“Ahh, baka magalit naman si Sid pag sinabi kong sa’yo.” biro ni Alyssa.

“Tingin ko hawig sila ni Charles.” ang sabi ni Sid.

“Sino si Charles?” usisa ni Alyssa.

“Kapatid ni Sidie yon. Iniwan namin sa L.A. 10 years old na ngayon.”

“Wow,...matutuwa yon si Sidie pag nalaman niya.” ani Alyssa.

“Sana lang makilala niya pa kami.” malungkot na bigkas ni Helen. Nagkatinginan si Alyssa at Victor sa sa rearview mirror ng sasakyan.

“Ang totoo niyan, wala siyang maalala. Siguro dahil sa ilang beses na pagkabagok ng ulo niya sa mga bato sa ilog nong inanod siya.” pagtatapat ni Alyssa.

Niyakap ni Sid ang asawa na bigla na lang humagulhol ng iyak.

“Kailangan mong lakasan ang loob mo.” bulong ni Sid.

Paglipas ng isang oras na biyahe, nakarating na sila sa bahay ng mga Vasco.

“Love.” bigkas ni Helen habang nakatitig kay Sid. Pilit namang pinipigilan ni Sid ang sarili na wag mahawa sa pagluha ng asawa.

“Tara.” sagot naman ni Sid at binuksan na ang pinto ng Kotse. Inalalayan niya ang asawa niya sa paglabas. Samantalang naghihintay lang sa sala ang anak na matagal na napawalay sa kanila.

Hindi alam ni Ishi kung ano ang magiging reaksiyon niya kapag nakita niya ulit ang mga magulang. Paano nga ba niya sila haharapin gayong wala siyang maalala sa mga panahong masaya siya sa piling nila.

Hanggang sa nakita na lang niya ang mga nakapaligid sa kaniya na nag-iiyakan. Sa isang iglap naging sentro siya ng atensiyon ng lahat. Pag-angat ng kaniyang mga mata ay nakita niya ang isang babaeng pamilyar sa kaniya. Ang babaeng madalas niyang tinititigan sa tanging larawan na meron siya, ay nasa harap na niya ngayon. Bigla na lang itong lumapit sa kaniya habang humahagulhol. Niyakap siya ng mahigpit na para bang ayaw na siyang bitawan.

"Anak I'm sorry. I'm sorry."

Paulit-ulit ito sa paghingi ng tawad sa kaniya. Sa kasalanang napabayaan nila siya ng maraming taon. Pero wala siyang mabigkas na salita. Para sabihin sa kanila na matagal na siyang nakapagpatawad. Naramdaman na lang niya ang pagluha ng kaniyang mga mata.

Madalas siyang lumuha kapag nalulungkot dahil sa pag-iisa. Lalo na kapag nagkasakit siya at ang tangi niyang karamay ay si Az. Pero iba ito sa mga naging luha niya. Hindi ito luha ng kalungkotan.

Sa unang pagkakataon naunawaan niyang ang luha ay hindi isang likidong bunga ng pighati at kalungkotan. Ito ay galing sa pinakaibutoran ng kaniyang puso. Pinipiga ng matinding emosyon.

Lumapit na rin ang isa pang mukhang pamilyar sa kaniya. May luha rin ito sa mga mata pero nakikita niyang pinipilit nitong pinapatatag ang sarili. Umupo ito sa kaniyang kaliwa at niyakap din siya. Napagitnaan na siya ngayon ng dalawang taong araw-araw niyang hiniling sa Diyos na makasama niyang muli.

Magkayakap namang pinagmamasdan ni Alyssa at Cassey nag muling nabuong pamilya.

"Alyss, picturan mo kami please." ani Helen na bumitaw na sa pagkakayakap sa anak. Pinakisuyoan ni Helen ang kaibigan na kuhanan sila ng Family picture nila.

Pagkatapos ng emosyonal na tagpo na iyon ay sinabi na ng mag-asawa ang plano nilang kunin si Sidie at dalhin ito sa America. Doon na lang nila ito ipapagamot para bumalik ang mga alaala nito.

Napansin ng binata ang paglabas ni Cassey. Kaya sinundan niya ito.

"Cassey." napatigil si Cassey sa paglalakad. Ito ang unang pagkakataon na narining niya ang binata na tawagin siya sa kaniyang pangalan.

“Cassey. May gusto akong sabihin sa’yo.”

Hindi na siya nakatiis at nilingon niya ito.

“Kung gusto mong magpaalam, wag kang mag-alala naiintindihan ko.”

“Hindi ako magpapaalam.”

Natigilan siya.

“Anong ibig mong sabihin. Mga magulang mo sila, kailangan mong sumama sa kanila.”

“Hindi ko maintindihan. Hindi na ba kita makikita at kailangan kong magpaalam sa’yo.”

Lalo lang nalungkot si Cassey sa narinig niya. Nilapitan niya ito hinawakan ang kaliwang kamay nito.

“Halika.” aya niya at hinila ito papunta sa bodega nila. Ito’y tambakan ng mga lumang gamit na ayaw itapon ng kaniyang mga magulang. Lagayan din ito ng mga gamit pang-garden.

Hinanap niya ang isang lumang world map na project niya noong elementary lang siya.

Nahanap niya ito kasama ng mga folders na naglalaman ng mga papelis na sa di niya maiintindihang dahilan ay ayaw ipatapon ng daddy niya.

Kaagad niya itong dinikit sa dingding gamit ang thumbtacks.

“Tawag dito world map.” Kumuha siya ng yarn at mga makulay na plastic tacks.

Idinikit niya ang isang pin sa Pilipinas at ang isa ay sa America. Pagkatapos ay ikinonekta niya ito sa pamamagitan ng pulang yarn.

“Kita mo to. Ito ang Pilipinas, andito tayo ngayon. Dadalhin ka ng mga magulang mo dito..” sabay turo sa America.

“Kapag ba umalis kami, hindi na ako pwedeng bumalik?” tanong ng binata na para bang walang pakialam sa ginawa niyang paliwanag.

“Ahhh,..pwede pa naman. Na sa’yo naman yon kung babalik ka pa. Kaya lang andon na sila. Ang mommy at daddy mo. Para saan pa at babalik ka ng Pilipinas.”

“May tatlong bagay akong gustong balikan sa Pilipinas. Una, si Az, pangalawa kayo ng pamilya mo, at pangatlo…”

“Ano yong pangatlo.”

“Gusto kong tuparin sa’yo ang pangako ko.” Pilit na tinatago ni Cassey ang kaniyang ngiti.

“Pangako? Anong pangako?” kunwari ay seryoso niyang tanong.

“Sabi ko sa’yo di ba, kapag bumalik ka sa bundok, may ipapakita ako sa’yo. Gusto ko pa ring tuparin yon sa pagbalik ko.”

“Ano ba yon?” Hindi sumagot si Sidie. Tinulak nito ang pinto ng bodega at bumalik na sa loob ng bahay.

“Hoy,…” tanging nabigkas niya at sinundan na lang tingin ang hinata.

***************************

Paglipas ng tatlong buwan na pananatili sa Pilipinas, naasikaso na ni Sid at Helen ang passport at nonimmigrant Visa ni Sidie. Pagdating sa Amerika ay agad nila itong iaapply para maging US citizen.

Nagdesisyon si Sid na hindi na makipagkita kay Elmer. Personal na lang niyang binisita ang pamilya ni Rene at dinagdagan ang mga naibigay niyang pera sa mga mga ito noon.

Sa loob ng tatlong buwan, masasabi na rin ni Cassey na naging masaya siya na nakasama si Sidie. Nakabili sila ng bagong collar para kay Az, pero pinanatili nila ang lumang pendant nito. Namasyal din sila kasama si Sid at Helen sa mga kalapit na pasyalan at bakasyonan.

Mahirap man paniwalaan ay panahon na para ihatid nila ito sa Airport. Nagdesisyon si Cassey na hindi na sasama sa paghatid. Katwiran niya, walang maiiwan kay Az. Hindi naman nila pwedeng dalhin ang aso sa Amerika.

Pero ang totoo, hindi niya kayang magpaalam sa kaniyang kaibigan. Pipilitan na lamang niyang isipin na nagbakasyon lang ito at bukas din o sa makalawa ay muli niya itong makikita.

Nangako naman siya na kokontakin niya ito sa social media. Pero sa totoo lang ayaw niya itong  gulohin pa. Gusto niya itong makapag-adjust sa buhay nito sa Amerika, makapalagayan ng loob ang pamilya niya at maging kuya sa kaniyang kapatid, hanggang sa bumalik ang kaniyang mga alaala.

Kung tapat ito sa kaniyang pangako, balang araw, babalik ito at muli silang magkikita. Habang hindi pa dumarating ang araw na iyon, mananatili siyang naghihintay sa muli nitong pagbabalik. Alam niyang babalik ito para tuparin ang mga pangako nito na siyang panghahawakan niya sa mga darating na mga araw. Kung nagawa ni Ishi na maghintay sa loob ng maraming taon na nag-iisa sa bundok, maghihintay din siya habang sinusulit niya ang bawat araw na kasama ang kaniyang mga kaibigan at pamilya.

# KABANATA 21

*Paglipas ng tatlong taon...*

Dumalo si Cassey sa kasal ni Maureen. Kinasal ito kay Alfred. Siya ang naging maid of honor samantalang si Bob ang best man.

"Bes thank you talaga ha. Promise kahit kasal na kami, maghahike pa rin tayo." ang sabi sa kaniya ng kaibigan nang isa-isa ng nagsiuwian ang mga umattend sa reception. Niyakap niya ito. Lumapit si Alfred sa kanilang dalawa.

"Alfred, wag na wag kong maririnig na pinapaiyak mo tong kaibigan ko. Uupakan kita." biro ni Cassey na inangat pa ang kaniyang maliit na kamao.

"Iiyak pa rin yan syempre." sagot naman ng groom.

"Anong iiyak?" aniya.

"Sa tuwa, sa galak, sa saya, sa ligaya na ako ang napangasawa niya. Araw-araw ko siyang paiiyakin." pagmamalaki nito.

"Ang yabang." alma ni Maureen na pinisil ang ilong ng asawa niya.

"Ooopppsss, may naiinggit." anang boses sa likuran nila. Si Paul. Kasama nito si Bob.

"Sino?" tanong pa ni Cassey.

"Ikaw." sabay na bigkas ni Bob at Paul.

"Kayong dalawa tigilan niyo nga ako." saway niya sa mga ito,

"Oo nga, anong balita pala kay Ishi, I mean kay Sidie." usisa ni Alfred.

"Di ko alam, mula nong umalis sila, hindi na kami nagkausap pa ulit." sagot niya.

Nagkatinginan ang mga kaibigan niya. Ayaw man aminin ni Cassey ay alam nilang gusto na niyang makita ito ulit.

"Bes wag kang mag-alala, hindi ka matitiis non. Babalik yon dito." ang sabi naman ng bride para pagaanin ang kaniyang kalooban.

Hindi na nagsalita pa si Cassey. Yumuko ito para himasin ang mukha ni Az na kanina pa nakahiga sa paanan nila.

Natapos ang kasal, gaya ng inaasahan niya, maiiwan na naman siyang nag-iisa. Bumalik na sa mga normal na buhay nila mga kaibigan. Ang bagong mag-asawa ay naghoneymoon sa Panglao Island sa Bohol, samantalang ang dalawang binata naman, bumalik na sa mga

trabaho nila. Kaya hindi niya maiwasang makaramdam ng malungkot. Mabuti na lang at kahit papaano ay kasama niya si Az.

Nagpapasalamat na lang din siya at at hindi na bumalik ang allergy niya sa balahibo ng aso, kundi baka tuloyan na siyang magalit sa sitwasyon niya.

Napadako ang tingin niya sa kalendaryo na nakadikit sa kaniyang kwarto. Minarkahan niya ang araw na una silang nagkita ni Ishi. Taon-taon mula ng umalis ito ay lagi siyang umaakyat doon ng mag-isa lang. Nagtatanim siya ng bulaklak sa labas ng tunnel.

"One week na lang at makakaakyat na ako ulit." bulong niya sa sarili. Tumayo siya at muling hinalungkat ang kaniyang mga gamit. Sinigurado niyang walang nawawala at kung may kulang ay bibili siya para handa siya sa kaniyang muling pag-akyat.

Bumaba siya sa saglit para makausap ang dad niya. Nadatnan niya itong nagbabasa ng diyaryo.

"Dad, newspaper pa rin? Anong taon na." pabiro niyang kutya dito.

"Eh iba pa rin yong naaamoy ko yong binabasa ko." sagot naman nito.

Tumabi siya sa pag-upo sa ama.

"Dad, next week na yong hike ko. Mahahatid mo ba ako ulit?"

"Oo naman. Kompleto na ba mga gamit mo? Ok pa ba ang tent, yong lutoan mo,..."

"Dad, ako ng bahala don."

"Good. Anything for you anak." sagot ni Victor.

Lumipas ang mga araw, at dumating na nga ang umagang hinihintay niya. Alas kwatro ng umaga, kasama si Az, ay aakyat na sila ulit sa Puting Bato. Hindi mapakali ang aso. Ikot ito ng ikot habang ikinakarga ni Cassey ang mga gamit sa kotse.

"Aba, mas excited pa sa'yo si Az ah." ang sabi ni Alyssa na gumising ng maaga para ipagluto sila.

"Syempre, alam niya kasing makakaligo na ulit siya sa ilog. Ikaw ba naman magtiis ng isang taon sa mababaw na pool." biro din ni Cassey na hindi maalis ang ngiti habang nakatingin sa asong panay ang takbo sa garahe.

Hinalikan ni Cassey ang ina sa pisngi at nagpaalam na dito.

Hindi na rin nagtagal pa si Victor sa bundok, pagkatapos maihatid ang mga gamit ng anak ay bumaba na ito at kailangan pa niyang pumasok sa trabaho. Sa labas ng tunnel, sa gilid ng ilog nagtayo ng tent si Cassey. Binuksan niya ang kaniyang laptop at nagpatugtog ng paborito

niyang mga kanta ng Paramore. Saka siya nagsuot ng gloves para magbunot ng damo sa mga tinanim niyang mga bulaklak. Maliwanag na ang paligid pero hindi pa sumisikat ang araw.

Hanggang sa naisipan niyang diligan muna ito para lumambot ang lupa at madali sa kaniya na bunotin ang mga damo. Kaya kumuha siya ng sprinkler at inigiban niya ito sa ilog. Abala siya sa pagdidilig nang biglang lumabas ng tent si Az. Nakatayo ang mga tainga nito at gumagalaw ang ulo at mata nito sa paikot sa paligid ng kagubatan.

Napatigil si Cassey sa pagdidilig at lumapit kay Az. Hinimas niya ang pisngi nito pero umiiwas ito sa kaniyang palad at patuloy sa pagmamasid sa paligid. Hanggang sa bigla itong tumahol ng dalawang beses habang kumakawag ang buntot nito.

Isinentro ni Cassey ang tingin sa baba ng ilog kung saan nakatingin ang aso. Isang lalaki ang tumatawid sa ilog at tumatalon sa mga malalaking bato. Nakasuot ito ng hiking bag at sumbrero. Tumahol ng isa pang beses si Az pero mas mahaba ito. Na para bang umiiyak sa tuwa. Nagulat na lang siya nang kumawala ito sa pagkakahawak niya para salubongin ang lalaking paparating.

Hinabol niya si Az at tumigil ito sa gilid ng ilog. Hanggang sa nagkasalubong ang aso at lalaki sa tuyong gilid ng ilog. At nakita niya ang pagyakapan ng dalawa. Hindi maawat si Az sa paghalik at pagyakap sa lalaking iyon. Na para bang matagal silang nagkawalay sa isa't-isa.

Tumayo ang lalaki mula sa pagkakadagan sa kaniya ng aso. Kumalma si Az at umupo sa tabi nito. Hinubad ng lalaki ang suot na sumbrero at tumingin sa kaniyang kinatatayoan.

"Sidie." tanging nabigkas ng kaniyang labi nang makilala niya kung sino ito. Napaluha siya sa sa saya na kaniyang nararamdaman.

Lumapit sa kaniya ang dalawa. Inabotan siya ni Sidie ng panyo.

"Kunin mo na, galing pang amerika yan." biro ng binata.

Kinuha ito ni Cassey at pinahiran ang kaniyang luha. Nabigla na lang siya nang bigla siyang niyakap ni Sidie.

"Maraming salamat." bulong nito sa kaniya. Kusa na lang umangat ang kaniyang mga kamay para yakapin din ito ng mahigpit.

Hinawakan ni Sidie ang kaniyang balikat at tinintigan  nito ang kaniyang mga mata.

"Tara." anito at hinawakan ang kaniyang kaliwang kamay.

"Saan?"

"Sa pinangako ko sa'yo." tanging sagot nito at hinila siya papasok sa tunnel. Sumunod din sa kanila si Az.

Pagpasok sa kweba ay dinala siya ng binata sa gilid ng isang butas sa minahan kung saan pinapagulong ng mga minero noon ang mga bato pababa sa malalim na bangin. Nakatayo nilang pinagmasdan ang tanawing gustong ipakita ni Sidie sa kaniya— ang napakagandang pagsikat ng araw mula sa malayong karagatan. Unti-unting tinatakpan ng gintong sinag ng araw ang mga puno sa kanilang baba.

"Wow." nabigkas niya sa pagkamangha sa tanawin. Sa ganda nito nakalimotan na niyang kunin ang kaniyang camera at kunan ito. Gusto na lang muna niya itong pagmasdan at humanga sa ganda ng tanawin.

"Naalala mo ba yong picture nating dalawa nong bata pa tayo na nawawala at sinabi ng Tita Alyssa na binigay niya kay Mommy?" basag ni Sidie sa katahimikan sa gitna nilang dalawa.

"Oo nga, nasaan na yon. Nasa mommy mo nga?"

"Wala kay Mommy." anito.

Tinitigan ni Cassey ang maningning na mata ni Sidie na tintamaan ng sikat ng araw.

"Eh nasaan." tanong niya.

Hinawakan ulit ni Sidie ang kaniyang kamay.

Konti na lang matutunaw na siya sa tingin ng binata sa kaniya.

"Cassey, bumalik na ang alaala ko. Lahat ng alaala ko. Sa lahat ng magandang alaala ko nandoon ka." Ramdam ni Cassey ang kagalakan sa mga salitang binibitawan nito.

"Ibig sabihin, ikaw ang nagtago sa picture natin...saan mo tinago?" nakangiti niyang tanong. Ngumiti ito bago sumagot.

"Inipit ko sa gitna ng pendant ni Az." sagot nito. Bumitaw si Cassey sa pagkakahawak nito at patakbong lumapit kay Az. Agad niyang hinawakan ang pendant ng aso at hinanap ang bukasan nito. Hanggang sa napansin niyang naiikot ang nakakabit dito na maliit na bilog na hugis singsing kung saan kinakabit ang collar. Inikot niya ito hanggang sa matanggal ang tila turnilyo na lock nito at nabuksan ang pendant.

Sa loob ay isang sealable na plastic kung saan nakalagay ang picture nilang dalawa. Napatayo si Cassey at muling niyakap ang binata.

Sa muli nilang pagkikita, maliwanag pa sa pagsikat ng araw na gusto niyang makasama ang batang hindi lang naging bahagi ng kaniyang kabataan, kundi magiging bahagi din ng kaniyang buhay hanggang sa huling pagsikat ng araw sa kaniyang mukha.

*******End Of Book 1********

# BOOK 2



# KABANATA 1

Naghahabolan sa sala ang dalawang batang babae. Napuno na naman ng ingay at tawanan ng dalawang bata ang loob ng bahay ng mag-asawang Sidie at Cassey. Wala si Sidie sa bahay kaya malaya ang dalawang nagtatakbohan.

Sa ikalawang palapag ay dinig ang ugong ng printer at mahinang pagtipa sa keyboard. May tinatapos na trabaho si Cassey para sa isang local newspaper. Hindi ganoon kalaki ang bahay nila para hindi marinig ni Cassey ang ingay ng dalawa. Kaya lumabas siya saglit para silipin ang mga bata sa baba.

"Mga anak, wag muna magtakbohan please, may tinatapos lang si Mommy na work.

Tumahimik naman ang dalawa nang marinig ang saway sa kanila ni Cassey. Pabalik na si Cassey sa kwarto nilang mag-asawa nang biglang may narinig siyang nabasag na kumalabog sa sahig. Kaya dali-dali siyang bumaba.

Nakompirma ang ikinabahala niya nang makita ang isang pigurin na hugis anghel na may pasang banga na nabasag malapit sa sofa sa sala. Napasapo siya sa kaniyang noo nang makita ang pira-pirasong pigurin.

"What did I say about running inside the house?" pigil sa inis na bigkas niya.

Nakatayo lang ang dalawang bata. Umiiyak na ang bunso. Yumuko ang panganay para pulutin ang basag na mga piraso.

"Wag mo ng pulotin. Don't touch it. Baka masugatan pa kayo." saway ni Cassey sa anak.

"Mommy sorry po. Natulak kasi ni Jewel nang habolin ko siya." anang panganay. "Ako naman po talaga may kasalanan. Kung hindi ko po inaya na maglaro sa labas si Jewel hindi naman po niya matutulak yan." dugtong pa nito.

Napangiwi si Cassey. Pinipigil lang niya ang inis sa dalawa dahil baka hindi niya maipagtanggol ang mga ito kapag nakauwi si Sidie at makita ang basag na pigurin.

Nilapitan niya ang dalawa at yumuko para pahiran ang luha ni Jewel.

"Tahan na ha. Akong nang magpapaliwanag sa Daddy niyo."

"Nandito na ako." anang boses mula sa pintoan. Pumasok sa bahay si Sidie. Pumagitna sa dalawang anak niya si Cassey.

Nagtatakang lumapit sa mag-ina niya si Sidie. At nakita niya sa sahig ang dahilan nang pagtahimik nilang tatlo.

"Mommy anong nangyari? Alam mo namang...." napakamot sa ulo niya si Sidie.

"Ahmmm....." nauutal na sagot ni Cassey.

"Daddy sorry po." iyak ng panganay. "Naghabolan po kasi kami ni Jewel kaya natulak niya po yan. Kasalanan ko daddy."

"Di ba sabi ko sa inyo  wag kayo maghabolan?"

"Eh sabi po kasi ninyo hindi kami pwede maghabolan sa labas kaya dito na lang po kami sa loob." sagot ni Bella.

"Oo nga, sinabi ko na hindi kayo pwedeng maglaro sa labas, kasi baka may madali kayo don o kayo ang madali nang mga sasakyan diyan." inis na bigkas ni Sidie.

"Dad, hayaan mo na. Hindi naman nila sinasadya. Mga bata eh." awat sa kaniya ng asawa niya. Napabuntong-hininga si Sidie at ipinikit na lang ang mga mata.

"Kausapin mo yang mga batang yan ha. Hindi ko na alam kung anong magawa ko sa mga yan pag naulit pa to." ang sabi na lang ni Sidie at umakyat na sa kwarto nilang mag-asawa.

"Bella kuha kang dustpan at walis." utos ni Cassey sa panganay at saka binuhat ang bunso para paupoin sa sofa.

Naiintindihan niya ang asawa higit kaninoman. Alam niya kung bakit mahalaga sa kaniya ang mga babasaging mga dekorasyon nila sa bahay. Dugo at puso ni Sidie ang binuhos nito para maukit at mabuo ang mga pigurin. Kaya kahit nakagwantes siya ay ramdam niya ang mga hapdi ng sugat sa kamay ng asawa habang pinupulot niya ang maliliit na mga piraso.

Tinabihan ni Cassey ang asawa na nagmamasahe sa sarili nitong daliri at palad. Naamoy niya ang ointment na pinapahid nito sa kamay. Kinuha niya ang pamahid mula sa isang kamay nito at naglagay ng kaonti sa kaniyang palad. Saka hinawakan ang kamay ni Sidie.

"Ako na." nakangiti niyang bigkas. Napangisi na lang rin ang asawa niya habang sinisimulan na niya ang pagmamasahe sa kamay nito. Nakatitig sa kaniyang mukha ang asawa.

"Pasensiya ka na kung nagalit ako kanina. Alam mo naman kung bakit ayokong may nababasag sa mga alaga ko." anito.

Sinalubong din ni Cassey ang titig ng asawa saka siya ngumiti.

"Unawain mo na lang ang mga anak mo. Gusto mo bang maramdaman nila na parang mas anak mo pa ang yang mga masterpiece mo?"

Natahimik si Sidie. Mula nang ikasal sila ni Cassey ay binuhos na niya ang panahon niya sa pag-uukit mg mga estatwang semento, kahoy at luwad. Ang bawat isa sa mga ito ay itinuturing niyang obra maestra. Pero tama ang asawa niya, ang mga anak niya ang pinakamahalaga niyang pag-aari. Higit pa sa anupamang gawa ng kaniyang malikhaing kamay.

Kinabukasan ay inaya niya ang mga anak na kumain sa labas. Dinala niya ang mga ito sa isang fast food restaurant. Saka siya nagmaneho ng sasakyan niyang lumang pickup truck papunta sa isang sementeryo.

"Dad, di ba po cemetery to?" natanong ni Bella nang makita ang arc ng sementeryo kung saan sila huminto. Halata ang takot sa tono ng boses ng panganay niya.

"Alam niyo ba kung bakit ayokong may nababasag sa mga pigurin natin sa bahay?" tanong niya sa dalawang inosenteng nasa likod niya. Nilingon niya ang mga ito para abangan ang sagot nila.

"Dahil pinaghirapan po ninyo silang gawin?" ang sagot ni Bella.

"Dahil love niyo din po sila?" sagot naman ni Jewel na may hawak pang french fries sa dalawang kamay.

Tumingala si Sidie para kunwari ay nag-iisip siya kung pasado na ba sa kaniya ang sagot ng mga bata.

"Pwede na rin." nakangiti niyang tugon sa dalawa. "Samahan niyo ako sa loob ng cemetery, may ipapakilala ako sa inyo." pagpapatuloy niya. Napatingin ulit sa paligid si Bella. Kinakabahan siya sa gagawin nila ng daddy niya. Mag-aalas singko na ng hapon at nandito sila sa sementeryo.

Naunang lumabas si Sidie para pagbuksan ang dalawang bata. Binuhat at kinalong niya ang pangalawang anak. Samantalang si Bella ay napakapit sa kaliwang kamay niya. Nilock niya ang pinto ng pickup at sinimulan na ang paghakbang papasok sa sementeryo.

Private cemetery ito at halos lahat ng patay dito ay inilibing sa ilalim ng lupa. Tanging mga nakatayong lapida ang makikita sa paligid at iilang mga estatwa. Dinala ni Sidie ang mga anak sa isa sa mga puntod na naroon.

# KABANATA 2

*12 taon ang nakaraan...*

Pagkatapos bumalik ni Sidie sa Pilipinas nagdesisyon itong manatili sa itinuturing nitong tahanan. Samantalang si Cassey naman ay nagpatuloy sa buhay niya sa siyudad. Araw-araw ay hinihintay niyang tawagan siya ni Sidie pero lumipas ang mga buwan at wala siyang narinig mula dito.

May narinig siyang katok sa pintoan kaya napalingon siya. Si Victor na nakasandal sa pintoan.

"Pwede ba akong pumasok?" nakangiting bungad ng ama.

"Daaaad." aniya at tinaponan lang ng tingin ang ama.

Lumapit si Vistor sa kaniya at tinabihan siya sa pag-upo.

"Hinihintay mo pa rin ba siya?" tanong ng daddy niya na napapansin na ang ilang araw niyang pagiging wala sa sarili.

"Hindi ah. Bakit ko naman siya hihintayin?" madiin niyang tanggi.

"Lagi na lang kasing tumatagos ang tingin mo sa bintana. Malayo ang tingin."

"Namiss ko lang si Az." aniya.

"Si Az ba talaga ang namiss mo?"

Tinitigan niya ang ama ng matalim.

"Ang showbiz mo daddy. Hay naku, napaka."

"Bakit hindi mo siya puntahan?"

Natingin siya sa mata ng ama niya.

Samantala, maririnig ang ingay ng marmol na unti-unting inuukit para maging isang pigurin na hanggang baywang ang tangkad. Pangatlo na niya ito sa araw na iyon. Sinisikap ni Sidie na umabot sa deadline ng kliyente niya sa bayan kaya binubuhos niya ang buong araw niya sa maingat na paglalagay ng mga detalye sa mga flower vase at mga maliliit na mga piguring babae na may pasang banga.

Sagana ang kweba at mga tunnel sa mga kailangan niyang marmol para matapos ang mga obra maestra niya. Matapos makapagtapos sa Alternative Learning System sa bayan, hindi na siya nag-aral pa ng kolehiyo. Suot pa rin niya ang hard hat at isang mask para sa alikabok na galing sa marmol na pinopokpok niya araw-araw.

Nagsuot na rin siya ng kulay dilaw na earmuff para hindi siya mabingi sa ingay na dulot ng kaniyang napiling kabuhayan.

Kapag napagod siya ay nakikinig siya ng radyo habang nakaharap sa paborito niyang pahingahan—ang bukas na dulo ng isang tunnel kung saan niya palaging inaabangan ang pagsikat ng araw. Kung saan inaaliw siya ng tunog ng mga dahon ng mga puno na hinihipan ng hangin.

Paminsan-minsan na lang kung makavideocall niya ang ang pamilya niya sa amerika. Hindi man ito ang pinangarap nila para sa anak pero hindi na rin sila nagulat sa desisyon niyang manatili sa Pilipinas. Para kay Sidie ang lugar na ito ang tahanan niya.

Tumayo si Cassey at ibinagsak ang sarili sa kama niya.

"Natatakot ako Dad." sagot niya sa sinabi sa kaniya ng ama.

"Natatakot? Dahil?"

"Basta...pakiramdam ko ang dami ng nagbago sa kaniya mula ng bumalik siya mula US. Hindi ko na nakikita si Ishi sa kaniya."

"Anak, dapat mong maunawaan na hindi naman talaga siya si Ishi." pagdidiin ni Victor.

Natahimik si Cassey at napako ang tingin sa kisame.

"Ah basta...." may inis niyang bigkas.

Napabalikwas siya nang makarinig ng busina ng sasakyan. Kilala ni Cassey kung sino ang bisita niya.

"Si Bob, oo nga pala may usapan kami." aniya at tumayo para magbihis.

"Napapadalas ang gala niyo ni Bob ah. Nanliligaw ba sa'yo yan?" nakangising usisa ni Victor.

Napahinto sa pagbukas ng aparador si Cassey.

"Dad nakakailan ka na ngayon. Wala namang ginagawa sa'yo ang tao..."

"Sakin wala, ewan ko lang sa'yo."

Akma niyang babatohin ito hanger nang natatawa itong lumabas ng kwarto niya habang nagtatakip ng mukha sakaling maglanding sa ulo niya ang lilipad na hanger. Hindi na tinuloy ni Cassey ang maitim na balak at nagpatuloy na lang sa pagbihis.

Paglipas ng labinlimang minuto ay bumaba na si Cassey at sumakay owner type jeep ni Bob.

"Dadaanan ba natin si Paul?" agad niyang tanong pagkalapat ng puwet niya sa frontseat.

"Ahhmmm,...may usapan ba kayo?" halata ang pagbabago ng maaliwalas na mukha ni Bob.

"Wala naman. So tayong dalawa lang ulit?"

"Oo,..."

"Ahhhh. Tara." nasambit na lang niya.

Hindi naman manhid si Cassey para hindi maramdamang may kakaiba na sa pinapakita sa kaniya ng kaibigan. Matagal na niyang kilala si Bob kaya alam niyang mali sa kinikilos nito. Pangatlong beses na niya itong nakakasama sa mga roadtrip na sila lang dalawa. Noong una at pangalawa ay akala niya ay nagkataon lang na hindi available ang iba na sumama sa kanila. Pero ngayon lang niya naintindihan na wala naman talaga itong planong mag-aya ng iba sa roadtrip nila.

Dinadala siya ni Bob sa mga seafood restaurant at namamasyal sila sa dalampasigan. Pero mukhang sa pagkakataong ito ay may balak na itong magtapat sa kaniya. Kaya bago pa siya maunahan nito ay nag-isip siya ng paraan para makaiwas sa romantikong plano nito.

Hindi naman sa ayaw niya sa may owner type jeep. O dahil sa hilig ni Bob na kumain na nahahalata na sa katawan nito o kaya dahil hindi siya ang tipo niyang lalaki. May itsura si Bob, lumaki sa isang business minded na pamilya at napakabuti ng puso. Nag-aalala si Cassey na baka masira ang pagkakaibigan nila kapag nagtapat ito sa kaniya. Bagay na ayaw niyang mangyari.

"Ah Bob, saan tayo ngayon?" tanong niya.

Lumingon ito saglit sa kaniya saka muling sinentro ang tingin sa kalsada.

"May gusto ka bang puntahan?" sagot naman ng kaibigan.

"Baka gusto mong bisitahin natin si Sidie."

Hindi lumingon si Bob. Nakasentro ang atensiyon sa kalsada. Nang bigla itong lumiko at tinumbok ang kalsada paakyat ng Puting Bato. Lihim na napangiti si Cassey.

"Ano dadalhin natin sa kaniya? Gusto mo bang dumaan muna tayo sa Bake shop o..."

"Wag na,...hindi naman mahilig magkakain yon. Check lang natin kung humihinga pa." biro niya.

Napangiti na lang din si Bob habang nakapokus sa pagmamaneho.

Dumating sila sa Puting Bato mga bandang alas kuwatro ng hapon. Diretso sila agad sa pag-akyat.

"Buti na lang pala nagdala ako ng extrang damit." nasambit ni Bob habang nagpapahid ng pawisang pisngi. Nasa kalagitnaan na sila ng gubat.

"Boy Scout ka talaga."

"Balak ko kasing maligo sa dagat ngayon, doon sa pinuntahan natin nong nakaraan. Nalaman ko kasi na pwede magrent ng pang-snorkel don."

Napahinto sa paglakad si Cassey.

"Nakakahiya naman pala sa'yo. Sa halip na malamigan, pinagpawisan ka pa." nakokonsensiya ng sabi.

"Ano ka ba, ok lang. Sigurado naman ako na ako lang mag-eenjoy don." anito.

"Oo nga." tugon niya habang nakangiti sa pag-iisip na hindi siya marunong lumangoy kaya malamang mabobored siya sa paghihintay kay Bob pag nagkataon.

# KABANATA 3

Napahinto si Sidie sa pag-uukit ng makita niyang tumakbo palabas ng tunnel si Az. Tinanggal niya ang earmuff na nakatakip sa tenga niya at tumayo. Inabangan niya ang anino ng dalawang tao na papasok sa kweba. Umupo siya saglit sa isang kahoy na upoan nang makita niya ang mga pamilyar na mukha — si Cassey at si Bob. Tahimik siyang napangiti habang papalapit sila sa kaniya.

"Kumusta pre?" bati ni Bob.

"Ok lang naman." sagot niya habang nakasentro ang tingin kay Cassey.

"Hindi ka ba natatakot na bukas lang yong tunnel? Kung ako sa'yo lalagyan ko ng gate yan." patuloy ni Bob.

"Ah hindi naman, takot lang nila kay Az." aniya habang hindi pa rin naaalis ang tingin kay Cassey.

Ginagala naman ni Cassey ang tingin niya sa paligid para maiwasan ang tingin ni Sidie, pero paminsan-minsan ay nagkakasalubong sila ng tingin.

"Magtititigan na lang ba kayo?" puna ni Bob na natatawa na sa dalawa.

"Bob, baka pwedeng iwan mo muna kami saglit." pakiusap ni Sidie.

Dumiretso si Bob sa iba pang maliliit na chambers sa loob ng kweba.

Hinipo ni Cassey ang kasalukoyang ginagawa ni Sidie. Makinis na ito at nang titigan niya ang mata ng estatwa ay parang tumatagos ang tingin nito sa kaniya kahit pa blangko ang mga mata nito.

"Isang buwan na rin ano?" bigkas ni Sidie.

Nakatingin pa rin si Cassey sa mga detalye ng ginagawa ni Sidie.

"Oo nga. Baka gusto mo munang bumaba, miss ka na nila Daddy at Mommy." malumanay na sagot ni Cassey na hindi pa rin magawang tumingin sa kaniya.

"Pakumusta na lang ako sa kanila." aniya.

Humugot ng lakas ng loob si Cassey at tinitigan si Sidie nang diretso.

"Ito ba talaga ang gusto mong gawin?" tanong ng dalaga.

"Oo naman."

"I mean, bakit hindi ko to nakita dati?"

Yumuko saglit si Sidie at muling sinentro ang tingin sa kaniya.

"Di ba nakita mo naman yong ginawa ko na kamukha nila Mama at Papa? Saka...."

"Sidie hindi mo ko naiintindihan." putol ni Cassey sa mga sinasabi niya.

Nakita ng binata ang luha sa mga mata ng kaibigan.

"Pasensiya ka na. Marami pa talaga siguro akong dapat malaman sa mundo..."

"Yan ba ang nakukuha mo sa paggawa ng mga estatwa? Ang pagiging manhid tulad nila?" iyak pa ni Cassey.

Walang naiintindihan si Sidie sa mga sinasabi sa kaniya ng dalaga.

"Hindi sila estatwa, mga alaga ko sila." katwiran pa niya.

Napuno na si Cassey, hindi na nito matagalan pa si Sidie.

"Bob! Bob!" tawag nito sa kaibigan. Lumabas si Bob mula sa pinagtagoan niya at nagpakita sa kanila.

"Bakit?"

"Tara na,...hayaan mo siya dito." naiinis na aya ni Cassey.

"Aalis na kayo?" natanong ni Sidie nang makitang tumalikod na si Cassey at nagmamadaling lumabas ng tunnel.

"Sige pre, kita na lang tayo pag nakababa ka." paalam ni Bob.

"Ah saglit, baka pwedeng magpadala ng dalawang flower vase sa inyo. Pakidaan na lang sa nanay ni Alfred. Nabayaran na kasi to..." awat niya at pumasok sa isang kwarto at dinampot ang dalawang marmol na mga plorera.

Pinabitbit niya kay Bob ang mga plorera at ipinadikit pa ito sa katawan ni Bob.

"Pakiingatan na lang ha. Medyo madali kasing mabasag yan."

"Bob!" sigaw ni Cassey mula sa labas.

"Sige pre. Alis na kami, bago pa kami maabotan ng dilim." paalam na ni Bob at maingat na naglakad palabas.

Napasapo sa noo niya niya si Cassey nang makita ang dala ni Bob.

"Kanino daw yan?"

"Idaan ko raw kay Tita Letty."

Napapikit si Cassey at nauna ng maglakad. Sumunod sa kaniya si Bob. Huminto saglit ang dalaga nang makitang bumabagal si Bob dahil sa pag-iingat nito sa mga dala niya.

"Akin na nga yong isa." naiinis na alok ni Cassey na binalikan pa si Bob at hinablot mula rito ang isang vase.

Napangiti na lang si Bob sa kinikilos nito.

"Ok ka lang?" basag ni Bob sa katahimikan habang papauwi na sila.

Hindi pa rin sumasagot si Cassey kaya hinatid na lang siya ni Bob sa bahay niya.

"Bye, ako na lang maghahatid kay Tita Letty." paalam ni Bob. Hindi kumibo si Cassey at bumaba na ito at naglakad papasok sa gate nila.

Napabuntong-hininga si Bob at sinulyapan ang mga vase na nilagay niya sa isang kahon ng alak.

Napansin agad ni Alyssa ang nakabusangot na anak pagpasok nito.

"Dumaan nga pala si Alfred. Tatawag na lang daw siya sa'yo pag dumating ka na." bati niya sa anak. Dire-diretso lang si Cassey at umakyat na ng hagdan na parang walang narinig at nakita.

Agad na humiga ang dalaga sa kama at sinubsob ang mukha niya sa unan. Wala pang isang minuto, nagring ang kaniyang cellphone.

Pinilit niyang silipin ito at gaya ng sinabi ng mommy niya, si Alfred ang tumatawag.

"Hello." wala sa loob niyang sagot.

"Hi, busy ka ba ngayon?" tanong ni Alfred.

"Medyo."

"Ah sige, tawag na lang ulit ako mamaya."

"Ok."

Malungkot ang mukhang binaba ni Alfred ang tawag niya. Gabi na at wala pa rin si Maureen. Halos di na sila nag-uusap ng asawa niya. Pagdating ni Maureen ay diretso tulog na ito. Ni wala ng panahon para maghilamos.

Siya naman ay busy sa trabaho niya bilang DJ sa isang FM station. Hindi niya alam kung normal lang ba ito kapag nasa iisang bubong na ang dalawang taong parehong abala sa buhay. Ang alam lang niya, may kailangan siyang gawin.

Nakakatawa lang isipin na ang tulad niyang nagbibigay ng payo sa programa niya sa radyo ay nahihirapang ayosin ang sarili niyang problema. Narinig niya ang pagbukas ng pinto nila. Pumasok si Maureen na halatang nakainom.

"Lasing ka na naman?" bungad niya sa asawa. Lumapit siya para amoyin ito. Umiwas si Maureen sa kaniya.

"Hindi ah, kung lasing ako, hindi na sana ako nakauwi." katwiran ni Maureen.

"Pano kung maaksidente ka o ikaw ang makabundol."

Nilapag ni Maureen ang bag niya sa kama at nagtali ng buhok. Saka umupo para tanggalin ang kaniyang stockings.

"Alam mo pagod ako, pareho tayong pagod, bukas na lang tayo mag-usap ok." ang sagot ni Maureen.

"Kailan ka ba hindi pagod?" naiinis pa ring bigkas ni Alfred.

Hindi na sumagot pa si Maureen, tumayo ito, pumasok sa banyo at padabog na sinara ang pinto.

Natulog sila na hindi man lang nag-iimikan sa isa’isa.

# KABANATA 4

Kinabukasan, paglabas ni Cassey sa trabaho nakita niyang naghihintay sa labas si Alfred. Nakaupo ito sa motorsiklong dala. Inikot niya ang tingin sa paligid sa paghahanap kay Maureen. Pero hindi niya ito mahagilap kaya nadesisyon siyang lapitan na lang si Alfred.

"Hi." bati niya habang nakangiti.

Napaangat ng tingin si Alfred at saka nilapat ang paa nito sa lupa.

"Busy? Patulong naman." nakikiusap na wika ni Alfred.

Bagaman nagtataka, wala naman siyang gagawin kundi mag-emote sa kwarto niya.

"Ahmmm, ok." nag-aalangan niyang bigkas.

Binuksan ni Alfred ang box ng motor at kinuha mula roon ang isang helmet. Inabot nito kay Cassey ang helmet.

Nagtatakang tinanggap ni Cassey ang helmet.

Sumampa si Alfred sa motor at itinayo ito. Pagkatapos ay lumingon ito kay Cassey.

Tahimik niyang isinuot ang helmet at saka walang imik na umangkas sa motor ni Alfred. Bahala na kung saan siya dadalhin ng asawa ng bestfriend niya nang hapong iyon.

Binaybay nila ang gilid ng dagat at lumiko si Alfred papunta sa isang greenhouse ng mga bulaklak. Malawak ang garden ng mga sunflowers at dahlia. Dumiretso sila sa parking lot ng garden.

Pagkababa ni Cassey ay agad niyang tinanggal ang helmet niya.

"Tara." salita ni Alfred at inakay siya paputa sa loob ng reception area kung nasaan nakadisplay ang mga bouquet ng mga bulaklak.

Sinusundan lang ni Cassey ang bawat galaw ni Alfred. Hindi niya alam kung bakit siya dinala nito sa isang garden ng mga bulaklak.

"Alfred, tapatin mo nga ako, may balak ka bang magcheat sa bestfriend ko. Kasi kung oo, ako mismo...."

"Wait. Ano ka ba." awat ni Alfred habang nakangiti sa kaniya. "Kaya kita dinala dito kasi gusto ko malaman kung ano ang dadalhin kong bulaklak para kay Maureen. Since ikaw yong mas nakakakilala sa kaniya, alam ko na matutulongan mo ako." patuloy ni Alfred.

Natameme si Cassey. Nakahinga siya ng maluwag.

Siya na mismo ang pumili ng mga bulaklak para kay Maureen. Pero habang ginagawa niya ito ay nagsuot muna siya ng mask. Nag-iingat siya sa maaaring epekto mga pollen sa kaniyang Nasal Allergy.

Pagkatapos mabili ang mga bulaklak ay dumaan muna sila sa isang restaurant para kumain.

"May problema ba kayong dalawa?" natanong ni Cassey sa pagtataka sa mga kinikilos ni Alfred. Kakaupo lang ni Alfred sa table na napili nila.

"Ahmmm, mamaya, usap tayo. Order muna tayo, gutom na ako eh." nakangising sagot nito saka tinawag ang waiter.

"Ano na?" basag ni Cassey sa katahimikan sa gitna nilang dalawa.

Napasandal si Alfred habang ngumunguya saka uminom ng iced tea.

"Ewan. Feeling ko marami pa akong dapat malaman tungkol sa kaniya." nausal nito.

"Ganito ba kayo lagi?"

"Anong ibig mong sabihin?"

"Ito,...itong pagkain mo sa labas kasama ang ibang tao." pagdidiin ng dalaga.

"Ayoko nga ng setup na to eh." sagot ni Alfred sa malungkot na boses. "Nasanay ako na magkasama kaming buong pamilya kapag kumakain. Mula pa maliliit kami hindi pwedeng kulang kami, hindi magsisimula ang kain kapag wala pa yong isa. Kaya ginagawa ng tatay ko, hahanapin pa niya yong isa sa aming magkakapatid para pauwiin. Good old days." Nakita ni Cassey ang pamamanglaw ng mga mata ni Alfred. Ramdam niya ang pagiging tapat nito bilang asawa.

"Minsan ba inaya mo na siyang umuwi ng maaga para magkasabay kayo sa dinner?"

Tumango si Alfred.

"Pero ang dami niyang dahilan. Marami pa raw siyang kailangang taposin. Kapag gusto ko naman siyang makausap, tinatalikoran niya ako."

"Nasubokan mo na ba siyang ipagluto?"

"Di ako marunong magluto. Siya ang babae, ako nga dapat ipagluto niya eh."

"Nasubokan mo na bang isurprise visit siya sa office?"

"Ayoko, nakakahiya sa mga ka-office mate niya. Baka ma-embarass ko lang siya."

"Eh ang yayain siyang magdate."

"Hindi na kami mga binata at dalaga."

"Bagay nga kayo." nasabi na lang ni Cassey.

Napangiti si Alfred sa sinabi niya.

"Bakit naman." tanong nito.

"Parehas kayong puro dahilan." madiin na sagot niya.

Nagpatuloy si Alfred sa pagkain sa order niyang Baby Ribs and Shrimp.

"Anong kailangan kong gawin?" halos pabulong na sambit nito.

"Marami akong alam kay Maureen dahil siya ang bestfriend ko. Pero tingin ko wala akong karapatan na magbigay ng opinyon, dahil hindi ko na siya bestfirend." sagot niya.

Natigilan ang kaharap niya. Tumingin ito sa mga mata niya.

"Anong ibig mong sabihin? Nag-away ba kayo?" takang reaksiyon ni

Afred. Natawa si Cassey sa reaksiyon ng kaniyang mukha.

"Alfred ikaw ang asawa niya. Mula nang ikasal kayo, ikaw na ang bago niyang bestfriend. Pinagpalit na niya ako." nakangiti niya tugon.

Ang daming tumatakbo sa isip ni Alfred sa pagtahimik niya. Tama si Cassey, siya na ngayon ang bestfriend ni Maureen.

Tumayo na ang dalawa at buong ingat na hinawakan ni Cassey ang bouquet para sa kaibigan. Sabay silang lumabas sa restaurant at muling umangkas si Cassey pauwi.

Balak ni Alfred na sundoin ang asawa at abangan ito sa paglabas ng opisina. Kaya bumaba na si Cassey at kinikilig na iniwanan si Alfred. Nang makalayo na ng kaonti ay muli siyang lumingon para makita ang ngiti sa mukha ni Alfred habang hawak nito ang bouquet.

Gusto man niyang masaksihan mismo ang magiging reaksiyon ni Maureen kapag inabot na ni Alfred ang bulaklak ay nangibabaw ang kagustohan niyang abangan na lang ang magiging resulta ng pagsisikap ni Alfred na ayosin ang gusot na ito sa buhay nilang mag-asawa.

Nag-abang na lang siya ng trisikel at nagpahatid sa kanila. Pagpasok niya ay napansin agad ni Alyssa ang nakangiti niyang mukha. Kaya iniwanan ni Alyssa ang tinatahi niyang punit sa manggas para sundan ang anak sa kwarto nito.

"Ehmmmm." anas ni Alyssa mula sa bukas na pinto.

Napalingon agad sa kaniya ang anak.

"Mommmm. Pati ba naman ikaw?" reaksiyon niya. Napangiwi ang mommy niya.

"Tse. Ang arte mo." anito.

"Alam ko naman kung bakit mo ako sinundan."

"Ito naman, wag masyado KJ anak ha. Masama bang malaman namin ang nangyayari sa lovelife mo?" natatawang saad ni Alyssa.

"Hindi. Ang problema nga, wala pa akong lovelife."

"Wala pa ba? Eh ano yong nakita kong ngiti pagpasok mo?"

"Hindi ba ako pwedeng kiligin para sa ibang tao?" katwiran niya at umupo sa kama. Tinabihan siya ng ina.

"Ay wait lang. Sino? Kilala ko ba?" intereadong usisa ng mom niya.

"Tsismosa ka. Opo kilala mo po. Si Maureen at Alfred."

"Magkwento ka naman. Daliiii." at niyugyog pa ang balikat ng anak. Nagpumiglas si Cassey.

"Ayoko nga."

"Ang damot." tugon ni Alyssa at tumayo na. "Nagluto pa naman akong masarap. Wag kang kakain ng haponan ha." dagdag nito habang palabas ng kwarto niya.

"Well, nagdinner na po ako." sagot niya at tinuldokan ng ngiti.

Pabiro siyang pinandilatan ng mommy niya at tuloyan na itong bumaba. Humiga siya at ipinikit ang kaniyang mga mata. Panalangin niya na sana ay magkaayos na ang dalawa niyang kaibigan na ngayon ay iisa na.

# KABANATA 5

Nagising si Cassey sa ingay ng mga tao sa baba. Binuksan niya ang kaniyang cellphone at sinilip ang oras. Ang hapdi ng mga mata niya. Nakita niya sa screen ang dahilan kung bakit. Alas tres y media pa lang ng umaga.

Pinakinggan niyang mabuti ang pinagmumulan ng ingay. Ang mommy at daddy niya. Ilang minuto pa ay narinig niya ang paglabas ng kanilang kotse sa garahe. Napatayo siya at sumilip sa bintana.

Nakita niya sa baba ang mommy niya naglalock ng gate nila saka ito sumakay sa passenger side ng kotse nila. Mabilis ang arangkada ng kotse nila. Kaya napilitan siyang gisingin ang sarili at sinimulan ang hakbang papalapit sa pinto. Nang biglang mapansin niya ang pirasong papel na siningit sa ilalim ng pinto. Pinulot niya ito at binuksan ang kaniyang ilaw.

"Anak good morning, may pupuntahan lang kami ng daddy. Kung nagising ka namin, tulog ka lang ulit. Nothing to worry about. Love you. Mommy."

Pinatay niya ulit ang ilaw at muling humiga. May dalawang oras pa siyang natitira sa pagtulog bago maghanda para pumasok sa trabaho. Ilang sandali pa tuloyan na siyang nilamon ng antok.

Nagising siya sa tunog ng alarm niya sa phone. Pagkatapos maligo at magbihis, sinilip niya ulit ang papel na sinulatan ng ina. Nakapatong ito sa computer desk niya. Dinampot niya ito at binaliktad.

Ngayon niya lang napansin na hindi maayos ang pagkakasulat ng ina niya. At ang sinulatan nito ay ang pinunit na likod ng isang kalendaryo na nakasabit sa kusina nila.

Bumaba siya at pinuntahan ang kalendaryong pinunit ng ina. Nakita niyang ang kasalukoyang buwan ang pinunit nito para sulatan.

Hindi maganda ang pakiramdam ni Cassey. Pano siya nakatulog nang hindi man lang ito napansin?

Kung saan man pumunta ang mommy at daddy niya ng alanganing oras ng umaga, isa itong bagay na hindi pwedeng palipasin ng kahit isang minuto. Nakaramdam siya ng kaba. Kaya agad niyang hinanap sa kaniyang contacts ang pangalan ni Maureen.

Pero nakapatay ang cellphone nito kaya sinubokan niyang kontakin si Alfred.

*The number you have dialed is either unattended or out of coverage area. Please try again later.*

Tinawagan niya si Bob, nagring ang cellphone nito pero ayaw sumagot. Kaya sinubokan niyang tawagan si Paul. Nagriring ang cellphone nito. At pagkatapos ng dalawang ulit na pagdial sumagot ito sa tawag niya.

"Hello Paul." kalmado niyang bigkas.

"Hello po ate Cassey. Si Nat po ito, naiwan ni Kuya ang phone niya. May pinuntahan po eh." sagot ng kapatid ni Paul.

"Saan?"

"Sa Our Lady of Faith Hospital daw po."

"Huh? Sino ang naospital?"

"Di ko po alam. Kanina pa po siya umalis."

Mas lalong bumilis ang tibok ng puso ni Cassey. Sinubokan niyang tawagan ang Mommy niya pero nakapatay rin ang phone nito. Pati na rin ang sa dad niya.

Isang paraan lang ang naisip niya para malaman ang totoo. Pupunta siya mismo sa nasabing ospital.

Sumakay siya ng trisikel para makapunta sa ospital. Pagdating niya doon ay nakita niya ang kotse nila sa parking lot. Kaya dali-dali siyang pumasok sa loob. Sa labas ng Emegency Room nakita niya ang mga pamilyar na mukha. Ang mommy at daddy niya at ang mga kaibigan niya. Si Maureen, Bob, at Paul. Nandoon din ang kuya Caloy niya.

Sinalubong siya ni Alyssa ng yakap. Nasentro ang tingin ni Cassey kay Maureen na pinagitnaan ni Bob at Paul habang patuloy ito sa pag-iyak. Gusto niyang magtanong pero ang katahimikan sa pagitan nila ang pumipigil sa kaniya.

Lumabas ang isang doktor mula sa E.R. na hinahanap si Mrs. Bernal. Lumapit si Maureen.

"Hindi maganda ang kondisyon ng pasyente. Kailangan namin siyang i-CT scan para makita ang head injury niya. Tatapatin ko na po kayo, maliit ang chance na magising pa ang pasyente. He's in a deep Coma now." anang doktor.

Parang naparalisa ang buong katawan ni Cassey. Naririnig niya ang iyak ni Maureen, ang paghagulhol nito. Pero walang lumalabas na salita mula sa kaniyang bibig para patahanin ang kaibigan.

Tinaponan niya ng tingin si Bob at Paul. Hindi niya napansin ang pagtulo na rin ng kaniyang luha. Naiinis siya sa dalawang kaibigan. Paano nagawa ng mga ito na itago sa kaniya ang nangyari.

Pinunasan niya ang kaniyang mga luha gamit ang kaniyang mga daliri. Saka naiinis na tumalikod para magpahangin sa labas. Sumunod sa kaniya si Bob at Paul.

"Cassey sandali." pigil ni Bob.

Dumiretso lang siya sa paglakad na parang walang naririnig. Hanggang sa makalabas siya sa entrance ng ospital.

Patakbong sumunod ang dalawa.

"Cassey sorry na." ani Paul.

Hinarap niya ang dalawa.

"May gusto ba sa inyong dalawa na magpaliwanag sa akin kung anong nagyayari dito?" inis niyang bigkas. Muli na namang umagos ang kaniyang luha.

Si Bob na ang naglakas-loob na ikwento sa kaniya ang nangyari.

"Aksidenteng natapilok si Alfred sa hagdanan nila at nabagok ang ulo niya. Sabi ni Maureen may narinig daw kasi silang  parang pumasok sa bahay kaya bumaba si Alfred para icheck kasi baka napasok sila ng magnanakaw. Alas dos ng umaga nangyari kaya madilim ang hagdanan." saad nito.

"At nagawa niyo akong hindi tawagan o itext man lang. Lahat alam, maliban sa akin? Bob, kaibigan ko rin si Alfred. In fact kahapon lang kasama ko siya. Sabay pa kaming nagdinner. Ako pa ang pinapili niya ng bulaklak na ibibigay niya kay Maureen." buhos niya sa sakit na nararamdaman.

"Sorry Cass. Gusto lang namin sana na makapagpahinga ka at ...." katwiran pa sana ni Paul.

"Emergency to. Nag-aagaw buhay yong kaibigan natin tapos gusto niyong magpahinga ako. Gosh."

Natahimik ang dalawa, napaupo si Cassey sa dalawang baitang na hakbangan bago makapasok sa ospital. Humagulhol pa ito at walang balak itigil ang pag-iyak niya.

Unti-unting lumalarawan sa isip niya ang mga ngiti ni Alfred habang kakwentohan niya ito kahapon lang. Kung gaano ito kaexcited na isurprise ang asawa niya bitbit ang isang bouquet ng mga mababangong bulaklak.

Ngayon ay heto at para bang pakiramdam niya ay iyon na ang huling pagkakataon na makausap niya ang kaibigan. Nadudurog din ang puso niya para kay Maureen. Hindi niya alam kung paano aaliwin ang kaibigan sa pinagdadaanan nito ngayon.

Hindi niya sukat akalain na aabot pa sa ganito kahirap na pagsubok ang dalawang taong malalapit sa kaniya. Hanggang sa pagluha na lang muna niya kayang bawasan ang lahat ng bigat sa puso niya.

# KABANATA 6

Nagpaalam na si Alyssa at Victor. Nagpaiwan naman si Cassey para samahan ang bestfriend niya. Nagpaiwan din si Paul at Bob at tahimik lang na umupo ang dalawa sa hallway ng hospital.

Inabangan ni Cassey ang paglabas ng kaibigan mula sa kwarto kung saan nakaconfine si Alfred. Agad niya itong niyakap nang lumabas ito at siya na rin ang nagsara ng pinto. Naiwan sa loob ng kwarto ang nanay ni Alfred na halos maubos na rin ang luha sa kakaiyak. Halos hindi nito binibitawan ang kamay ng anak.

"I'm sorry." iyak ni Maureen. Tumingin siya sa mukha ng kaibigan.

"Ano ka ba. Aksidente ang nangyari. Wag mong sisihin ang sarili mo ok?" pagpapatahan niya rito.

"I know pero hindi ako naging mabuting asawa para sa kaniya."

"Shhhh...at least may ginawa ka para masave niyo yong relationship."

"Nakokonsensiya ako bes. Nag-effort pa siya na isurprise ako kahapon."

Naaawa si Cassey sa kaibigan. Ni hindi niya kayang sabihin dito na siya pa mismo ang pumili ng mga bulaklak na iyon. Usapan nila ni Alfred na wala silang babanggitin kay Maureen tungkol sa bulaklak.

"Walang may kasalanan nito ok? Kung meron mang dapat sisihin dito ay kung sino man yong nanloob sa inyo."

"Nasa bahay na si Daddy. Inimbestigahan na nila ang nangyari." ani Maureen at nagpunas ng luha niya.

"Sana mahuli na yong gustong magnakaw sa inyo."

Tinitigan ni Cassey ang mata ng kaibigan. Namumula na ito sa kakaiyak. Suot pa nito ang office uniform niya.

"Gusto mo bang maligo muna at magbihis sa inyo? Sasamahan kita." alok ni Cassey.

"Ok lang...hinhintayin ko muna si Mommy at Daddy." sagot nito.

"Ikaw bahala."

Napunta ang tingin ni Cassey sa dalawang binata na nakatulog na sa upoan ng Ospital. Alam niyang hindi sila sanay na magising ng maaga, pero heto sila at walang planong umuwi.

"Ilang oras lang tinulog mo kagabi?" tanong ni Cassey.

"Two hours? Nakauwi kami ni Alfred 11:30 na ng gabi. Tapos sa pagod nakatulog na ako kaagad pagdating. Nagising na lang ako sa kalabog ng mga gamit sa baba. Pagbangon ko nakita ko si Alfred na may hawak na vase at palabas ng pinto ng kwarto namin, at yon na ang nangyari." saad ng kaibigan.

"Iba rin talaga ang tapang ng asawa mo ano? Pano na lang kung may baril yong magnanakaw? Makukutosan ko yan pag nagising eh." biro na lang niya para pangitiin ang kaibigan. Saglit naman na napangiti si Maureen.

Mayamaya pa natanaw nilang dalawa ang pagpasok ng mom at  dad ni Maureen. May dala ang mga ito na mga damit pampalit ng anak. Sinalubong agad ni Maureen ng yakap ang mom niya.

Lumapit naman si Cassey kay Gerald.

"Tito kumusta ang ginawa niyo pong imbestigasyon?" usisa niya.

"May ilang tao na kaming dinala sa presinto na paali-aligid sa bahay nila nang gabing yon. Wala namang nawala sa bahay kaya baka mahirapan kami na maipakulong sila. Wala ring CCTV sa paligid kaya mahirap. Naghanap din kami ng mga fingerprints, pero wala. Ang nakita lang namin na clue ay ang aluminum ladder na nakadikit sa bubong. Tapos yong bukas na bintana sa isa pang kwarto sa 2nd floor. Maliban don, wala na kaming nakitang ibang pwedeng dinaanan ng magnanakaw." napapailing na salaysay ni Gerald.  Napabuntong-hininga na lang si Cassey.

Naligo si Sidie at si Az sa ilog. Masayang nagtatakbohan ang dalawa sa ilog at sabay na nagdadive sa malalim na parte. Ito ang palagi nilang ginagawa para simulan ang kanilang mahabang araw. Isa na lang at matatapos na si Sidie sa ginagawa niya. Pag natapos ay balak niyang ideliver ito sa bayan. Minsan ay pinapatulong niya si Panoy sa pagbubuhat sa mga marmol na mga eskultura. Pagkatapos ay isinasakay niya ito sa mga dumadaang 4x4 na mga sasakyan pababa ng bayan.

Nagbihis na si Sidie at muling sumagi sa isip niya ang mga sinabi ni Cassey. Naisip niyang daanan na lang ito pagdeliver niya mamaya. Gusto niyang magpaliwanag sa kaniya.

"Tara Az, punta tayo kay Cassey mamaya ha."

Kumawag-kawag ang buntot ng aso. Panay ang ngiti nito matapos marinig ang pangalan ng kaibigan niya.

Nakatulog na sa balikat ni Cassey ang kaibigan. Nakabihis na rin ito at nakakain na. Habang lalo niyang pinag-iisipan ang aksidenteng nangyari kay Alfred, mas lalo siyang nakokombinse na hindi aksidente ang nangyari. Sigurado siyang may kinalaman ang lalaking nanloob sa kanila sa nangyari dito. Naiimagine niya ang pakikipagbuno ni Alfred sa magnanakaw hanggang sa gumulong ito sa hagdan. Para sa kaniya, sa pelikula lang nangyayari ang mga ganitong aksidente na nagreresulta ng malubhang pagkakabagok ng isang tao. Alam niyang madilim na nang umagang iyon pero hindi niya kayang isipin na basta-basta na lang natapilok si Alfred at nabagok sa paggulong nito sa hagdanan. May mali sa aksidenteng ito.

Binalot ni Sidie ng mga balat ng puno ng saging ang mga obra niya. Saka niya ito kinalong na parang mga bata. Pagbaba niya ay iiwan niya muna ang mga ito sa tindahan ng nanay ni Panoy. Saka niya isasama si Panoy sa pag-akyat ulit para balikan ang iba pa. Tuwang-tuwa naman ang bata dahil kikita na naman siya ng isang daan sa pagtulong kay Sidie.

Diniliver ito ni Sidie sa isang decoration shop na pagmamay-ari ng mga Intsik. Nagustohan ng mga Intsik ang pagkamalikhain niya. Lalo na sa pagiging matiyaga niya sa paglalagay ng mga maliliit na detalye. May kamahalan man ang mga gawa niya pero para sa kaniya ay hindi kayang bayaran ng anumang halaga ang mga obra niya. Ang bawat piraso ay resulta ng pagmamahal niya sa paglililok. Ang mga ito ay larawan ng kaniyang sipag at tiyaga.

Walang anumang nakita ang mga Intsik na kasing ganda ng mga ginawa niya. Kung ikukumpara kasi ang mga ito sa gawa ng mga shop na may mga modernong gamit, ay malayo ang agwat ng mga ito. Humanga ang mga kliyente niya sa dedikasyon niya sa trabaho.

Pagkatapos matanggap ang bayad sa mga obra niya ay dumiretso si Sidie sa tahanan ng mga Vasco. Nakakabingi ang katahimikan sa bahay ng mga ito. Patuloy sa pagtahol si Az sa tabi niya, nagbabakasakali ito na baka natutulog lang si Cassey.

# KABANATA 7

Wala ng nagawa si Sidie kundi ang tawagan ang numero ni Cassey. Hinanap niya ito sa phonebook ng cellphone niyang keypad. Napahinto siya saglit nang makita ang numero ni Cassey at pangalan nito. Tumigil siya nang ilang segundo bago pinindot ang back button at sa halip ay nagpunta sa message.

Biglang tumunog ang cellphone ni Cassey. Binuksan niya ang kaniyang cellphone para silipin kung sino ang nagtext. Napahigpit ang hawak niya sa aparato nang makita kung kanino galing ang text message. Sumilip ang ngiti sa labi niya.

*Nandito kami ni Az sa harap ng bahay niyo.*

Tumingin si Cassey sa oras na nasa screen. Alas kwatro na ng hapon. Naapangat siya ng tingin sa pinto ng kwarto ni Alfred sa ospital.

Magdadalawang oras na mula ng pumasok si Maureen sa loob. Kaya nilingon niya ang dalawang kaibigan na nakasandal na sa upoan.

"Anong oras kayo uuwi?" tanong niya sa dalawa.

Tumitig lang ang mga ito sa kaniya sa loob ng ilang segundo.

"Uuwi lang kami pag nagising na si Alfred." ani Paul.

May kung anong karayom na tumusok sa puso ni Cassey. Napangiti siya sa pagmamahal ng dalawa para sa kaibigan nila. Tumayo siya at lumapit sa dalawa.

"Alis lang muna ako saglit. Babalik din ako mamaya. Anong gusto niyong pagkain?"

"Wala kaming gana." agad sagot ni Bob na pinipikit ang mata habang nakasandal. Si Paul naman ay abala sa paglalaro ng chess sa cellphone niya.

Napangiti na lang si Cassey saka tumalikod upang lisanin ang ospital. Unti-unting bumabagal ang mga hakbang niya habang nagtatype ng reply kay Sidie.

*"Ok pauwi na ko."*

Maraming tumatakbo sa isip ni Cassey habang nakasakay sa trisikel pauwi sa bahay nila. Bigla siyang hinigop pabalik sa ulirat nang magtanong ang driver kung saan liliko. Itinuro niya rito ang daan. Pagbaba niya sa trisikel nadatnan niyang nakaupo ang dalawa sa labas ng gate.

Agad na sumalubong sa kaniya ang aso. Kaya tinigasan at tinibayan niya ang kaniyang katawan para hindi siya matumba sa pagdamba ni Az sa kaniya. Tahimik na nagmasid si Sidie sa dalawa. Nang kumalma na ang aso, sumentro ang atensiyon ni Cassey kay Sidie.

"Napadalaw ka?"

"Magpapatulong sana ako." sagot naman ni Sidie. Nagkasalubong ang kilay ni Cassey.

"Tulong para sa?" takang tanong niya. Tinanggal ni Sidie mula sa kaniyang likod ang bag na dala niya.

Nagpalipat-lipat kay Sidie at Az ang tingin niya. Hindi niya makuha ang ibig sabihin nito kaya binuksan na lang niya ang gate para papasokin sila.

Pagpasok nila sa sala, agad na nilapag ni Sidie ang dalang bag sa sofa. Saka niya ito binuksan. Napanganga si Cassey sa nakita niya.

"Pwede mo ba ako bilhan ng sasakyan?" ani Sidie habang pinapakita pa sa kaniya ang buong laman ng bag niya. Puno ito ng mga bundle ng pera.

"Pwede naman...." nauutal niyang sagot habang tumatango.

"Pero di ako marunong magdrive, baka pwede mo akong.....turoan?" pakiusap pa nito.

Ngiting aso ang tugon ni Cassey.

"Parehas tayo, di rin ako marunong magdrive." sagot niya.

Namanglaw ang mukha ng binata. Kaya agad na nag-isip ng paraan si Cassey.

"Pero pwede namang mag-aral tayo." aniya.

"Mag-aral magdrive?"

"Oo, sa driving school. May pambayad ka naman." biro niya.

Napangiti si Sidie. Nagustohan niya ang ideya ng dalaga.

Iniharap ng mga pulis kay Gerald ang mga nahuling mga suspek sa nangyaring trahedya kay Alfred. Ang tatlo ay may kaniya-kaniyang alibi. Ang sabi ng isa ay napadaan lang siya para magdeliver ng mineral water nang hapong iyon.

Walang tao sa bahay kaya bumalik siya ulit ng dakong alas sayis pero wala pa ring umuwi sa alinman sa mag-asawa. Matapos ng ilang minutong paghihintay sa labas ng bahay ay umalis na siya para magdeliver sa ibang subdivision.

Ang isa naman ay kapitbahay nila Alfred na madalas magpagala ng aso niyang Maltese tuwing hapon. Sinabi nitong alas siyete pa lang ay nakauwi na siya at natulog ng alas diyes ng

gabi. Sadyang sa bahay lang ng mag-asawa siya madalas tumitigil dahil may katabi itong bakanteng lote na pwede nilang ikot-ikotan ng aso niya.

Ang isa naman ay isang hardinero sa garden ng club house. Nang tanongin kung bakit siya umaligid-aligid sa harap ng bahay ng mag-asawa ng alas diyes ng gabi, ang tangi nitong sagot ay naghanap lang siya ng tahimik na lugar para matawagan ang pamilya sa probinsiya.

Dahil wala pa namang tao sa bahay nila Maureen nang oras na iyon ay napili niyang mamalagi sa labas ng bahay nila. Isa pa, wala daw siyang intensiyon na pagnakawan ang mag-asawa, malakas lang daw talaga ang signal sa paligid ng bahay na iyon.

Marami nang hinawakan na kaso si Gerald pero ito ang pinakamahirap sa lahat. Kailangan niyang patunayang hindi aksidente ang nangyari sa manugang niya. Pero paano gayong matibay ang alibi ng mga taong nakitang paali-aligid sa bahay ng mag-asawa ng gabing iyon. Marami ang nagpapatunay na totoo ang sinasabi nila.

Hindi niya pwedeng hintayin na lang na magising at makapagsalita si Alfred. Baka tuloyan lang na makalayo ang magnanakaw na iyon. Napasandal siya sa kaniyang swivel chair.

Napako ang tingin niya sa isang painting na nakadikit sa dingding ng opisina niya. Isa itong painting ng flower vase na may nakapintang lavender posy. Naalala niya ang basag na flower vase na nakakalat sa paligid ng katawan ni Alfred.

Napabalikwas siya at napatayo. Pinuntahan niya ang storage room ng presinto para tingnan ulit ang vase na iyon. Nakalagay ito sa isang sealable na plastic. Hindi pa siya nakakita ng ganito kagandang vase. Gusto niyang malaman kung saan ito galing at kung anong kaugnayan nito sa aksidenteng nangyari kay Alfred.

Tuwang-tuwa ang mag-asawang Vasco nang makita si Sidie at Az. Pinigilan nila ang binata na bumalik sa bundok. Pero nagmatigas ito na kailangan niyang makauwi bago dumilim.

"Kung sa Puting Bato ka pa uuwi, pano ka makakapagsimula sa driving school?" ani Victor.

"Bahala na po, maghahanap na lang po ako ng magtuturo na pwedeng pumunta sa Puting Bato." sagot naman ni Sidie.

"Marami ka sigurong naiwang kayamanan don kaya ayaw mong malayo ng kahit isang gabi." natatawang biro ni Victor.

Napangiti si Sidie pero hindi na ito umimik.

"Hon, ihatid mo na ang dalawa pauwi. Malapit ng dumilim." paalala ni Alyssa.

"Oo nga. Tara Sidie."

Lumingon si Sidie kay Cassey. Tahimik lang ang dalaga habang ipit-ipit ng binti niya ang katawan ni Az.

"Pwede bang iwan mo si Az." malambing na pakiusap niya.

"Kung magpapaiwan siya." agad na tugon ni Sidie.

Tumayo na ang binata at lumabas para sundan si Victor na inilalabas na ang kotse mula sa garahe. Naging malinaw kay Cassey ang sagot nang makitang umalis sa harap niya ang aso at sumunod kay Sidie. Wala siyang nagawa kundi sundan na lang tingin ang pag-alis ng dalawa.

# KABANATA 8

Nagpunta sa Ospital si Gerald. Agad niyang tinanong mula sa anak kung saan galing ang vase na iyon.

"Di ko rin po alam dad eh. Pero bago lang po yun, dala ni Alfred nong mga nakarang araw lang." sagot ni Maureen.

Lalo lang nagulohan si Gerald.

"Pwede ko ba makita si Alfred?" tanong ni Gerlad. Tumango si Maureen at pumasok sa loob para ipaalam sa nanay ni

Alfred na gustong makita ng dad niya ang kalagayan ng asawa. Paglabas ni Maureen, hudyat iyon na pwede na siyang pumasok.

Agad na lumapit si Gerald sa pasyente. Nadurog ang puso niya nang makita ang kalagayan ng manugang. Maliban sa life support na nakasalpak sa bibig nito ay may mga bandage pa sa kaliwang pisngi ang manugang. Nilingon niya si Aling Letty na nakaupo sa tabi ni Alfred.

"Bakit may bandage siya sa mukha?"

"May mga pasa at sugat siya sa mukha sir."

"Nakita mo ba ang sugat at pasa niya?" usisa ni Gerald.

"Nakita ko sir. Pakurba po yong sugat eh. Muntikan pa nga tamaan ang mata niya." magalang na sagot ni Letty.

Tumalikod si Gerald at lumabas na ng kwarto. Kung tama ang hinala niya, ang vase na iyon ang nag-iwan ng pakurbang sugat at pasa sa mukha ni Alfred. Ipinukol ito sa kaniya na naging dahilan ng kaniyang pagkatumba at paggulong sa hagdan. Pero ang tanong sa isipan ni Gerald ay kung saan at kanino nanggaling ang vase na iyon. Kung pinukol ito sa kaniya saan nakapwesto ang salarin.

"Dad, ano pong update sa investigation?" tanong ni Maureen. Natauhan si Gerald.

"Naalala mo ba kung saan nakapatong ang vase na yon?"

"Opo. Sa may bintana ng kwarto namin." ani Maureen. "Bakit dad?"

"Ang vase na yon ang tumama sa mukha ni Alfred at naging dahilan ng head injury niya." diin ni Gerald.

"Dad, sigurado ka? Yon kasi ang dala ni Alfred nang lumabas siya sa kwarto namin." paniniguro ng anak.

Biglang napatingin kay Maureen ang dad niya. Bigla na lang lumabo ang kanina lang ay malinaw na takbo ng kaniyang imbestigasyon.

"Oo sigurado ako. Pero kung tama ka,....may posibilidad na naagaw ang vase mula kay Alfred at ginamit sa paghampas sa mukha niya." napagtanto ng pulis. "Pinasuri ko na ang mga basag na piraso ng vase sa Crime Lab bago ako pumunta dito. Kaya kung may mahanap ang team na mga finger prints maliban sa inyong dalawa ni Alfred, may prime suspect na tayo." dugtong niya.

Nagpaalam na si Gerald sa anak.

"Babalik ako mamaya, may kailangan lang akong puntahan." ani Gerald at naglakad na palabas ng ospital.

Lumapit naman si Paul at Bob sa kaibigan.

"Tama ba yong narinig namin?" salita ni Paul. "Pinokpok ng vase ang mukha ni Alfred?"

"Yun ang lumalabas sa imbestigasyon ni Daddy. Mukhang mali ang akala kong aksidente lang ang nangyari." sagot ni Maureen.

"Kung madilim sa hagdanan niyo, nakita kaya ni Alfred ang mukha ng may gawa nito?" nalulungkot na wika ni Bob.

"Sana." nasambit ni Paul. "Pero hindi pwedeng hintayin na lang natin na magising pa siya bago natin malalaman ang totoong nangyari." dugtong nito.

Napaluha na naman si Maureen. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya matanggap ang nangyari. Parang isang panaginip lang ang lahat — isang masamang panaginip. Inalalayan siya ng dalawa para makaupo. Ang pananatili ng dalawa sa tabi niya ay sapat na para mapawi ang lungkot na unti-unting bumabalot sa kaniya.

Dumiretso si Gerald sa bahay ng mag-asawa at muling tumayo kung saan natagpuan na nakadapa at dugoan si Alfred. Hugis letrang 'U' ang hagdanan na may dalawang pares ng tiglimang baitang at may talurang sa gitna. Base sa dugo na nakita sa dingding ng talurang, malaki ang posibilidad na humampas ang ulo nito sa dingding bago gumulong pababa. Walang nakitang mga basag na piraso ng plorera sa dakong itaas na mga baitang. Isang indikasyon na nakatayo si Alfred sa talurang nang tumama sa mukha niya ang plorera at saka siya natumba at gumulong.

Pilit na ipinikit ni Gerald ang mata niya at inilarawan sa isip ang maaaring nangyari nang gabing yon. Nakita niya ang pag-aagawan ng biktima at ng salarin sa plorera. Naagaw ng suspek ang plorera at hinampas ito sa mukha ni Alfred. Gumulong si Alfred pababa at huminto sa kaniyang harapan. Samantalang ang salarin ay mabilis na umakyat at pumasok sa isa pang kwarto, lumabas sa bintana at bumaba ng hagdan.

Napadilat si Gerald nang marinig niya ang pagring ng kaniyang cellphone. Dinukot niya mula sa bulsa ng kaniyang pantalon ang kaniyang cellphone at sinagot ang tawag mula sa Crime Lab. Ang tawag na hinihintay niya.

"Sir, may break na tayo sa kaso." nang boses sa kabilang linya.

"Anong nakuha niyo?"

"May limang fingerprint po kaming nakita, dalawa galing sa mag-asawa at ang isa ay galing sa isa sa mga suspek natin." saad ng pulis.

"Pano yong dalawa pa?"

"Unidentified pa sir, wala po sa database natin."

"Alin sa mga suspek natin ang nagmatch sa nakuha niyong fingerprints?" usisa niya.

"Si June Rivera sir."

Natigilan si Gerald. Hindi niya lubos akalain na ang pangalan na yon ang lilitaw na pangunahing suspek sa kasong ito. Ibinaba na niya ang tawag at lumabas na ng bahay ng anak. Nagmamadali siyang lumabas ng gate matapos maisara ang pinto. Sumentro ang tingin niya sa bahay na nakatayo sa kanto, isang bloke lang ang layo mula sa bahay ng anak. Ang bahay ni June Rivera. Ang suspek na nagsabing iginagala niya ang aso niya tuwing hapon sa katabing lote ng bahay ng mag-asawa.

Kahit anong gawin niya ay walang alinman sa nakalap niya mula sa crime scene ang umaakma sa pagkatao ni June Rivera. Nakatira ito sa magarang bahay, nag-iisang anak at tagapagmana ng negosyo ng pamilya, malaki ang pangangatawan na magpapahirap sa kaniya na magkasya sa maliit na bintana at higit sa lahat duda siyang kakayanin nitong makipagbuno kay Alfred.

Binuksan ni Gerald ang pinto ng police car na minamaneho niya. Plano niyang makita mismo ang mga fingerprints.

Pagdating sa presinto, nadatnan niyang naghihintay sa loob ng opisina si Cassey.

"Cassey,...napadaan ka." bati niya sa dalaga.

"Ano pong update sa investigation po ninyo? Baka may maitulong po ako." sagot naman ni Cassey.

"Ahh...tamang-tama may gusto akong malaman. Positibong naidentify namin na isang flower vase ang ginamit sa paghampas sa mukha ni Alfred...."

"Hinampas siya sa mukha?" takang putol ni Cassey sa iba pang mga detalye na gustong sabihin ni Gerald.

"Tsk...oo. Nakita ko mismo yong mga pasa at sugat niya sa mukha." malungkot ang tonong kompirma niya.

"Ano pong gusto niyong malaman?" maririnig sa tono ng pagtatanong ni Cassey ang pagnanais nitong tumulong.

"Ang sabi kasi sakin ni Maureen na dala ni Alfred yong flower vase na yon. Hindi naman niya natanong kung saan nito binili ang vase. May alam ka bang posibleng binilhan ni Alfred ng flower vase?"

"Anong vase yon tito?" bumilis ang tibok ng puso ni Cassey. Sana mali siya ng iniisip.

"Hindi siya ceramic eh...basta brownish yong kulay niya."

Napalunok si Cassey.

"Marmol po ba?" mahinang bigkas ni Cassey.

Napaupo si Gerald sa swivel chair habang nakapako ang tingin sa bisita niya.

# KABANATA 9

Inaresto at ikinulong si June Rivera. Wala itong nagawa kundi ang umiyak at magmakaawa na palayain siya. Iginigiit nitong inosente siya. Gayunpaman, pinayohan siya ng kaniyang abogado na manahimik muna at haharapin na lang nila sa korte ang kaso. Tiwala ang abogado na mahina ang kaso laban sa kaniyang kliyente. Hindi sapat ang mga ebidensiyang hawak ng pulisya para ipataw sa kaniya ang isang krimeng malayo niyang gagawin.

Nakokonsensiya si Cassey sa naging kinahinatnan ng kaso. Wala naman siyang ibang maiturong may motibo na gawin ito. Nakadagdag pa ang pagsisiwalat niya sa pinanggalingan ng plorera. Nakita niya mismo sa crime lab ang mga basag na piraso ng isa sa mga vase na gawa ni Sidie. Nakompirma rin sa huli na sa kanilang dalawa ni Bob ang nakitang dalawa pang fingerprint.

Lumipas ang isang linggo, nanatiling walang malay si Alfred. Unti-unti na silang nawawalan ng pag-asa na magigising pa ito. Umuwi pansamantala si Maureen para asikasohin ang mga natitira pa niyang trabaho. Nagdesisyon si Cassey na samahan siya sa pag-uwi. Alam niyang hindi magiging madali para sa kaibigan ang umuwi sa bahay kung saan nangyari ang insidente.

Tama siya, pagtapak pa lang nila sa harap ng gate ng bahay, halos mahimatay na si Maureen. Inakay pa nila ni Bob at Paul ang kaibigan papunta sa loob ng bahay. Nahimasmasan si Maureen kalaunan matapos painomin ni Cassey ng maligamgam na tubig. Pagbangon nito mula sa sofa ay agad na namang bumuhos ang luha. Lahat ng nakikita niya sa loob ng bahay ay nagpapa-alala lang sa kaniya ng mga pangyayari.

"Sabi ko na eh, dapat talaga hindi ako pumayag na umuwi ka dito." sermon ni Cassey sa kaibigan. "Ang tigas din kasi ng ulo mo. Kukunin lang natin ang mga gamit mo sa work then dadalhin ka na namin sa mom at dad mo." dagdag pa niya.

"Ok lang ako. Kaya ko naman." katwiran ni Maureen kahit nanghihina.

"No. Hindi pwede. Pano na lang kung tuloyan kang himatayin, anong magagawa naming tatlo?" tugon niya. Tumayo si Cassey at umakyat na sa ikalawang palapag. Gamit ang susi ni Maureen, binuksan niya ang kwarto ng mag-asawa. Kinuha niya mula sa maliit na mesa ang

laptop ng kaibigan at ilang mga paperworks na nakalagay sa dalawang folders. Wala pang limang minuto ay nakababa na siya dala ang mga gamit ng kaibigan.

"Tara na, ako ng bahalang magligpit at maglinis dito mamaya. Hindi ka rin naman makakapagtrabaho kung nandito ka." patuloy ni Cassey. Inalalayan ng dalawang binata ang kaibigan palabas. Si Paul ang nagmaneho at hinatid nila si Maureen sa bahay ng mga magulang nito.

Kinahaponan, huminto ang kotse ni Victor sa harap ng bahay ni Alfred at Maureen. Hinatid nito ang anak na na nagkusang siya ang maglilinis sa loob ng bahay at magliligpit ng mga naiwang kalat ng mag-asawa. Nagdesisyon si Victor na samahan saglit ang anak. Inumpisahan nila sa pagdidilig sa mga halaman sa garden ng mag-asawa.

Si Vic na ang nagkabit ng hose na gagamitin nila sa pagdidilig. Nakarating sila sa likod ng bahay kung saan nakatanim ang dalawang puno ng malunggay.

Napansin ni Vic ang nakasandal na hagdanan sa bubong ng bahay. Lumayo siya ng kaonti para makita ang mga bintana sa taas. Nakasara naman ang lahat ng bintana sa ikalawang palapag.

"Bakit dad." tawag pansin ni Cassey.

"Itong hagdan kasi naiwan nila dito sa....teka. Ito ba yong sinasabi ng mga pulis na maaaring dinaanan ng suspek sa nangyari kay Alfred?" napagtanto ni Vic.

"Yan nga siguro yon dad. Pero mukhang inilock na naman nila ang mga bintana sa taas." sagot ni Cassey.

Inangat ni Vic ang hagdanan mula sa pagkakadikit nito sa gutter ng bubong. Wala nakikitang yupi si Victor sa pinagdikitan ng hagdanan. Maliban dito ay may isa pang kapansin-pansin sa lahat.

"Nakabaliktad tong hagdan." bulong ni Victor.

"Ano yon dad?"

"Baliktad ang pagkakasetup sa extension ladder na to. Itatabi ko na, baka may madisgrasya pa." ani Vic at hinatak pababa ang extension ng hagdan at saka ito binuhat papunta sa garahe ng mag-asawa. Sinundan ni Cassey ng tingin ang ama.

Hindi niya maunawaan kung bakit sinabi nitong baliktad ang hagdanan. Hanggang sa nakita niya kung paano ito binaliktad ni Victor at isinandal sa may garahe. Nakita niya ang gomang nagsisilbing paa nito na nakalapat sa sahig.

Habang nakatingin si Cassey sa hagdan, iniisip niya kung paanong nabaliktad ito ang posibilidad na dito dumaan ang magnanakaw. Lumapit siya sa hagdan at sinubokang humakbang dito. Saka siya tumingala.

"Dahan-dahan." paalala ni Vic.

"Dad, anong mangyayari kapag umakyat ako dito?"

"What do you mean?"

"For example, ako yong suspek tapos umakyat ako sa baliktad na hagdan, anong mangyayari?"

"Makakaakyat ka pa rin. Pero unsafe nga lang. Pwedeng tumagilid ang hagdan at mahihirapan kang bumaba. Bakit?"

"Naisip ko lang...."

"Kung sinasabi nilang diyan siya dumaan, malabo yon anak, sa laking tao ng suspek hindi siya kakayanin ng baliktad na hagdan. Saka kung diyan siya dumaan, oh di sana may yupi yong....oo nga no?"

Nagkatitigan silang mag-ama ng ilang segundo.

Itinigil na nila ang pagdidilig at kaagad na pumasok si Cassey sa loob ng bahay. Saka siya umakyat sa ikalawang palapag. Dumiretso siya sa isa pang kwarto kung saan maaaring dumaan ang salarin. Nakalock na ito mula sa loob. Malinis ang paligid ng bintana, wala siyang nakikitang bahid ng anumang dumi mula sa pwersahang pagpasok dito.

Sumunod sa kaniya si Victor.

"Masyadong nagpokus sila Tito Gerald sa crime scene, pero yong entrance at exit ng suspek, ni hindi nila napansing baliktad ang hagdan." yamot na bigkas ni Cassey.

Lumingon si Vic sa kwarto ng mag-asawa at pinihit ang door knob ng pinto.

"Bukas?"

"Hindi ko po siguro nalock kanina ng kinuha ko yong laptop ni Maureen." aniya.

Tinulak ni Victor ang pinto ng kwarto.

"Dad, wag ka na diyan. Kwarto nila yan." saway ni Cassey sa kaniya.

Muling sinara ni Victor ang pinto ng kwarto.

"So,....what's next?" pakli ng ama.

"Tulongan niyo na lang po akong labhan yong mga cover ng sofa nila at magpunas ng mga bintana." sagot ni Cassey.

"Tara game." masiglang sagot ni Vic.

Tinanggal ni Cassey ang lahat ng cover ng sofa at isinalang ito sa washing machine. Saka sila nagtulongan ng ama na magpunas ng hagdan at saka ng mga bintana. Pagkatapos niyang maisampay ang mga sofa cover ay sumunod siya sa dad niya na nagpupunas na ng hagdan.

"Ako na po sa mga bintana." aniya at umakyat papunta sa alurang.

Malapit ng mag-alas sayis ng gabi kaya madilim na ang paligid. Tinigil saglit ni Cassey ang pagpupunas ng mga bintana at tumayo para hanapin ang switch ng ilaw sa hagdan.

Umakyat siya para hanapin ito pero wala sa taas ang switch ng ilaw. Kaya bumaba siya para hanapin ito sa gilid ng hagdan. Nang biglang may liwanag na tumama sa mukha niya. Napalingon siya sa bintana kung saan ito nanggaling.

# KABANATA 10

"Ah ang mga streetlights po?" tanong ng security guard ng subdivision.

Hindi kalayuan sa guardhouse, nakatayo lang si Vic. Lihim itong nakikinig sa usapan ng anak at ng mga gwardiya.

"Nakatimer yang mga yan ma'am. Automatic silang bumubukas pagpatak ng alas sayis ng gabi." patuloy pa ng gwardiya.

"Ah sige po. Salamat po ulit sir." magalang niyang tugon at paalam.

Naglakad silang mag-ama pabalik sa bahay nina Alfred. Huminto si Cassey sa tapat ng poste ng ilaw. Nakatayo ito malapit sa bakod ng bahay. Tumatagos sa bintana ng hagdanan ang liwanag na nagmumula rito. Tinabihan ni Vic ang anak habang nakatingin ito sa poste ng ilaw.

"Pwede ko bang malaman kung anong nasa isip mo?" malumanay na basag ni Vic sa katahimikan na nasa gitna nila. Hindi nakasagot ang dalaga. Pumikit si Cassey at hinayaang dumaloy ang luha sa kaniyang mata. Napansin ni Vic ang hindi pangkaraniwang pagtahimik at pamumula ng mata niya.

"Anak bakit?"

Tinuyo ni Cassey ang nangingilid na mga luha.

"Wala to dad, nasilaw lang ako sa streetlight." aniya.

"Wag mo kasi titigan." biro ni Victor.

Napangiti siya.

"Sa mga moth po ako nakatingin."

"Alam mo ba kung bakit lumalapit ang mga moth sa maliwanag na mga bagay?" tanong ng dad niya.

Napatingin si Cassey ng diretso sa mata ni Victor.

"Dahil nagagandahan sila sa ilaw? Wala rin akong idea?" napangisi niyang sagot.

"No one knows. In fact, kahit ang mga entomologist, hindi rin sigurado kung bakit."

"Ano pong naiisip nilang posibleng dahilan?"

"Sabi nila, dahil napagkakamalan ng mga moth ang mga ilaw na buwan, na ginagamit nila sa pagnanavigate. Sabi rin nila, posible na dahil nakakarecognize ng ultraviolet rays ang mga insekto dahil sa ito yong mga nakikita nila sa mga bulaklak during pollination, akala nila

pagkain ang ilaw. Yong isa pang possibility, baka napagkakamalan nilang mate yong nirerelease na infrared reflection ng mga ilaw."

"Kuya Kim ikaw ba yan?" biro ni Cassey. Nagtawanan silang dalawa.

"Actually, galing yan lahat sa mommy mo." natatawang paglilinaw ng ama. "May mga bagay talaga sa mundo na kahit anong gawin natin, hindi natin kailanman mauunawaan kung bakit. They just exist." patuloy pa nito.

"Sinasabi niyo po ba na iembrace na lang natin yong existence nila sa buhay natin?"

"Hindi naman. Kailangan lang na di tayo titigil sa pag-observe. Hanggang sa ireveal nila mismo sa atin ang sagot sa mga tanong natin."

Naunawaan na ni Cassey. Hindi pa ito ang panahon para maging sigurado siya sa mga iniisip niya.

Sa tamang panahon, kung kailan handa na siya.

Kinabukasan, isang magandang balita ang bumungad sa umaga nilang lahat. Nakatanggap si Cassey ng tawag mula sa nanay ni Alfred. Nagising na raw ang kaibigan.

Napasugod silang lahat sa ospital. Pagdating ni Cassey sa Ospital nandoon na ang lahat. Dalawang tao lang ang pinayagan na makapasok sa loob. Pagpasok ni Cassey sa kwarto, naroon na si Maureen. Hawak ng mahigpit ang kamay ng asawa habang patuloy sa pagpahid sa mga luhang kusang dumadaloy sa pisngi nito.

Nakita niya ang paggalaw ng mga mata ni Alfred pagpasok niya. Tumitig ito sa kaniya at bahagyang bumuka ang bibig nito. Para bang may gusto itong sabihin pero hindi pa nito kayang magsalita. Walang maririnig, maliban sa malalim na hugot ng paghinga.

"Anong sabi ng doktor?" agad na tanong niya.

"Masaya sila dahil nagising na siya. Alam ko namang hindi siya basta susuko." sagot ni Maureen. Hinimas ni Cassey ang likod ng kaibigan.

Tumingin si Cassey sa mga mata ni Alfred.

"Wag mo munang isipin ang mga nangyari ha. Magpalakas ka muna. Maghahike pa tayo." aniya.

Ngumiti ang mga mata ng kaibigan. Indikasyon na unti-unti ng bumabalik ang ulirat nito.

Nagpaalam na muna siya pansamantala sa kaibigan. Nang sa ganon ay mabigyan din ng pagkakataon ang iba pa na naghihintay sa labas.

Pagtalikod ni Cassey ay nagulat siya ng yaposin siya ni Maureen at sabayan siya nito sa paglabas. Napangiti na lang siya. Pumalit sa kanilang dalawa sina Paul at Bob.

Paglabas nila sa kwarto, bigla siyang niyakap ng mahigpit ni Maureen. Nabasa ng luha nito ang kaniyang balikat.

"Hindi ko lang masabi habang nakikinig siya pero sabi ng doktor...." humagulhol si Maureen, pilit na nilalabanan ang bugso ng damdamin. "Malaki ang chance na hindi na siya makakalakad at makapagsalita."

Napahigpit ang yakap ni Cassey sa kaibigan.

"Nagkakamali din naman ang mga doktor sa diagnosis nila. Kaya wag na muna nating isipin yan ok. Ang importante nagising na siya."

Hinaplos ni Cassey at hinalikan ang buhok ng kaibigan. Ayaw niyang pangunahan ang mga mangyayari, ang alam lang niya, hindi si Alfred ang tipo na madaling sumuko.

Natagpuan na naman ni Sidie ang sarili sa harap ng bahay ng pamilya Vasco. Tanghaling tapat at tirik ang araw. Gaya ng dati, tahimik pa rin ito at wala siyang ibang naririnig kundi ang hingal ng malaking aso sa tabi niya.

Iniisip niya kung dapat ba niyang itext ulit si Cassey. Balak niyang magpa-enroll na sa Driving School at hilingin na sana ay payagan siyang mag-aral sa kabundokan. Kung saan anumang oras ay makakabalik siya agad sa kaniyang lungga.

Napalingon siya nang huminto di kalayuan sa kaniya ang isang pamilyar na sasakyan. Bumaba mula sa kotse si Victor.

"Sidie. Hi Az." napaunat ang aso at marahang lumapit kay Vic habang pakawag-kawag ang buntot. Lumuhod si Vic at inipit ng dalawang palad niya ang pisngi ng aso. Tumayo siya at lumapit kay Sidie na hindi gumalaw ng kahit isang hakbang sa kinatatayoan nito.

"Wala si Cassey eh. Pero pwede kitang dalhin sa kaniya."

"Nasaan po siya?"

"Ok lang naman siya, wala siyang sakit, pero naaksidente kasi yong kaibigan nila kaya nasa ospital siya ngayon." saad ni Vic. Iniiwasan niyang mag-alala ito.

"Sinong kaibigan?"

"Si Alfred."

Nakita ni Victor ang bahagyang pagbuka ng bibig ni Sidie at ang pagyuko ng ulo nito.

"Pwede po ba akong pumunta?" tanong ng binata.

"Oo naman. Hintayin mo ako, may kukunin lang ako sa loob, balik agad ako." paalam niya at dalidaling pumasok ng bahay.

Pumasok si Victor ng Ospital dala ang isang Coffee Maker. Lumapit siya sa anak at binulongan ito.

"May bisita ka, naghihintay sa labas. Dalawa sila, kaso hindi pwedeng pumasok yong isa kaya,....puntahan mo na lang." ani Vic at siniko ng marahan ang braso ng anak.

Natigilan saglit si Cassey, sinundan niya ng tingin ang daddy niya bago niya naintindihan ang ibig nitong sabihin. Napangiti na lang siya at nagmadaling lumabas ng Ospital.

Malayo pa lang ay kita na niya ang nakalabas na ulo ni Az sa bintana ng kotse. Halos tumatagilid na ang sasakyan sa bigat nito. Umikot siya sa likoran ng kotse at nakita sa side mirror si Sidie na nakasandal sa front seat. Nakapikit ito habang nakikinig sa lumang tugtogin sa radyo.

# KABANATA 11

Nakabukas ang bintana at tumutugtog sa radyo ang kantang Amazed ng Lonestar. Marahang lumapit sa front seat si Cassey. Napansin siya ni Az at parang mabangis na hayop itong nagwala sa loob ng kotse.

Napadilat si Sidie at nakita sa side mirror si Cassey na nakatingin sa kaniya. Nagkasalubong ang tingin nila sa side mirror.

Bahagyang ngiti ang bati ng dalaga sa kaniya bago napadako ang atensiyon nito sa asong gustong kumawala sa kulongan nito. Umaalog ang sasakyan sa ginagawang paroo't-parito ng aso.

"Az, stay." saway ni Cassey sa aso.

Kumalma naman ito at naghintay na buksan niya ang pinto.

Pagbukas niya, sinalubong siya ng pagdila nito. Kahit anong gawin niyang iwas at tulak sa bibig nito, nakakalusot pa rin ang dila ni Az sa pisngi niya. Tahimik na nagmamasid lang sa kanila si Sidie.

Napalingon si Cassey sa front seat nang bumaba ang binata.

"Pwede ko ba makita si Alfred?" tanong ni Sidie sa kaniya.

Naglaho ang ngiti sa labi ni Cassey.

"Of course. Pasok ka lang sa Ospital, ako na muna bahala kay Az."

Sumulyap lang ito sa kanilang dalawa ng aso at tumalikod na.

"Buti ka pa Az, may pakiss ka pa sa akin. Yong amo mo, nagmana sa mga estatwa niya. Pero sa susunod, magtoothbrush ka naman." naibulong niya idinikit sa ulo niya ang bibig nito.

Malayo pa lang ay nakita na ni Sidie ang kaway ni Victor at Bob sa kaniya. Nawala ang kaba niya na baka nasa maling direksiyon siya.

Sinamahan siya ni Bob sa loob ng kwarto. Nandoon nakaupo sa tabi ni Alfred ang nanay nito. Lumabas na rin si Bob pagkalapit niya sa mag-ina.

"Ano pong nangyari?" tanong ni Sidie kay Letty.

"Napokpok siya ng vase sa ulo kaya nahulog siya sa hagdan." sagot ng ginang.

Gumagalaw ang mata ni Alfred, naluluha ito nang makita siya.

"Ang totoo niyan, yong binili ko sa'yo na vase ang tumama sa mukha niya. Yong may disenyong bundok at araw." saad ni Letty.

Nabahala si Letty sa titig ni Sidie sa kaniya. Hindi ito kumukurap at bigla na lang naluha ang mata. Tumalikod ang binata sa mag-ina na walang anumang salita ng pamamaalam.

Paglabas ay lumapit ito kay Victor.

"Tito, alam niyo po ba kung saan dinala ang mga nabasag na vase na tumama kay Alfred?" walang ano-ano'y tanong nito. Hindi agad nakasagot si Vic.

"Tito saan?!"

Nagulat si Victor at ang lahat ng mga nandoon sa pagtaas ng boses ni Sidie.

"Ahmmm, baka nasa Police Station. Bakit?" nauutal na sagot ni Vic.

Tuloyan ng lumayo ang binata sa kanila. Nagkatinginan na lang si Vic at Bob.

"Anong nangyari don?" usisa ni Paul na abala sa paglalagay ng kapeng barako sa Coffee Maker.

Napakibit-balikat na lang si Victor at umasang may makukuha siyang kasagotan mula sa anak kalaunan.

Dumaan sa harapan ng sasakyan si Sidie. Nagtatakang sinundan siya ng tingin ni Cassey. Lumampas lang kaya ito o may iba itong gustong puntahan?

Napansin ni Cassey ang patuloy na pagpupunas nito ng luha habang naglalakad palayo.

"Sidie!" tawag pansin niya pero diretso pa rin ito sa paglalakad na parang walang naririnig.

"Sidie! Sidie!"

Bumaba na siya ng sasakyan nang makitang wala itong balak huminto. Napalingon siya sa entrance ng ospital nang makitang lumabas si Bob at Paul.

"Anong nangyari don?" usisa ni Cassey.

"Well parehas tayo ng tanong." sagot ni Paul. "Kaya rin kami lumabas kasi baka alam mo kung bakit."

"Hindi kaya nalungkot siya masyado sa nakita niyang sitwasyon ni Alfred?" opinyon ni Bob.

"Maybe yes, maybe not. Pero kung ano man yon, I'm sure na mas concern siya sa vase." salita ni Paul.

"Anong vase?..." natanong ng dalaga.

Ilang sandali pa, tumunog ang cellphone ni Cassey. Si Gerald ang tumatawag.

"Hello po tito."

Napasugod sa presinto ang tatlo. Naaabotan nilang pinipigilan ng mga pulis na makapasok si Sidie sa loob. Habang si Gerald ay pilit na pinapakiusapan ang binata na umalis na.

Lumapit na si Bob at Paul kay Sidie at pilit na hinatak ang braso nito palayo sa entrance ng presinto.

Napatakip na lang ng bibig sa pag-aalala si Cassey. Nagawa ni Bob at Paul na ilayo siya sa kamay ng mga pulis bago pa mawalan ng respeto ang mga ito kay Gerald at tuloyan ng posasan ang nagwawalang kaibigan nila.

Nasaksihan ni Cassey sa kauna-unahang pagkakataon ang ibang bahagi ng pagkatao ni Sidie. Binanggit na ni Gerald ang dahilan ng pagsugod nito sa tawag. Pero wala silang magagawa, hindi nila pwedeng basta-basta na lang ibigay kay Sidie ang isang mahalagang ebidensiya. Dahil lang sa gusto nitong makuha ang isang bagay na napakahalaga sa kaniya.

Hindi maunawaan ni Cassey kung saan nanggagaling ang emosyon na yon. Ganon na lang ang pagmamahal ni Sidie sa mga obra niya anupa't parang nabasag na rin ang bahagi ng puso nito. Iniisip niya kung  anong mapapala ni Sidie kung sakaling makuha niya ang mga basag na mga pirasong iyon. Imposible nang mabuo pa niya ito ulit.

Dinala nila ang binata sa tahanan ng mga Vasco. Nahimasmasan na ito pero lugmok pa rin ang itsura. Para itong sinapian ng demonyo kanina lang, tapos ito ngayon at balik ito sa pagiging maamong tuta.

"Pasensiya na kayo sa nangyari." biglang salita nito pagkatapos ng ilang oras na pananahimik.

"Hayaan mo na. Andon naman si Gerald." pampalubag loob ni Vic.

"Nawalan ako ng kontrol sa sarili ko. Hindi ko dapat ginawa yon."

Tinabihan ni Victor ang binata at tinapik ang balikat nito.

"Hayaan mo na. Samahan na lang kita sa Driving School."

Tumayo si Sidie at dinampot ang bag nito.

"Saan ka pupunta?" usisa ni Vic.

"Akala ko sasamahan niyo po ako sa driving school?" sagot nito.

Natawa si Vic at sinenyasan ang mag-ina niya na aalis na siya para samahan ang binata.

Tahimik lang na nakaupo sa gilid si Cassey. Pakiramdam niya ay marami pa siyang hindi alam tungkol kay Sidie. Bigla niyang naalala si Alfred.

Kung paano ito nahirapan sa sitwasyon nilang mag-asawa. Marami pa itong hindi alam tungkol kay Maureen.

"Mom." salita niya para tawagin ang pansin ng ina.

"Yes dear."

Umupo si Alyssa matapos makitang umalis na ang asawa kasama si Sidie. Hinarap nito ang anak niya.

"Gaano niyo po kakilala si Dad before ng marriage ninyo?"

Napangiti si Alyssa sa tanong niya.

"Mga 30-40% lang ng pagkakakilala ko sa kaniya ngayon."

"Ibig sabihin, ang laki ng pinagbago ni Dad?"

"I don't think so. Narealize ko na hindi ko pa pala talaga siya kilala. Bakit mo naitanong. Who's the lucky guy?" nanunoksong kindat pa ni Alyssa.

"Wala ok. Curious lang ako." katwiran niya.

"Sabi nga nila, pag mahal mo daw ang isang tao, para kang bumili ng isang album ng kanta ng paborito mong banda." saad ng mom niya. "Hindi lahat ng kasamang kanta sa album magugustohan mo. Pero you'll buy it anyway."

Bigla siyang nakaramdam ng kilig sa narinig niya galing sa ina. Para itong magandang lyrics ng kanta na tumagos sa puso niya.

# KABANATA 12

Nagpasama si Cassey kay Bob papunta sa presinto. Habang nasa dadaan ay hindi siya mapakali, ang bilis ng tibok ng kaniyang puso. Nabalitaan kasi niyang lalaya na si June Rivera. Galing silang dalawa sa bahay ni Alfred at Maureen. Tinulongan nila ang mag-asawa sa pagdadala sa mga gamit mula ospital pauwi.

Lumipas pa ang dalawang araw bago pinayagan ng mga doktor na makauwi si Alfred kasama ang asawa nito.

"Ooppsss dahan-dahan lang." ani Maureen habang ibinababa ng dalawang binata ang asawa na nakaupo sa wheelchair.

Makikita sa mukha ni Alfred ang saya nang makatapak ulit ang paa niya sa bakuran ng kaniyang bahay. Mas lalo pang lumiwanag ang mukha nito nang yakapin na siya ng kaniyang asawa bago pa nito itulak ang wheelchair papasok sa loob ng bahay nila.

Nagkatinginan ang magbabarkada. Napanatag ang loob nila kahit papaano at nakauwi na ang kaibigan. Bagaman may natitira pa ring lungkot dahil sa matatagalan pa siguro bago ito makakalakad at makakapagsalita.

Si Gerald na rin ang nakipag-usap sa abogado ng mag-asawa. Iniurong na nila ang kaso laban kay June Rivera sa hiling na rin ni Alfred.

"Bakit mo ba gustong makausap pa ang suspek, makakalaya na naman siya ngayon?" tanong ni Bob habang nagmamaneho.

"Para humingi ng tawad sa ginawa nating...."

"Hindi natin kasalanan yon, mga pulis ang dapat humingi sa kaniya ng tawad." katwiran ni Bob.

"Nakokonsensiya ako."

"Ikaw bahala, basta ako, magpapaiwan lang ako sa sasakyan."

Tahimik na lang si Cassey hanggang sa nakarating sila sa presinto.

Bumaba siya para salubongin si June Rivera kasama ang mga magulang nito.

"June." tawag niya.

"Ako nga pala si Cassey, friend ni Alfred, gusto ko lang humingi ng pasensiya sa mga nangyari."

Nagkatinginan ang mga magulang nito nang marinig ang sinabi ng dalaga.

"Ayos lang,...pareho lang naman kaming victim ni Alfred dito. Siya nga ang pinakakawawa. Balita ko nakauwi na rin siya." kalmadong sagot nito. Hindi kakikitaan ng pagngiti at wala ring anumang galit sa mukha nito.

"Oo, hinatid namin kanina."

"Sige Cassey, may hinahabol pa kaming reservation sa isang restaurant." anito at tumalikod na.

"Wait lang." pigil niya.

Napahinto ito sa paglalakad pero hindi na lumingon.

"Gusto ko lang malaman kung bakit nakita ang fingerprint mo sa vase?"

Humarap ito sa kaniya na nakangiti. Saglit lang ang ngiti na yon at nawala rin ito sa mukha niya.

"Si Alfred ang tipo ng taong babatiin ka pag nakita ka niya. That day, it happened na nong dumating siya dala ang vase, ipinakita niya to sakin. Sabi niya, iyon na raw ang pinakamahal na vase na nabili niya kaya naconvince niya ako na hawakan ang vase at tingnan ang mga detalye na nakaengraved don."

Napangiti na rin si Cassey.

"Oo nga pala, nagtanong rin siya sakin kung saan makakabili ng mga bulaklak para sa vase, napuntahan ba niya yong nirecommend kong garden?" patuloy pa ni June.

Natigilan saglit si Cassey.

"Ah oo. Nakabili siya." pilit ang ngiti niyang sagot.

"Great. Sayang nabasag na yong vase. Papano,..." sumenyas ito na aalis na sila.

Tango na lang at ngiti ang naging sagot ni Cassey.

Unti-uting dumaloy ang mga luha sa pisngi ni Cassey nang hindi man lang niya namamalayan. Mabilis niya itong pinahiran gamit ang mga daliri nang maramdaman niya ang paglapit ni Bob sa kinatatayoan niya.

"Anong sabi?" usisa ni Bob.

"Tara Bob, balik na tayo sa bahay nila Maureen." aya niya at hindi pinahalata sa kaibigan ang pamumula ng mata niya.

Pagkarating ay agad na pumasok si Cassey sa bahay ng mag-asawa. Nandoon sa baba si Paul at Alfred na nanonood ng pelikula.

"Si Maureen?" bungad niya.

Napatingin sa kaniya si Alfred. Samantalang si Paul ay hindi man lang lumingon habang hawak ang remote control at naglilipat ng channel.

"Nasa taas." sagot ni Paul habang nakapokus pa rin ang tingin sa TV.

Bumilis ang mga hakbang ni Cassey para akyatin sa second floor ang bestfriend niya.

Nang biglang may naramdaman siyang kamay na humawak sa kaniyang braso. Pinipigilan siya sa paghakbang pa ng isa.

Paglingon niya nakasalubong niya ang titig ni Alfred. Umiiling ito habang naluluha.

Pinilit niyang igalaw ang kaniyang kamay, pero hindi ito natitinag. Hanggang sa tuloyan na niyang inalis ang pagkakahawak nito gamit ang isa pa niyang kamay.

Iniwas ni Cassey ang tingin kay Alfred at pumanhik na sa taas.

Nadatnan niyang naglalagay ng mga bulaklak si Maureen sa isang vase na nandoon. Napalingon ito sa kaniya saglit pero bumalik din ang tingin sa vase na hawak nito.

"Ang bango nong mga bulaklak na pinili mo. Gusto ko ang amoy non. Itong nabili ko kanina tingnan mo parang tuyot na agad. Saan niyo nabili yon?" usal ni Maureen habang nakatalikod. Hindi sumagot si Cassey.

Kaya nilingon siya ni Maureen. Nagtaka ito kung bakit nakatayo at lumuluha ang kaibigan.

"Bes bakit?" takang tanong ni Maureen.

Nagpatuloy lang sa pagtitig si Cassey, habang hinahayaan ang bawat patak ng luha na dumaloy sa pisngi niya.

"So, dalawa pala ang vase niyo dito sa kwarto." bigkas ni Cassey.

"Bes bakit? Ano bang nangyari, sabi ko naman sa'yo na wag ka ng makipagkita pa kay June."

"Ang tanong ko ang sagotin mo Maureen." mabigat ang pagkakabigkas niya.

Napaatras si Maureen at inilapag ang vase.

"Hindi kita naiintindihan?" kinakabahan na sagot nito.

"Hanggang kailan mo itatago ang ginawa mo. Maureen alam ko na lahat, ng ginawa mo sa asawa mo." puno ng hinanakit na bigkas ni Cassey. "Wala ka ba talagang balak aminin ang ginawa mo? Maureen tama na." pasigaw na buhos ni Cassey sa nararamdaman niya.

Narinig ito ng tatlo sa baba. Kaya agad na napaakyat ang dalawa. Naiwang lumuluha at walang magawa si Alfred kundi ang pakinggan ang komosyon sa pagitan ng dalawang babaeng malapit sa kaniya.

Agad na pumasok si Bob at Paul sa kwarto.

Nadatnan nilang niyayakap ni Maureen si Cassey. Habang walang tigil naman sa paghampas sa balikat nito ang kamay ni Cassey. Ayaw bumitaw ni Maureen sa pagyakap kahit pa nasasaktan na ito sa mga palo at hampas ni Cassey. Kapwa silang walang tigil sa pagluha.

"I'm sorry." paulit-ulit na bulong ni Maureen na handang tanggapin at tiisin ang bawat hampas sa kaniya ng kaibigan.

# KABANATA 13

Dalawang araw ng hindi pumapasok si Cassey. Hindi man lang ito lumalabas ng kaniyang kwarto. Nakabaon ang mukha sa unan. Tinatamad bumangon at tila wala sa sarili. Hindi pa rin ito nakamove-on sa mga nangyari nitong mga nakaraang araw. Hindi pa rin siya makapaniwala na tama lahat ng nasa isip niya. Umasa pa naman sana siya ng magandang twist sa mga pangyayari. Pero wala, nangyari na ang mga hindi dapat mangyari.

Inamin ni Maureen sa kanilang tatlo ang totoong nangyari ng araw na iyon. Nakaupo si Maureen sa kama, samantalang si Cassey ay nakapatong ang ulo sa computer desk sa tabi niya. Habang ang dalawang binata ay nakatayo lang na nakasandal sa pintoan.

"Saan ba ako magsisimula?" ani Maureen habang pinupunasan ang kaniyang luha. "I'm so stupid." bulong pa nito at napangiti sa sarili.

"Pinangunahan ako ng selos nang makita ko kayong magkaangkas sa motor. That day nagpahatid ako sa ka-officemate ko pauwi. Gusto kong ayosin ang hindi namin pagkakaunawaan ni Alfred. Gusto kong bumawi sa kaniya. Pero out of nowhere, bigla na lang sumulpot sa tabi ng sinasakyan ko si Alfred at kaangkas ka. Sinundan namin kayo, at nakita ko kung paano kayo magtinginan sa isa't-isa, ang matamis na mga ngiti niyo." salaysay ni Maureen. Tahimik lang na nakikinig ang tatlo.

"Tapos nakita ko na may dala kang bouquet ng mga flowers. Something na never pa ginawa sakin ni Alfred. Then,....nagdinner date pa kayong dalawa. Dala mo pa rin yong bouquet paglabas niyo ng restaurant. Kaya naisip kong inaahas ako ng sarili kong bestfriend. Which,...nangyayari naman talaga sa ngayon. So ang ginawa ko...." hindi na kinaya pa ni Maureen na pigilan ang sariling emosyon. Kusang nanigas ang panga niya at humagulhol siya ng iyak.

Pareho na ring naluha si Bob at Paul. Hindi alam ng dalawa ang gagawin. Pareho silang nagulat sa mga rebelasyong nagaganap.

"Hindi ko ginusto ang mga nangyari,....sana mapatawad niyo ako." iyak nito.

Napabuntong-hininga ito bago nagpatuloy.

"Pag-uwi ni Alfred, sinalubong ko siya sa hagdan and I....I threw the vase straight to his face."

"Nakita ko na lang si Alfred na gumulong sa hagdan. Dugoan at walang malay. At nakita kong may hawak siyang bouquet,....that moment, saka ko lang narealize na mali ako ng inakala. I was so wrong." puno ng pagsisisi na pag-amin niya.

Pagkatapos niyang magsalita ay tumayo at bumaba na si Cassey, diretso itong uwi at hindi na lumabas pa ng kwarto niya. Hinahatiran na lang ito ni Alyssa ng pagkain sa labas ng pinto.

Si Bob at Paul ay naiwang nakatulala. Hindi pa rin sila lubos makapaniwala na magagawa iyon ni Maureen. Kahit pa sabihing dala lang ng selos.

Kapwa nila iniwan si Maureen na walang tigil sa paghagulhol. Pagbaba nila ay nakita nilang dalawa si Alfred. Naghihintay sa kanilang dalawa at halata ang pamumula ng mga mata dahil sa pag-iyak. Napaupo ang dalawang binata sa sofa. Habang nakatingin sa isa't-isa.

Paano nila magagawang iwanan si Alfred sa ganitong sitwasyon. Kung nagawa nga nitong patawarin ang asawa sa kabila ng ginawa nito, sino naman silang mga kaibigan lang niya para hindi kayaning magpatawad.

Samantala, di kalayuan sa bahay nila ay makikita sa loob ng isang basurahan ang mga tangkay at tuyong mga bulaklak galing sa bouquet na tinapon ni Maureen.

Nakarinig ng doorbell si Victor. Agad siyang lumabas para tingnan kung sino iyon. Napangiti si Victor nang makita ang hindi inaasahang bisita. Hapon na at malapit ng lumubog ang araw pero, heto sa harapan niya si Sidie.

"Pasok." tanging nasambit niya.

"Andiyan po ba si Cassey?" tanong ng sinusundan niyang binata.

"Ah...nandon sa taas. Pero maysakit eh." dahilan niya.

Namanglaw ang mukha ng binata.

"Kumusta na po siya."

"Ok na naman. Baka bukas din ay papasok na yan sa trabaho." sabay ngiting sabi ni Vic.

"Pwede niyo po ba akong samahan para bumili ng sasakyan?" pakli ni Sidie.

"Oo naman. Saglit lang....magbibihis lang ako."

"Baka pwede rin pong samahan niyo akong imaneho ang sasakyan paakyat."

Napahinto si Vic.

"Ibig sabihin dadalhin mo na ngayon yong sasakyan?"

"Ganon na nga po."

Napaisip si Vic.

"Hon sige na. Samahan mo na. Andito naman ako." singit ni Alyssa sa usapan nila.
"Sige."

Pagkabili nila ng brand new na pickup, ang buong akala ni Vic ay siya ang magmamaneho ng sasakyan ni Sidie paakyat. Pero nagkamali siya. Gusto lang pala nitong magpasama kung sakaling hindi niya kayanin ang paahon.

Napakapit si Victor sa seatbelt at sa upoan sa ginagawang pagmamaneho ng binata. Hindi niya akalaing ganito ito kabilis matuto ng pagmamaneho. Matapos lang ang isang linggo na pag-aaral ng driving sa kabundokan ay animo'y nakikipagkarera na ito kay kamatayan.

"Pauwi ka ba talaga, biyaheng langit ata to eh." pabirong bigkas ni Victor na lalo pang hinihigpitan ang kapit niya.

Kinagabihan ay si Victor na ang nagluto ng dala nilang karne ng baboy mula sa bayan. Inihaw niya ito matapos imarinate. Saka sila naghaponan ni Sidie.

"Kumusta pala kayo ng anak ko." biglang tanong ni Victor matapos ang ilang minutong katahimikan sa pagkain nila.

Nakapatong sa mga kawayang nakatusok sa gilid ng mga tunnel ang mga gaserang nagbibigay liwanag sa pagkain nila.

"Maayos naman Tito." hindi pinag-isipang sagot ni Sidie.

"Alam mo bang may gusto sa'yo ang anak ko?"

Natigilan si Sidie. Napatigil ito sa pagnguya.

"Nasa pag-uusap naman ninyo yan. Pero gusto ko lang malaman mo na, alam ko ang mga nangyayari sa inyo ng anak ko."

"Wala naman pong nangyayari sa amin." seryosong sagot ni Sidie.

"Hindi, ang ibig kong sabihin,....hayaan mo na nga." natatawang tugon ni Vic at pinagpatuloy ang pagkain.

Pinagmasdan ni Victor ang mukha ni Sidie. Tuloyan na nga kayang nawala sa katauhan nito si ISHI? Kung totoo man ang sinasabi sa kaniya ng anak niya, sa totoo lang ay hindi niya alam kung matutuwa ba siya o malulungkot. Kung totoo ito, masaya siya para sa binata. Maging sa mga kaibigan niyang sina Sid at Helen. Ngunit sa kabilang banda, ay nalulungkot siya para sa anak. Makakaya kaya nitong tanggapin ang katotohanan na maaaring wala itong nararamdamang pagmamahal para sa kaniya? Handa na nga kaya si Cassey na tanggaping hindi na ito ang binatang minahal niya noon?

# KABANATA 14

Kinatok ni Victor ang anak sa kwarto nito. Maaga siyang nakauwi galing sa bundok. Sumakay na lamang siya ng habal-habal pauwi. Paulit-ulit ang katok ni Victor sa kawarto ni Cassey ngunit walang sumasagot sa kaniya.

Nagsimula siyang kabahan, at agad na hinablot ang susi sa sala para buksan ang kwarto ng anak. Sinabayan siya ng asawa niya na nagsisimula ng manalangin.

Pagkabukas ng pinto ay nadatnan nila si Cassey sa loob na bagong ligo at nakaharap sa computer nito. Nakaheadset pala dalaga kaya hindi sila nito marinig.

Napalingon si Cassey sa kanila sabay tanggal ng headset niya. Nakita niya ang pag-aalala sa mukha ng mga magulang.

"Hi,...kumusta." salita ni Victor. Samantalang si Alyssa ay lumapit na sa nakaupong anak at niyakap ito mula sa likuran.

"Anong breakfast mom?" tanong niya at pinatay na ang kaniyang computer.

"Ahmmm, nagprito ako ng tilapia at egg." malambing ang boses na sagot ni Alyssa.

"Fluffy Scrumbled?"

"Yup."

Tumayo si Cassey at nilagay na sa bag niya ang kaniyang laptop. Nilingon niya saglit si Victor na nakatayo malapit sa pinto.

"Ok na ako dad." aniya.

Napatango at napangiti ang ama niya.

"That's my girl." tugon nito.

Sinara na ni Alyssa ang pinto ng kwarto at sabay silang bumaba para mag-agahan.

Si Victor na ang naghatid sa anak sa trabaho nito.

"Ingat." pahabol ni Victor habang sinusundan niya ng tingin ang paglayo ng anak mula sa sasakyan.

Nakaramdam siya ng awa dito. Naalala niya rin si Alfred at Maureen. May tiwala naman siyang hindi pa huli ang lahat para ayosin ng dalawa ang pagkakaibigan nila.

Mabilis ang naging hakbang ni Cassey, may naghihintay daw sa kaniya na isang pickup sa labas ng opisina nila. Tanghalian na at dinig na niya ang kaniyang gutom. Mukhang kilala na niya kung sino ang bisita niya. Narinig niya kasi ang pag-uusap ng daddy niya at ni Sidie. Malayo pa lang ay hindi na mawala ang ngiti sa kaniyang labi.

Pagdating niya sa parking lot ng office nila, hinanap niya ang itim na pickup truck sa paligid. Nagulat siya ng biglang huminto mula sa kabilang direksiyon ng kaniyang paningin ang isang Switchblade Silver Chevrolet Colorado. Ibinaba ng driver ang salamin.

"Sakay na." anang driver.

"Bob." nasambit niya.

"Sa dad ko to hiniram ko lang. Gutom ka na di ba?" saad ni Bob.

Isang pilit na ngiti ang sumilip sa kaniyang labi.

"Wow, mukhang bago ah." aniya.

"Halika na."

Binuksan niya ang front seat at sumakay na.

"Bigatin ka na ah. Parang kahapon lang owner type jeep pa ang minamaneho mo." biro niya.

"Hiniram ko nga lang to. Boring sa bahay kaya naisipan kong kumain sa labas kasama ka." nakangiting sagot sa kaniya ni Bob.

Dinala siya ni Bob sa paborito nitong seafood restaurant.

"So kumusta ka na?" tanong sa kaniya ng kaibigan nang makaupo na sila sa napili nilang table. Napatitig siya kay Bob ng ilang segundo bago sumagot.

"Ok na ako."

"Naniniwala naman ako. Kaya lang, kailan mo siya balak kakausapin."

Napabuntong-hininga siya.

"Hindi ko pa alam." sagot niya.

"FYI pala, magsisimula na bukas ang therapy ni Alfred." pakli ni Bob.

"Mabuti naman kung ganon. Para mapabilis ang rehabilitation niya."

Naagaw ang atensiyon nila sa paglapag ng waiter sa mga order nilang salted shrimp at buttered garlic tahong.

Pagbalik ni Cassey sa opisina ay hindi mawala sa kaniyang isip ang inis sa sarili. Si Bob ang kasama niya kanina pero ibang tao ang nasa isip niya. Marahan niyang pinalo ang sarili niyang noo.

Nagulat siya ng biglang may humampas sa desk niya.

"Grabe naman yong gulat." reaksiyon ng officemate niyang babae na nakalugay lang ang buhok hanggang kilikili.

"Ano yon?" tanong niya.

"Punta ka raw muna sa reception. Receive mo muna daw yong delivery para sa reception area."

"Bakit ako? Feature Editor ako dito baka nakakalimotan mo." pabiro niyang dahilan sa katrabaho niya.

"Ikaw daw hinahanap nong nagdeliver. Ganda ka rin talaga ano? Pang-ilan na si Kuyang delivery today?" ganting sungit-sungitan ng kaopisina niya.

"Sure ka?"

"Oo nga. Puntahan mo na dali."

Hindi pa rin maisip ni Cassey kung sino itong nagdeliver ng para sa reception area ng opisina nila at hinahanap siya.

Palinga-linga siya sa paligid hanggang sa nakita niyang nakaupo sa reception ang isang pamilyar na mukha. Nakaalalay ang kamay nito sa nakatayong sculture ng isang greek mythology god na may hawak na trident.

Nakacoverall suit pa ito at may suot na pares ng leather gloves sa kamay.

Napatayo ang bisita niya nang makita siyang papalapit.

"Akala ko kung sino." hindi na niya naitago ang ngiti niya.

Inabot sa kaniya ni Sidie ang isang pahinanang papelis na nakadikit sa isang folder.

"Paperma." anito.

"Nabayaran na ba yan?" tanong niya nang mahawakan niya na ang papelis.

"Tapos na."

"Malaki tiwala sa'yo ng mga kliyente mo ah."

"Di ko rin alam kung bakit." napangising sagot ni Sidie.

Pinirmahan na ni Cassey ang dokumento.

"Received." aniya sabay abot pabalik kay Sidie ang folder.

"Salamat ha. Pasabi na lang kay Ma'am Diana." anito at tinalikoran na si Cassey.

"Sidie sandali." pigil niya rito.

"Ano yon." lingon ng binata.

"Ingat pauwi." aniya. Ngumiti si Sidie bilang tugon at tuloyan ng naglaho sa kaniyang paningin.

Napatingin na lang siya sa naiwang marmol na estatwa na nakatayo sa harap niya. Halos kasing tangkad lang niya ito.

Napangiti siya sa pag-iisip na nagiging kamukha na ni Sidie ang estatwa habang tumatagal ang pagtitig niya rito.

Tapos naisip niyang ito nga pala ang dahilan ng pagbabalewala sa kaniya ng binata. Wala na itong ginawa buong araw kundi ang maglilok ng mga walang buhay na mga tipak ng bato. Lumapat ang mga daliri niya sa pisngi ng estatwa.

"Anong magagawa ko kung mas gusto niya ang gwapo mong mukha." bulong niya sa sarili.

Bigla niyang pinalo ang sariling bibig.

"No....mali ako ng iniisip. Ano ba tong naiisip ko." inis niyang usal at tinalikoran na ang estatwa.

Bumalik siya sa pwesto niya habang pilit na inaalis sa kaniyang isipan ang maling kaisipan tungkol kay Sidie. Tinakpan niya ang kaniyang tenga at pumikit para alisin ang kaisipang paulit-ulit na bumubulong sa kaniya.

Nagtatakang napatingin sa kaniya  ang iba pa niyang katrabaho.

# KABANATA 15

Nagising si Sidie isang umaga dahil sa ingay na nanggagaling sa labas ng tunnel. Hinanap niya si Az sa paligid pero hindi niya makita maging ang anino nito. Kinuha niya ang isang itak na nakatarak sa malupang pader ng kweba. Maingat siya sa bawat hakbang na ginagawa niya.

Natanaw niya sa labas si Az na nakatali ang mga paa at nakabusal ang bibig. Napatakbo siya sa labas.

Paglapit niya sa alagang aso ay narinig niya ang isa-isang paglabas ng mga armadong lalaki sa paligid.

"Taas ang kamay. Luhod." utos ng lider ng grupo.

"Sir, anong ginawa kong mali?" naiiyak niyang tanong habang sinusunod ang utos ng mga ito.

"Sa amin wala, pero sa kalikasan meron." anang boses sa likuran niya.

Napalingon siya sa pinangagalingan ng boses. Pero nakatakip ang mga mukha ng mga ito kaya imposible makakuha siya ng pagkakakilanlan.

"Pinadala kami ng Protected Area Management Board ng DENR dito para ipaalam sayo na ang lugar na ito ay isa ng Protected Area. Mula ngayon ay ipinagbabawal na ang ginagawa mong pagkuha ng mga marmol mula sa kabundokan at ang pagtira mo dito sa kagubatan." saad ng lider ng grupo.

"Anumang pagtatangka at paglaban sa utos na ito ay pwedeng mong ikapahamak. Kaya sumama ka na lang sa amin ng maayos."

Tumayo si Sidie at maayos na sumama sa kanila. Pinagtulongan naman ng iba pang buhatin ang aso niya.

Nabalitaan ni Cassey ang nangyari kay Sidie kaya pinuntahan niya ito sa lugar na tinext nito sa kaniya. Nagkita sila sa isang parke. Nakapark sa di kalayuan ang pickup ng binata. Kung saan naghihintay si Az.

"Anong plano mo ngayon?" usisa ni Cassey.

"Di ko alam. Maghahanap na lang muna siguro ako ng ibang pwedeng pagkakitaan." malungkot ang tono niyang sagot.

"Ano kaya kung don ka muna sa farm. Pwede kang magtayo ng sarili mong shop don." payo ni Cassey.

"Ano namang gagawin ko?"

"Ahhhh, instead na marmol, subokan mo ang kahoy at clay o kaya ceramic." ideya niya.

Natahimik si Sidie.

"Bahala na, pero babalik ako sa tunnel." sambit niya.

"Ano ka ba, baka mahuli ka nila. Gusto mo bang makulong?" inis na saway ni Cassey.

"Kung mahuhuli nila ako."

Natatakot si Cassey para kay Sidie. Sa tono ng pananalita nito ay halatang wala na siyang magagawa para mapigilan pa ang binata sa balak nitong gawin.

Kinabukasan ay nangyari na nga ang ikinababahala ni Cassey, nahuli ito ng mga Forest Ranger at dinala sa presinto. Dali-daling nagbigay ng piyansa si Victor para makalaya ang binata. Dinala niya ito sa farm niya.

Habang nasa biyahe ay wala sa sarili si Sidie. Tahimik lang ito at nakatanaw labas ng bintana.

Nakangiting sumalubong sa kanila si George.

"Welcome back Ishi." bati ni George nang lumabas na ang binata sa kotse.

"Sidie." pagtutuwid ni Victor.

"Oo nga pala. Kumusta tol?" patuloy pa ni George. Hindi man nagtapon ng tingin si Sidie. Walang imik itong naglakad kasama si Az.

"Anong nangyari don ninong?"

"Mahabang kwento. Sabihin ko sa'yo mamaya." sagot ni Vic.

Sinundan nilang dalawa si Sidie.

Habang nagkalakad, biglang nagring ang cellphone ni Victor.

Si Sid ang tumatawag sa messenger niya.

Lumayo muna si Victor at George para magkaroon ng privacy ang mag-ama. Nagvideo call silang tatlo.

"Dad, gusto ko ng bumalik diyan. Sundoin niyo na ako." bumuhos ang luha ni Sidie.

Nahirapan si Sid sa paghagilap ng isasagot sa anak.

"Anak,...gusto namin." sagot ng ina niya. "Pero pag-isipan mo muna. Yan ba talaga ang gusto mong gawin?" dagdag pa ni Helen.

Pinahiran ni Sidie ang kaniyang mga luha. Napadako ang tingin niya kay Az.

"I love you mom." tanging naisagot niya.

"I love you too anak. Miss ka na namin ng daddy at kapatid mo." tugon ni Helen.

Nakaramdam ng awa si Victor sa kalagayan ni Sidie. Kahit sa malayo ay dinig niya ang saglit na pagbalik ni Sidie sa pagiging bata. Pagkakataong hindi niya madalas nakikita dito. Sa kabila ng lahat, nananatili pa rin ang pagiging bata nito kapag kausap ang mga magulang niya.

Lumabas si Sidie mula sa kubo para ibalik sa kaniya ang kaniyang cellphone.

"Dito ka na lang muna?" bilin ni Victor.

Tango lang ang naging sagot ni Sidie.

Pagtalikod ni Vic ay tinapik niya ang balikat ni George.

"Ikaw na bahala." bulong niya rito.

Mamaya pa ay dumating ang isang truck karga ang mga kahoy at lupang luwad. Mga materyales na pinadeliver ni Cassey para sa kaniya. May mga dumating din na mga set ng mga gamit sa paggawa ng mga banga at plorera.

Pinanood ni Sidie ang pagdiskarga ng mga ito sa bakuran ng kubo.

"Para saan yang mga yan?" usisa ni George.

Hindi umimik si Sidie, sa halip ay pumasok ito ng kubo at nagsara ng pinto.

"Ang sungit nito..." napakamot sa ulong usal ni George.

Maagang nagising si Sidie kinabukasan. Nakatayo siya sa harap ng tumpok ng mga kahoy.

Itinayo niya ang isang puno at sinimulan itong guhitan gamit ang isang lapis.

Pagkatapos ay inumpisahan niya na ang pagtapyas sa mga malaking parte nito gamit ang itak. Saka niya ginamit ang bagong dating na mga pait. Unti-unti niya itong inanyoan.

Nakita ni George ang ginagawa niya kaya sumilip ito habang nagkakape.

Maingat ang bawat pagtapyas niya sa kahoy. Iniiwasan niyang magkaroon ito ng bitak. Mas matibay ito kaysa sa inaakala niya. Hindi gaya ng marmol, hindi ito madaling mabiyak o madurog.

Napahinto siya saglit para pagmasdan ang inuukit niya. Idinikit niya ang pait sa gilid ng kahoy kung saan niya uukitin ang tainga nito.

"Aba ayos yan ah." bati ni George hawak ang baso ng kape. "Kape ka muna."

Nagpatuloy lang sa pagpokpok si Sidie sa matalas na pait.

"Matagal mo na bang ginagawa yan?" tanong pa ni George.

Nagulat si George nang biglang napalakas ang pagpokpok ni Sidie sa kahoy anupa't nagkaroon ito ng bitak. Isang mas malakas pa na hataw ng martilyo at tuloyan ng nahati sa gitna ang kahoy. Bumagsak sa lupa ang nahating kahoy.

Tumayo si Sidie at iniwan ang ginagawa niya. Napako sa kinatatayoan niya sa takot si George. Buong akala niya ay siya naman ang susunod na hahampasin ni Sidie ng martilyo sa ulo. Natapon ang kape niya dahil sa panginginig ng kaniyang kamay.

# KABANATA 16

Kumatok si Cassey sa pinto ng kubo kung saan natutulog si Sidie at Az. Tahimik ang paligid, at tanaw niya sa di kalayuan ang pagpapakain ni George sa mga tilapya at hito sa fishpond.

Naikwento sa kaniya ni George ang mga nangyari pagdating niya. Dala ni Cassey sa pagbisita ang ilang sako ng ceramic raw materials. Na siyang naisip niyang malaking tulong para makalimotan ng binata ang mga marmol sa kabundokan.

Walang sumasagot sa pagkatok niya.

Kumatok pa siya ng dalawa pang beses.

Bumukas ang pinto at tinamaan ng sikat ng araw ang mukha ng binata. Kumislap ang mga mata nito na parang mga diyamante. Nagpumilit na sumingit sa mga paa ni Sidie si Az. Pero pinipigilan siya ni Sidie na makalabas.

"Kumusta?" bungad ng dalaga.

Tumagos ang tingin ng binata sa mga sako-sakong raw materials sa likoran niya.

"Wag mo ng sayangin ang pera mo. Ayoko ng mag-ukit." salita nito sa pinakamalungkot na himig na narinig niya.

"Akala ko ba,...ito ang gusto mong gawin sa buhay mo?" tanong niya.

Tumitig ito ng diretso sa kaniyang mga mata.

"Ayoko na. Uuwi na lang ako ng Amerika." sagot nito.

*Slap!!*

Isang malakas na sampal ang tumama sa pisngi ni Sidie. Umangat ang tingin ng binata at nakita ang mga luhang dumadaloy sa mga mata niya.

"Ganon na lang yon? Sige umuwi ka. Wag ka ng babalik ha." may hinanakit na bigkas ni Cassey. "Siguradohin mong maglalaho ka na ng tuloyan."

Tinalikoran siya ni Cassey habang nagpupunas ito ng luha.

Napahawak sa pisngi niya ang binata habang sinusundan ng tingin ang paglayo ni Cassey.

Nakipagkita ang dalaga kay Bob. Sinundo siya nito sa may labasan dala ang owner type jeep nito.

"Saan tayo?" bagaman nagtataka sa biglaang pagkontak sa kaniya, ay hindi natanggihan ni Bob ang kahilingan ni Cassey. Una niyang napansin ang pamumugto ng mga mata ng kaibigan.

"Kung saan mo gusto?" sagot ni Cassey sabay kapit at akyat sa upoan.

Maya't-maya ang lingon ni Bob sa dalaga habang nagmamaneho. Pano siya makakapagpokus sa pagmamaneho gayong heto sa tabi niya ang isang babaeng umiiyak at hindi man lang niya matanong kung bakit. Napagpasyahan ni Bob na huminto sa isang bakanteng damohan sa gilid ng dagat. Umaasang magkikwento ito ng kusa sa kaniya.

Napalingon sa kaniya si Cassey nang bigla siyang nag-abot ng panyo. Tinanggap ito ng kaibigan at agad na pinampunas sa mga namumuong luha.

"Bob, maganda ba ako?" biglang salita ni Cassey.

Nailang si Bob sa malagkit na titig nito sa kaniya.

"Oo naman." iwas tingin niyang sagot.

"Oh di gusto mo ako?"

Napalunok ng laway ang binata. Paano niya itatanggi ang totoo niyang nararamdaman.

"Sino namang hindi magkakagusto sa'yo?" iwas pa rin ang tingin niyang tugon.

"Ano kaya kung tayo na."

Hindi maipaliwanag ni Bob ang nararamdaman niyang kaba. Nanaginip lang ba siya ng gising o katotohanan ito na hindi niya magawang tanggapin?

"Ano bang pinagsasabi mo, lasing ka ba? Hindi ka naman amoy..." napatigil siya nang ikawit ni Cassey ang kamay nito sa kaniyang leeg.

Umusod ito ng upo at idinikit ang katawan niya sa binata. Parang sinemento ang katawan ni Bob. Hindi siya makagalaw at nahihirapang huminga.

"So tayo na?" pabulong na bigkas ni Cassey. Hindi siya nilulubayan ng malagkit na titig nito sa kaniya. Naaamoy na niya ang sweet perfume ni Cassey.

Hinawakan ni Bob ang nakakawit na kamay ni Cassey at tinanggal ito mula sa leeg niya.

"Oo na, tayo na." aniya at inilayo ang sarili. Halos nakadikit na ang katawan niya sa pinto ng sasakyan makaiwas lang.

Bahagyang dumistansiya si Cassey at inayos ang pag-upo.

"Wala ng bawian yan ha." nakangising bigkas nito.

Agad na pinaandar ni Bob ang sasakyan niya para ihatid ang dalaga pauwi.

Pagdating nila sa harap ng bahay ni Cassey ay hinintay niyang bumababa ang dalaga. Nanatili silang nakaupo at hindi nag-iimikan.

"Kailan ang first date natin as official magjowa." basag ni Cassey sa ilang segundong katahimikan.

Tinitigan ni Bob si Cassey ng maigi. Diretso sa mga mata nito. Ang pinakadiretsong titig na nagawa niya sa buong buhay niya.

"Seryoso ka ba? I mean....anong masamang hangin ang pumasok diyan sa...utak mo?" hindi pa rin makapaniwalang saad ni Bob.

"Bakit ayaw mong maniwala? Ano ka ba, yan na ang normal ngayon, mga babae na ang nanliligaw sa lalaki. Ang totorpe niyo naman kasi." nakangiti pang katwiran ng dalaga.

Napakunot-noo si Bob. Hindi ito ang Cassey na nakilala niya.

"Alam mo, bumababa ka na. Pinaprank mo lang yata ako."

"Ano bang gusto mong gawin ko para maniwala kang seryoso ako." ani Cassey at inilapit pa ang labi niya kay Bob.

"Tita! Tito!" sigaw ni Bob. "Sige, ituloy mo yan, isusumbong kita. Ang lakas ng trip nito." may halong inis na tapat ni Bob sa kaniya.

Bumaba na si Cassey. Umikot ito papunta sa harap niya.

"Bye Babe." paalam ni Cassey.

Napangiwi si Bob.

"Pumasok ka na." saway niya rito. Binuksan ni Cassey ang gate ng bahay nila at nagpakawala pa ng flying kiss kay Bob bago ito isinara.

"Catch." sigaw ni Cassey.

Hindi na naitago pa ni Bob kilig at ngiti nang tuloyan ng mawala sa paningin niya ang kaibigan. Sa loob ng maraming taon na nakilala niya si Cassey, ito na ang naging batayan niya ng mga katangiang hinahanap niya sa isang babaeng gusto niyang makasama habang buhay. Ang babaeng kaniyang liligawan.

Hindi sa ganitong paraan at panahon. May pinagdadaanan si Cassey, malinaw ito sa kaniya. Kung sa paraang ito lang niya pansamantalang mapapangiti at mapapasaya ang kaibigan, gagawin niya. Kung gaya ng iniisip niya ay isang biro lamang ang lahat ng ito,

handa siyang maghintay hanggang sa maging katotohanan ang lahat. Sa panahon at paraang mapapanatag siya.

Pagpasok ni Cassey sa kwarto niya ay parang baliw itong tumatawa ng mag-isa.

Ibinagsak niya ang sarili niya sa malambot na kutson.

"Kala mo ha. Marami pang iba diyan na magmamahal sa akin, hindi lang ikaw." bulong niya sa sarili.

Hindi rin nagtagal at naglaho ang mga ngiti sa kaniyang labi at napalitan ito ng lungkot pagluha. Umalingawngaw sa loob ng kwarto ang kaniyang paghagulhol.

# KABANATA 17

*Fast forward...*

Nagustohan ni Bob ang konsepto ni Cassey ng pakikipagrelasyon. Heto at susundoin niya si Cassey, hindi bilang kaibigan kundi bilang kasintahan.

Ilang buwan na rin ang lumipas mula ng iwasan ni Cassey na makipagkita kay Sidie. Ang inaakala niyang biro lang ay nagpatuloy. Sa isang iglap lang at heto at alam na ng lahat na may relasyon sila. Hindi sigurado si Bob kung kanino nanggagaling ang balitang kasing bilis ng ipo-ipo na kumakalat. Pero isa lang ang sigurado niya, seryoso siya kay Cassey.

Alam niya ang kwento sa likod ng biglaang pagbabago ng ihip ng hangin, pero dahil umaayon ito sa kaniya ay pinili niyang damhin ang hampas nito.

"Gusto mo daan tayo sa farm niyo. Check lang natin si Sidie kung kumusta na." may halong biro na sambit ni Bob.

"Hatid mo na lang ako sa bahay. Hindi pa ako ready na makipagkita sa kaniya." tutol nito.

"Ilang months na ba, may 3 months na siguro no..."

"Wala akong paki ok." reaksiyon ni Cassey.

Napakibit-balikat na lang si Bob at itinuon ang pansin sa kalsada.

Dumaan muna sa palengke si Bob dahil may naisipan siyang bilhin bilang pasalubong kina Victor at Alyssa.

"Nagustohan nila Tito yong dala kong seaweeds nong nakaraan. Kaya dadaan muna ako saglit para bilhan sila ulit." paliwanag niya sa pag-iba nila ng daan.

Naghintay lang sa owner type jeep si Cassey habang si Bob ay pumasok na sa wet market.

Pascroll-scroll lang sa social media app niya si Cassey nang dumaan sa harap niya ang isang Ale na may kalong na isang clay pot. Hindi niya ito pinansin nong una pero nang makita niya ang desinyong araw, bundok at mga puno sa gilid ng pot, napatitig siya ng husto sa hawak ng ale.

Dumaan pa sa harap niya ang sa tingin niya'y anak ng ale, dala naman ang isang ceramic na banga. Katulad ng clay pot, may desinyo rin ang banga na araw, bundok at tatlong puno sa baba ng bundok.

Napababa siya sa sasakyan at hinabol ang ale.

"Ate sandali lang po." tawag pansin niya rito.

Huminto ang mag-ina nang mapagtanto nilang sila ang tinatawag ng dalaga.

"Pwede po bang malaman kung saan niyo po nabili yan?" usisa niya.

"Don sa lalaking may itim na pickup."

Bumilis ang tibok ng puso niya.

"Saan po siya nakapwesto?" sunod niyang tanong.

"Don lang sa may kanto. Ang mumura kasi kaya napabili ako. Pero mukha siyang mamahalin." anang Ale.

Walang sinayang na sandali ang dalaga, ni hindi na ito nakapagpasalamat sa mag-ina. Patakbo niyang tinungo ang itinuro sa kaniyang direksiyon.

Umaasa siyang maaabotan niya ang taong nasa isip niya, pero nabigo siya. May ilang piraso ng balat ng puno ng saging siyang naabotan sa pwesto na iyon pero wala na ang taong may dala nito.

"Saan ka galing? Muntikan na kitang iwan, akala ko nainip ka at nauna na." ang sabi ni Bob ng makasakay na siya.

"May sinilip lang akong tinda sa kabila." aniya.

Hindi na pinansin pa ni Bob ang katwiran niya at pinaandar na ang sasakyan.

Hindi mapakali si Cassey. Posible kayang, si Sidie nga ang lalaking nagbenta ng mga iyon. Gusto niyang malaman ang sagot, pero wala siyang lakas ng loob na magpakita dito. Sariwa pa rin sa alaala niya ang mga pangyayari.

Kinabukasan ay nagtaka si Bob kung bakit gusto ni Cassey na magpahatid sa palengke sa halip na dumiretso ng uwi. Naghintay si Bob ng halos isang oras sa parking lot bago nakabalik si Cassey. May dala itong dalawang set ng hanger na tig-iisang dosenang.

Bagaman nagtataka ay di na umimik pa si Bob.

Kinabukasan ay nagsabi ulit ang dalaga na dadaan siya sa palengke. Paglipas ng mahigit isang oras ay bumalik ito sa sasakyan dala ang isang pares ng flip-flop sandal na kalimitang ginagamit sa loob ng bahay.

Sumunod na araw ay humiling ulit ang kasintahan niya na dadaan ito sa palengke.

Paglipas ng isang oras at kalahati ay bumalik ito dala ang isang baston ng sabong panlaba.

"Alam mo, ako nakakahalata na. Pwede mo namang bilhin yan sa sari-sari store sa inyo,...." alma ni Bob nang sumakay na ang kasintahan.

"Hindi ko gusto ko yong brand ng sabong panlaba nila." katwiran nito.

"Ganon din yan. Basta bumubula."

Nawalan na ng pag-asa si Cassey na maaabotan pa niya si Sidie sa pwesto nito. Naging mailap ito sa kaniya at tila ayaw magpakita. Hindi na niya alam kung ano ang dapat na isipin.

Paglipas ng isang linggo, paglabas ni Cassey sa trabaho, nadaanan niya sa reception area ang isang bust sculptor ng isang lalaki na gawa sa kahoy. Nilapitan niya ito at umikot siya para makita ang mga detalye ng pag-ukit dito. Hanggang sa napunta siya sa harapan nito. Tinitigan niya ito sa mata. Napaaatras siya ng maramdamang nakatitig din ito sa kaniya. Kinilabotan siya sa pakiramdam na sinusundan siya nito ng tingin nang makalayo na siya.

"Excuse me manong guard, saan galing yong bust na yon?" tanong niya sa nakaduty na gwardiya sa entrance sabay turo sa tinutukoy niya.

"Ah,...dala po yan Ma'am nong lalaking nakacoverall." sagot ng gwardiya.

"Saan na siya?"

"Kakaalis lang ma'am. Baka nasa parking lot pa."

Agad niyang tinulak ang salamin na entrance at binilisan ang mga hakbang. Pagdating niya sa parking lot, siya namang pagdating ni Bob dala ang kotse ng dad nito.

Nagbukas ng salamin ng bintana si Bob.

"Si Sidie ba yong nakasalubong ko galing dito?"

Nagmadaling umikot si Cassey at sumakay na sa front seat.

"Nakita mo siya? Sure ka?" interesadong usisa ni Cassey.

"Di ko sure . Pero mukhang siya. Kailan pa siya natutong magmaneho..."

"Dali sundan natin..." putol ni Cassey sa mga sasabihin pa ni Bob at nagmamadaling sinuot ang seatbelt.

Hindi gumalaw si Bob. Nakayuko ito at nakatitig sa manobela.

"Kala ko ba gusto mo na siyang iwasan?" usal ni Bob.

Napabuntong-hininga si Cassey.

"I'm sorry. Nakita ko lang kasi yong...sculpture niya...gawa sa kahoy kaya..."

"Hayaan mo na." tugon ni Bob.

"Bakit nga pala ito ang dala mo ngayon." pakli ni Cassey.

Napangiti si Bob at tumingin sa kaniya.

"Baka kasi maisipan mo namang dumaan sa palengke para bumili ng napkin kaya ito na ang dinala ko. Para naman may Aircon." biro nito.

Natawa si Cassey. Pilit, pero ito na ang pinakamagagawa niya sa sitwasyong iyon.

# KABANATA 18

Inikot ni Bob ang paligid ng palengke sa paghahanap sa kasintahan. Buti na lang at ang dala niya ay ang pickup ng dad niya. Matao ng hapon na yon kaya mabagal ang pag-usad niya.

Hindi na niya naabotan pa ang kasintahan sa pinagtatrabahoan nito. Ang sabi ng gwardiya nag-out daw ito ng maaga.

"Saan naman kaya..." naibulong niya sa pagkainis.

Binubusinahan na niya ang mga humaharang sa dinadaanan niya.

Matapos maipit sa mabagal na usad ng mga sasakyan at pagdagsa ng mga tao, nakalampas rin sa wakas si Bob.

Sa bandang likuran ng palengke, malapit sa isang Elemetary School, nakita niya ang kanina pa niya hinahanap. Nakaupo ito sa isang waiting shed. Palinga-linga sa paligid at halatang may inaabangan.

Hinintoan niya ito sa tapat mismo.

Napatayo si Cassey nang makita nito si Bob sa loob ng sasakyan.

"Sorry, hindi na kita nainform..." hingi ng pasensiya ng kasintahan ng makasakay na ito.

"Anong ginagawa mo dito? May inaabangan ka ba?" sunod-sunod na tanong ni Bob.

"May..." nauutal na sagot ni Cassey.

"Si Sidie?" singit ni Bob.

Natahimik si Cassey.

"Pwede mo namang sabihin sakin. Ihahatid pa kita don." seryoso ang tono ng pananalita ni Bob.

"Gusto ko lang naman na makita kung siya ba talaga ang gumagawa nong mga vase at mga..."

"Cassey pwede kang magsabi ng totoo. Alam ko naman na sa simula pa lang extra lang ako sa buhay mo. Pumayag ako sa setup na to, hindi dahil sa wala akong alam,...alam ko. Alam ko namang kahit kailan imposibleng,...imposibleng mahalin mo ako gaya ng pagmamahal mo kay Sidie." mahinahon nitong bigkas. Walang pagdiriin at walang halong pagkainis.

Napaiyak na lang si Cassey sa tabi niya.

Dinukot niya ang isang panyo mula sa kaniyang bulsa saka niya ito inabot sa kasintahan.

"Sabihin mo lang kung may balak ka pang iextend tong setup na to. Willing akong mag-emergency exit anytime." patuloy pa ni Bob.

Hindi tinanggap ni Cassey ang panyo. Narinig na lang ni Bob ang tunog ng pagbukas ng pinto at ang pagsara nito. Nagpatuloy pa rin sa pag-iyak si Cassey habang naglalakad papalayo.

Nakaramdam ng pagkaawa si Cassey kay Bob. Pakiramdam niya, ginamit lang niya sa Bob para matakpan ang kalungkotan sa likod ng kaniyang mga ngiti. Naging mabait at maalagang boyfriend si Bob sa kaniya sa loob ng ilang buwan na relasyon nila. Kaya lalong bumibigat ang pakiramdam niya.

Sinundan siya ni Bob. Marahan lang ang pagpapatakbo nito para masabayan siya sa paglakad niya.

Nagpatuloy si Bob sa pagsunod sa kaniya hanggang sa makarating siya sa bahay nila. Hindi man lang niya ininda ang layo ng nilakad niya pauwi. Hindi na niya nagawang lumingon pa kay Bob. Pagdating niya sa loob ng bahay, agad na sinalubong ng yakap ni Cassey ang ina. Umiyak siya sa balikat nito.

Matapos makitang ligtas na nakauwi si Cassey, binagtas ni Bob ang daan patungo sa farm ni Victor. Madilim na ang paligid pero ang nagbabagang kahoy na nangagaling sa isang pugon ay kita niya mula sa malayo. Abala sa pagsasalang ng mga clay pot ang taong sadya niya.

Napatigil si Sidie sa pagluluto nang makita ang di inaasahang bisita.

"Magandang gabi." bati ni Bob kay George na naghahasa ng itak nito malapit sa umaagos na tubig mula sa hose.

Hinango muna ni Sidie ang luwad na lutoan bago hinarap si Bob.

"Kumusta pre." bungad ni Bob.

"Ayos lang naman. May kasama ka?" ani Sidie na tinatanaw pa mula sa kinatatayoan niya ang pinanggalingan nitong sasakyan.

"Wala, mag-isa lang ako." anito.

"Napadalaw ka?" tanong ni Sidie habang binubuhosan na ng tubig ang nagbabagang uling sa pugon.

Saglit na natahimik si Bob. Hinahagilap kung paano niya sisimulan ang sadya niya.

"Akala ko umuwi ka na ng Amerika?"

"Nakakatamad magproseso ng mga papelis..."

"Oo nga. Mahaba ang pila ngayon sa embassy." sang-ayon ni Bob.

"Kaya ka ba pumunta dito dahil kay Cassey?"

Hindi naihanda ni Bob ang sarili sa tanong ni Sidie. Hindi nito inasahang mauunahan siya.

Pareho silang umupo sa mahabang upoan na gawa sa kawayan sa lilim ng malaking puno ng mangga.

"Well yes. Tama ka."

"Bakit ka niya pinapunta rito?" usisa ni Sidie.

"Ang totoo niyan ako ang may gustong sabihin sa'yo. Labas si Cassey sa mga sasabihin ko."

Hinintay ni Sidie ang mga sasabihin ni Bob.

"Makikinig ako." aniya.

"Tapatin mo nga ako, may gusto ka ba kay Cassey? Mahal mo rin ba siya?"

Sinulyapan siya ni Sidie.

"Kaya mo ba tinatanong yan dahil sa may relasyon kayo o bilang kaibigan?" sagot ng binata.

Napangiti si Bob.

"Gusto ko lang malaman mo na handa akong ibigay siya sa'yo."

"Pag-aari mo ba siya?" tugon ni Sidie.

"Ngayon oo. Pero alam ko namang darating din ang araw na babalik siya sa'yo."

"Walang isa man sa ating dalawang ang nagmamay-ari sa kaniya. Hayaan na lang natin na si Cassey na ang magdesisyon para sa sarili niya."

"Sidie ikaw ang nagmamay-ari ng puso niya. Gaano ba kahirap na aminin sa kaniya kung ano talaga ang nararamdaman mo."

"Madaling mabasag ang isang flower vase na gawa sa clay . Hindi dahil sa kulang ito sa pagkaluto sa pugon. Kundi dahil sa gawa ito sa lupa. Kapag hindi mo ito naingatan, madali tong mabasag." sagot ni Sidie.

"Anong ibig mong sabihin?" nagugulohang tanong ni Bob.

"Pag-isipan mo na lang pag-uwi mo." aniya.

Tumayo na si Sidie at naglakad papunta sa kubo.

"Alam ko kung sino ang nagpaalis sa'yo sa Puting Bato." bigkas ni Bob.

Napahinto sa paghakbang si Sidie at napalingon ito sa kaniya.

"Hindi na ako interesadong malaman kung sino pa sila. Gustohin ko mang makabalik sa Puting Bato, wala na akong magagawa. Gobyerno na ang nagsabing bawal na akong umakyat don."

"Nagkakamali ka ng iniisip. Aminin mo lang sakin kung mahal mo rin ba si Cassey, sasabihin ko sa'yo kung sino ang nasa likod ng pagpapaalis sa'yo." saad ni Bob.

Hindi na nakahakbang pa papalayo si Sidie matapos marinig ang mga inamin ni Bob sa kaniya.

Gaano katotoo ang mga sasabihin nito at dapat nga ba niya itong paniwalaan. Handa ba siya sa mga pwede niyang malaman?

# KABANATA 19

Nilakasan ni Cassey ang loob niya na puntahan si Sidie sa shop nito kinabukasan. Nasa isip niya ang lahat ng napag-usapan nila ni Bob. Handa na siyang marinig mula kay Sidie ang katotohanan at harapin ito.

Nadatnan niyang nagkalat sa bakuran ang mga basag na mga banga at ilang piraso ng mga palayok. Hindi maganda ang kutob ni Cassey sa nadatnan niyang itsura ng paligid.

Tinulak niya ang pinto ng kubo. Bumukas ito.

Nasa loob si Sidie, nakaupo sa kawayang higaan at nakasandal sa dingding. Nakatingin ito sa kaniya, hindi, nakatingin lang ito sa kawalan. Namumugto ang mga mata. Halatang hindi pa ito nakatulog ng gabing iyon.

Sinalubong siya ni Az sa may pintoan, kaya hinimas niya muna ito sa ulo at hinaplos ang tainga nito.

"Az Stay." utos niya. Tumalima naman ang aso.

Pumasok si Cassey at umupo malapit sa paa ni Sidie.

"Kumusta." bati niya sa pagtatangkang bagohin ang malungkot na himig ng kapaligiran.

Nakatitig lang sa pintoan ang mga namagang mga mata ni Sidie. Mas malungkot ang mga mata nito ngayon kaysa sa una nilang pagkikita. May mga tanong siya sa isip, pero tila napakabigat nitong bigkasin.

Hindi napansin ng dalaga ang tuloyang pagdaloy ng namumuong luha sa kaniyang mga mata.

Inangat at inilapit niya ang kaniyang kamay para hawakan ito sa braso.

"Pano mo nagawa sakin to?" pabulong na salita ng binata. Napahinto si Cassey at napilitang ibaba ang kaniyang kamay.

Dumaloy sa pisngi ni Sidie ang natirang kaisa-isang patak ng luha.

Napaawang ang bibig ni Cassey. Hindi niya maintindihan kung ano ang ibig nitong sabihin.

"Totoo ba,..." patuloy nito, saka lumingon sa kaniya at tumitig ng diretso sa mga mata niya. "Totoo ba na ikaw ang gumawa ng paraan para mapaalis ako sa Puting Bato." may kirot sa bawat letrang binibigkas nito.

Nabigyan na ng kasagotan ang mga tanong niya.

"Ginawa ko lang naman yon dahil..."

"Tama na. Yan lang ang gusto kong malaman." putol ni Sidie sa paliwanag niya. Tumayo ang binata at lumabas ng kubo. Sinundan siya ni Cassey.

"Akala ko mas magiging maayos ang buhay mo kung nandito ka sa siyudad, mas maaalagaan ka namin, mas mababantayan..."

"Di ba sabi ko, ok na. Hindi ko kailangan ng mga paliwanag mo. Pwede ka ng umalis." muling pigil nito sa pagpapaliwanag niya.

"Malilimotan mo rin ang mga marmol. Pwede ka pa rin namang magpatuloy sa pag-uukit...."

Lumapit si Sidie sa mga magkapatong na mga ceramic na banga at ilang piraso ng palayok na nakapatong sa papag.

"Ito ba pinagmamalaki mo?" anito sabay dampot sa isang palayok.

Nagulat si Cassey ng binagsak ito ni Sidie sa lupa. Nagkapira-piraso ang palayok. Tinapakan pa niya ito pagkatapos.

"Mga walang kwenta. Putik at kahoy na inaanay." bulong nito.

Dumating si George at agad na lumapit kay Cassey, inilayo siya nito mula kay Sidie. Nasaksihan na ni George ang galit ni Sidie kagabi kaya natatakot ito sa mga pwedeng magawa ng binata sa anak ng amo niya.

Hindi tumigil sa pag-iyak si Cassey habang lumalayo sila sa binata.

"Kilala mo ba kung sino ang nakaaway niya kagabi?" tanong ni Cassey kay George.

"Bob po tawag niya eh. Yong may pickup na kulay silver." sagot nito.

Pinunasan ni Cassey ang luha niya.

Kinompronta ni Cassey si Bob nang magkita sila sa pinagtatrabahoan niya.

"Sinabi ko lang ang totoo sa kaniya." katwiran ni Bob.

"Kaya mo ba to ginawa dahil gusto mong tuloyan ng lumayo sakin si Sidie?" diretsahang tanong ni Cassey.

"Wala akong alam sa mga sinasabi mo. Pumunta ako sa kaniya dahil sa gusto kong aminin niya kung may gusto ba siya sa'yo para malaman mo na rin ang totoo. Ayoko lang na patuloy kang pinapaasa nong tao." paliwanag ni Bob.

"Bob, handa akong maghintay."

"Hanggang kailan? Gusto mo bang sayangin ang buhay mo sa paghihintay sa isang taong walang konkretong plano sa buhay?"

Napagod na si Cassey sa pag-iyak. Wala ng iluluha pa ang mga mata niya.

"Anong sabi sa'yo ni Sidie?" usisa niya.

"Hindi si Sidie ang taong para sa'yo." pakli nito.

"Bob hindi yan ang tanong ko."

"Magmahal ka na lang ng iba." tanging sagot ni Bob at tinalikoran siya. Sumakay na ito sa minamanehong owner type jeep. Naiwang blangko si Cassey.

Hindi na niya alam kung tama ba ang ginawa nilang pamilya na paraan para maprotektahan si Sidie. Nangangamba rin si Sid at Helen sa seguridad ng anak. Kaya napagpasyahan nilang gamitin ang posisyon ni Alyssa sa DENR para gawing protected area ang kagubatan ng Puting Bato. Nagdesisyon sila na hindi na ipaalam ito kay Sidie dahil sa alam nila kung gaano kamahal nito ang lugar na iyon. Kaya hindi na rin sila nagulat sa ilang beses na pagtatangka nitong bumalik sa bundok.

Si Victor na ang nagpaabot ng balita kay Sid at Helen. Nalulungkot sila sa naging kinahinatnan ng desisyon nila.

Napagpasyahan ni Sid at Helen na pauwiin na lang sa Amerika si Sidie. Sila na mismo ang nagbook ng flight para sa anak nila.

Nanatiling nakasara ang kubo kung saan nakatigil si Sidie. Hindi gaya ng dati, walang maririnig na anumang hampas ng martilyo o pagkiskis ng liha sa kahoy. Ni hindi niya magawang lumabas at humawak muli ng pait. Nanatiling kahoy at lupa ang mga ito sa isipan niya.

Tuwing umaga ay ginigising siya ni Az para maglaro sila sa labas sa pamamagitan ng pagdila sa kaniyang mukha. Marahang tulak at kabig lang ang ginagawa niya para iwasan ang pangungulit nito.

"Ikaw na muna bahala sa kaniya ha. Bantayan mong mabuti, balitaan mo na lang ako..." anang boses ni Victor sa cellphone ni George.

"Sige Ninong, hindi ko aalisin ang tingin ko sa kaniya."

"Salamat."

Nagkatinginan si Alyssa at Victor.

"Anong gagawin natin?" tanong ni Vic

"Darating din ang panahon na maiintindihan tayo ni Sidie." tugon ni Alyssa.

"Kailan?"

"Unawain na lang muna natin ang nararamdaman niya ngayon. Let's give him a break."

Napayuko si Vic. Kung may magagawa lang siya para ibalik ang araw na nagdesisyon silang lahat para sa ikabubuti ni Sidie.

Hindi para bagohin ang naging desisyon nilang lahat ng araw na yon, kundi ang pagsantabi muna sa pansarili niyang kagustohan — ang magdesisyon para sa kapakanan ng anak. Naisip niyang iyon lang ang tanging magagawa niya para hindi na maghirap ang kalooban ni Cassey. Umasa siyang, sila ang unang tatakbohan ni Sidie at matatanggap din nito ang bago niyang buhay sa siyudad. Pero hindi iyon ang nangyari.

# KABANATA 20

Naalerto ang mga Forest Ranger sa Puting Bato sa balitang may gustong pumasok sa kagubatan. Galing ito kay Victor na pilit hinahabol ang sasakyang paakyat sa kabundokan. Kasama niya sa sasakyan si Cassey na bukod sa kinakabahan dahil sa bilis ng takbo nila, ay nangangamba sa kaligtasan ng binata.

Posible itong makulong kapag nahuli siya ulit. Siguradong maging si Gerald ay walang magagawa para tulongan siya. Sumasabog ang bawat alikabok na nadadaanan ng mga gulong ng sasakyan.

Nakatanggap siya ng tawag mula kay George at sinabi nitong umalis ng kubo si Sidie dala ang aso nito. Walang sinabi si Sidie kung saan siya pupunta pero nang banggitin ni Cassey sa kaniya ang tungkol sa naging sagotan nila, naisip ni Vic na baka muli na naman nitong tangkaing bumalik ng Puting Bato.

Samantala, nagmamadaling pumunta sa bahay ng mag-asawang Alfred at Maureen sina Paul at Bob matapos makatanggap ng magandang balita—nakakapagsalita na si Alfred. Sumalubong sa pagpasok nilang dalawa ang mag-asawa. Nakawheelchair pa rin si Alfred pero binati sila ng ngiti nito.

"Si Cassey?" tanong ni Alfred na umaasang nahuli lang sa pagpasok ang dalaga.

Nagkatinginan ang dalawa. Si Bob na ang sumagot.

"May pinuntahan kasi, pero alam na din niya."

Tahimik lang si Maureen habang nakahawak sa handle ng wheelchair ng asawa.

"Tara kain na tayo..." salita ni Maureen.

"Ano ba niluto mo..." tanong ni Paul.

"Tinola..." sagot ni Maureen.

"Wow, tinolang manok?" natatakam na bigkas ni Bob.

"Tinolang papaya...." biro ni Maureen.

Narinig muli ang malutong na tawanan ng magkakaibibigan.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ni Victor at Cassey nang makita nilang nakapark sa gilid ng daan papunta sa gubat ang sasakyan ni Sidie. Dali-dali silang bumaba, pero wala na ito roon. Patakbong tinahak ng mag-ama ang daan paakyat sa kagubatan.

Nakakubli ang katawan ni Sidie sa mga damohan habang dinidiinan niya ang ulo ni Az para hindi ito lumitaw at mahuli sila ng mga bantay. Kanina pa siya naghahanap ng mga pwedeng daanan para makapasok ng di napapansin ng mga bantay-gubat. Nagawa niya ito pero hindi sila makatawid ng ilog dahil may nagbabantay sa tanging tawiran kung saan mababaw ang agos ng tubig.

Nag-isip siyang mabuti. Hindi naman pwedeng sumisid siya para makatawid ng hindi nakikita kung dala niya si Az. Tinitigan niya ng husto si Az. Lumuhod siya sa tabi nito at hinigpitan ang tali sa leeg nito. Tinali niya ito sa isang ugat ng puno.

"Dito ka na muna, may kukunin lang ako,...babalik ako." bulong niya at hinaplos ang makapal na mga balahibo nito sa katawan.

Saka siya payukong humakbang papunta sa malalim na parte ng ilog. Sinilip niya ulit ang mga bantay mula sa pinagtagoan niyang puno. Nag-uusap ang mga ito at isa lang sa kanila ang may sukbit na baril.

Pagkakataon na niya. Dahan-dahan niyang inilabas ang sarili mula sa masukal na kagubatan at mabilis na humakbang palapit sa pangpang kung saan niya balak tumalon sa tubig.

"Huwag kang gagalaw. Diyan ka lang!" narinig niyang sigaw ng isang tao mula sa likod niya.

Napapreno ang kaliwang paa niya. Dahan-dahan siyang lumingon sa pinanggalingan ng boses.

Nakita niya ang isang lalaking may hawak na batuta.

"Itaas mo ang mga kamay mo." utos sa kaniya ng ranger.

Dinako ni Sidie ang tingin niya sa mga lalaking nasa kabilang ilog. Tumawid na rin ang mga ito para lumapit sa kaniya.

"Itaas mo ang kamay mo!" muling singhal ng lalaki.

Napilitan siyang itaas ang kaniyang mga kamay.

Lumapit sa kaniya ang ranger na may hawak na batuta.

Napahinto bigla ang lalaki nang biglang tumakbo si Sidie at tumalon sa ilog.

"Talonin mo!" sigaw ng nangunguna sa kanila na kakatawid pa lang.

"Kayo, balik kayo don. Abangan niyo siya sa kabila." utos nito sa mga kasamang tumawid.

Pinipigilan ni Sidie sa abot ng kaniyang makakaya ang paghinga niya sa ilalim ng tubig. Bukod sa malamig na tubig na nanunuot sa kalamnan niya, nahihirapan siyang makita ang ilalim ng ilog dahil sa kapal ng mga dahon at buhangin na umaangat sa bawat kampay niya. Umuusad siya, pero tila napakalawak ng ilog para hindi niya marating ang kabilang pangpang. Wala na siyang nagawa kundi ang lumangoy paangat para makaipon ng hangin.

Paglitaw ng kaniyang ulo, narinig niya ang sigawan ng mga tao sa paligid. Wala siyang malinaw na naririnig kundi ang sariling tibok ng puso at malalim na paghinga. Muli siyang sumisid matapos makita ang dapat na direksiyon ng kaniyang paglangoy.

Hindi pa naman siya nakakarating sa mabuhangin na sahig ng ilog, naramdaman niya ang mahigpit na hawak sa kaniyang paa. Balak niya sanang gamitin ang mga bahangin at mga dahon para itago ang sarili, pero sadyang wala siyang laban sa mga nagtutulongang mga kamay. Naramdaman na lang niya ang mahigpit na hawak ng dalawa pang kamay sa magkabilang braso niya. Inangat siya ng tatlong lalaki at kaagad na inahon sa pangpang.

Nagpumiglas si Sidie, kaya tumulong pa ang iba para pwersahang hatakin siya papunta sa tuyong gilid ng ilog.

"Pakawalan niyo ako! Wala akong balak na masama,..." sigaw ng binata na may halong pagmamakaawa.

Sa inis ng isa sa mga umahon sa kaniya, hindi na ito nakatiis at nasuntok siya sa tagiliran.

"Pahamak ka,...muntikan pa akong malunod sa'yo." labas nito ng sama ng loob.

"Tama na yan, dalhin na natin siya sa baba." awat ng lider nila.

Itinali nila ang kamay ni Sidie sa likod nito at saka pinwersang palakarin. Nanghihina ang mga tuhod ni Sidie sa naghalong lamig at ang epekto ng pagsuntok sa kaniya sa tagiliran. Napilitan siyang ihakbang ang mga paa.

Nang walang ano-ano'y may biglang tumalon na isang malaking aso sa harapan nila. Hinarangan nito ang daan paahon.

Nanginginig ang panga ng aso at nagbabaga ang mga mata nito. May tali pa rin ang leeg nito at nasa dulo ng tali ang isang mahabang ugat na nabunot dahil sa lakas nito.

Napaatras ang mga nakapalibot kay Sidie.

"Ang laki namang aso niyan, saan yan nanggaling,...?" garalgal na tanong ng mga dumakip sa kaniya.

Lumingon kay Sidie ang lider ng pangkat at tumitig ito ng diretso sa kaniya. Saka ito bumunot ng baril at kinasa ito sa harap niya.

"Sa'yo ba yan?" tanong nito.

Hindi sumagot ang binata. Sa halip itinuon nito ang pokus niya kay Az.

"Az, alis. Alis...!!" sigaw niya sa aso.

Nawala bigla ang pagngangalit sa mukha ng aso pero nanatili pa rin itong nakaakmang susugod. Hindi man lang ito gumalaw ng kahit isang hakbang.

"Alis!!.." gigil na taboy ni Sidie.

Pero hindi natinag si Az sa tindig niya.

Muling isinukbit ng lider ng mga bantay-gubat ang kaniyang baril.

"Bogs, mauna ka. Ihanda mo lang yong pamalo mo." utos ng lider nila sa isang kasama niya.

Kahit halatang natatakot ay sinunod ng lalaki ang utos nito at hinawakan ng mahigpit ang batuta niya.

Bawat hakbang na ginagawa niya ay hindi niya inaalis ang kaniyang tingin sa dambuhalang aso.

Nakakalimang hakbang na ang lalaki nang biglang umamba ng pagsugod si Az at umatras nang makitang hahampasin siya ng batuta. Naalerto din ang iba.

Sumenyas ang lider nila na paikotan ang aso para hulihin ito.

May apat na taong agad na humakbang papalapit kay Az. Pero hindi nila inasahan ang mga sumunod na pangyayari. Sinugod ni Az ang isa sa apat na lalaki at natumba ito sa mabatong gilid ng ilog. Sumaklolo ang tatlo pa pero sadyang mahigpit ang pagkakagat ni Az sa braso nito at nakikita na nila ang pagdurugo.

Walang nagawa ang palo at hampas nila sa katawan ng aso.

***Bang***!

Biglang nagulantang ang lahat sa narinig nilang putok ng baril.

# KABANATA 21

Umalingawngaw sa kagubatan ang putok ng baril. Nagliparan papalayo ang mga ibon.

Nakasalubong ng mag-ama ang grupo ng mga bantay-gubat na may hilang pinagdikit-dikit na kawayan. Nakapatong at nakatali sa kawayang karosa ang katawan ng wala ng buhay na malaking aso.

Natatakpan ng sako ang ulo nito at nag-iiwan ng guhit sa lupa ang dugo na tumutulo mula sa ulo ng aso.

Nakasunod sa kawayan si Sidie na nakagapos ang dalawang kamay sa likod nito. Tuwid ang paglakad pero mahahalata ang naiwang tuyong luha sa pisngi.

Bukas ang mga mata ni Sidie pero hindi nito nakikita ang mga bagay sa dinadaanan niya.

Ang tanging nakikita ng binata ay ang larawan ng aso niya na bumagsak sa kaniyang harapan. Ang masakit, wala siyang nagawa para pigilan ang balang tumapos sa buhay ng kaniyang pinakamatalik na kaibigan.

Wala siyang balak na lumayo at tumakas. Wala siyang pakialam kung saan man siya dadalhin ng mga taong ito. Para saan pa ngayong wala na ang kaibigang naging gabay niya sa kaniyang landas sa mahabang panahon.

Kaibigang gumigising sa kaniya sa tuwing wala siyang lakas na bumangon, ang humihila sa kaniya sa tuwing wala siyang ganang magpaaraw, at ang nagpapangiti sa kaniya kapag puro na lang kalungkotan ang nakikita niya paligid.

Wala itong kamay na kayang maglikha ng mga obra na kasing ganda ng mga gawa niya. Pero may angking biyaya ng sining ang mga paa nito na kayang magbigay buhay sa puso niyang tila nagiging bato na.

Sa tuwing aakyat ito sa hita niya at magdikit ang kanilang ilong nakakalimotan niya ang realidad na para bang dinadala siya nito sa ibang dimensiyon. Kung saan ang katotohanan ay nagiging ilusyon at ang ilusyon ay nagiging katotohanan.

Ni hindi nito napansin si Cassey at Victor na binati pa ng mga forest rangers.

"Anong nangyari?" may inis na usisa ni Vic.

"Sir muntikan ng mapatay nong aso yong isang bata ko. Wala akong ibang choice kundi....barilin..." paliwanag ng lider.

Napapikit na lang si Victor.

Naluha si Cassey nang dumaan sa harapan niya ang binata. Nakita niya kasing hawak ng mahigpit ni Sidie ang collar ni Az. Hinayaan niya itong dumaan, sa pagkakaalam na walang salita ang makakapagpahilom sa sugat nito sa ngayon.

Inilibing si Az sa isang pribadong sementeryo. Walang ibang nasa malapit maliban sa sepulturerong naghukay at naglibing sa aso. Nakatanaw lang mula sa malayo si Sidie na nasa tabi ni Gerald. Nakalabas din naman ito kaagad matapos magbigay ng piyansa si Victor. Dumating din na kasabay niya si Cassey at nagpaiwan ang dalawa sa hiling ng dalaga.

"Nakasakay na ng eroplano ang daddy mo. Tomorrow morning siguro nandito na siya." salita ni Cassey para basagin ang katahimikan. Hindi kumibo si Sidie.

"Masakit din para sakin ang nangyari kay Az. Pero alam kung mas masakit ito para sa'yo. Wala na akong..."

"Salamat sa pagsama..." putol ni Sidie sa kaniya. Napangiti si Cassey.

"Salamat din sa pagpapalibing kay Az. Salamat sa lahat." patuloy pa ng binata.

Ramdam ng dalawa ang paghampas ng malamig na hangin na may kasamang ambon.

" Nagpapaalam ka na ba? Huling pagkikita na ba natin to?" tanong ni Cassey.

Lumingon ang binata sa kaniya. Ngumiti ito ng bahagya.

"Sana nga hindi pa." sagot nito.

Iniwas ni Cassey ang tingin niya.

"Sana nga...." aniya. " Ingat sa biyahe." dagdag niya.

Inilapit nito ang kamay niya sa kamay ni Cassey. Nagdikit ang kanilang hinliliit. Nagkusa na si Cassey at hinawakan niya ang kamay nito. Pero kumawala si Sidie.

Tumalikod na ito at naglakad palayo, patungo kay Gerald.

*************************************************************************************

Iyon na ang huling pagkikita nila ni Sidie. Bumalik na ito ng Amerika kasama ni Sid. Nagpatuloy ang buhay ni Cassey. Pero walang araw na hindi niya hinihintay ang pagkatok

nito sa gate nila. Paano niya makakalimotan ang binata kung ang minamaneho niyang sasakyan papasok sa trabaho ay ang iniwan nitong pickup truck.

Iniwan ito ni Sidie bilang kabayaran sa pinangpiyansa ni Victor para sa kaniya. Dagdag pa ang mga estatwang nakadisplay sa reception area ng office nila. Umaasa siya kahit pa alam niyang malabong babalik pa ito. Para saan pa ngayong patay na ang matalik nitong kaibigan?

Isang umaga, paggising niya, may hindi inaasahang bisita si Cassey. Pagkababa niya sa sala, nakaupo sa sofa si Maureen at sa tabi nito ang asawa niyang nakawheelchair. Nadatnan niyang inaayos ni Maureen ang kwelyo ni Alfred.

Pumasok si Alyssa galing sa kusina na may dalang puto nakalagay sa isang plastic container.

"Magmeryenda muna kayo. May nabili kasi akong puto..." napatigil si Alyssa nang mapansing hindi sa kaniya nakatuon ang atensiyon ng mag-asawa. Nilingon niya ang anak na bumababa ng hagdanan.

"Anak....sakto,...sabayan mo na sila." pakli ni Alyssa.

"Tita ok lang po. Alis na lang po kami kung..." reaksiyon ni Maureen.

"Masamang talikuran ang pagkain." singit ni Cassey.

Saka ito bumaba at lumapit sa kanila.

"Hinintay ka namin na dumalaw sa bahay, pero mukhang busy ka kaya kami na ang dumalaw." bati ni Alfred sa kaniya.

"Hindi ako busy. Just to let you know. May iniiwasan lang akong makita." agad na tugon niya.

Biglang tumahimik ang paligid. Napawi ito ng biglang napahagikhik si Cassey at tumingin ng diretso kay Maureen.

"Hindi mo ba ako iha-hug?" tanong ni Cassey.

Napaluha si Maureen at agad na niyakap ang kaibigan. Nag-iyakan na ang dalawa. Napaiyak na rin ang dalawa pang nagmamasid sa kanila.

"Tama na ang drama,...gutom na ako. Kailangan ko pang maligo at magbihis. Hindi ako pwedeng malate." aniya habang pinupunasan ang mga luha sa pisngi at mata gamit ang dulo ng kaniyang mga daliri.

Natawa na lang si Maureen at muli siyang niyakap ng mahigpit.

"You know what, ano kaya kung magbonding tayong magbarkada mamayang gabi pag-out mo?" tanong ni Maureen.

"Count me in." masiglang sagot niya.

Tahimik lang si Alfred pero nagsisigaw ang kaniyang puso sa galak na makitang sa wakas ay nagkaayos na ang dalawa.

Masayang pumasok ng trabaho si Cassey na walang mabigat na dinadala dahil nagkaayos na sila ng kaibigan niya. Isang bagay na itinuro sa kaniya ni Sidie — ang magpatawad kahit pa ito na marahil ang pinakamahirap na gawin.

# ANG WAKAS

"Kumusta ka na?" anas ng boses sa likuran ni Cassey.

Maingay ang bahay ng mag-asawang Bernal. Nagvivideoke si Bob at si Maureen sa loob ng kwarto ng mag-asawa. Nag-iihaw naman si Paul sa isang sulok ng balcony ng bahay. Ang amoy ng iniihaw na karneng baboy ay abot hanggang sa pang-amoy ni Cassey na nakatanaw sa maliwanag na mga bahay sa loob ng subdivision. Alas otso na ng gabi at abot sa bahay na iyon ang ugong ng mga sasakyang dumaraan palabas at papasok ng express way.

Tumabi sa kaniya ang nakasaklay na si Alfred. Hindi siya agad nakasagot sa tanong nito.

"Ayos naman." aniya.

"Salamat pala."

"Salamat saan?" agad na tanong ni Cassey.

Napangisi si Alfred.

"Sa pang-unawa. Sa pagpapatawad." anito.

"Ayoko na sa feeling na parang araw-araw na lang, kinukulong ko ang sarili ko. I want to be free." sagot niya na may tuldok ng ngiti.

"Tama ka,..." sang-ayon ni Alfred.

"Naisip ko lang,...how in the world did you do it?"

Natahimik si Alfred at inayos ang dalawang saklay niya. Sinandal niya ang sarili sa bakal na harang ng balcony.

"Importante pa ba ang dahilan kung bakit?" salita nito. "Tingin ko mas importante na payapa ang isip ko at alam kong hindi siya ang Maureen na kilala ko nang gabing yon."

Naunawaan na ni Cassey, walang pinagkaiba si Alfred sa asawa niya. Hindi pagkukunwari ang mga kinilos ni Maureen mula sa Ospital hanggang sa pag-amin nito. Maging ang bestfriend niya ay nagulat din sa nagawa nito. Na umabot pa sa puntong hindi na nito maalalang siya ang taong iyon nang gabing yon.

"Pano mo nalaman na siya ang nagbato ng vase?" usisa ni Alfred.

"Dahil kilala kita." aniya at lumingon sa nakasandal na kaibigan. "Alam mong si Sidie ang gumawa sa vase at alam mo kung gaano ito kahalaga sa kaniya. Kaya imposibleng yon ang una mong dadampotin?" saad niya.

Napangiti si Alfred at tumingin ito ng diretso sa mata ni Cassey.

"Bakit hindi mo siya pinigilan?"
Napatingin din si Casssey sa kaniya.
"Sino?"
"Yong gumawa ng vase."
Natahimik bigla ang paligid. Nakita nilang lumabas na si Maureen at Bob mula sa kwarto para tulongan si Paul. Lumapit sa kanilang dalawa si Maureen.
"Ang lamig ng hangin..." nanginginig na salita ni Maureen at tinabihan si Alfred.
"Sige, tulongan ko muna sila." aniya at inalis na ang kamay sa pagkakapatong sa railings.
"Iniwan ba niya ang ginawa niyang sculpture para sa'yo bago siya umalis?" tanong ni Alfred.
Natigilan si Cassey. Hinanap niya sa alaala niya ang binanggit ni Alfred pero wala siyang makita na may kaugnayan dito.

*Kinabukasan....*

Nakaharap sa labas ng tunnel ang magbabarkada. Dala nila ang lahat ng mga gamit nila sa hiking. Matagal na rin mula ng huli silang makaakyat ng bundok na magkakasama. Kompleto ang grupo. Naroon din si Bob, Paul, Maureen at Alfred. Mabilis ang tibok ng puso ni Cassey. Wala siyang ideya kung ano ang dapat na asahan niya sa loob.
"Ready ka na?" halos sabay na bigkas ni Alfred at Paul.
Huminga ng malalim si Cassey saka nagsimulang humakbang papasok ng tunnel. Wala pa rin halos pinagbago sa lugar na iyon. Maliban sa mga makapal na lumot na nagpapadulas sa nilalakaran nila. Pumasok sila sa malaking butas ng minahan. Inisa-isa nila ang mga maliliit na mga chambers pero hindi pa rin nila makita ang hinahanap nila.
Hanggang sa maalala ni Cassey ang isa mga butas kung saan siya ikinulong noon ng binata. Ang lugar kung saan sila unang nagkita. Tinanggal ni Cassey ang backpack niya at gumapang para makapasok sa loob nito.

Pagkapasok ay nagpagpag siya ng sarili para maalis ang lupa at mga alikabok sa kaniyang damit. Pagkaaangat ng kaniyang tingin, nakatayo sa harap niya ang isang malaking estatwang marmol.
Nakaukit ang isang babaeng nakayuko at nakahawak sa pisngi ng isang malaking aso.

Nanginig at nanigas ang panga niya dahil sa emosyong gustong kumukawala mula sa loob niya. Naramdaman na lang niya ang pag-agos ng kaniyang luha sa kaniyang mukha. Dumaloy ito pababa ng kaniyang leeg.

Isa-isang tumayo sa gilid niya ang mga kaibigan mula sa paggapang sa maliit na lagusan. Maging sila ay namangha sa ganda ng pagkakaukit dito.

Wala silang ibang nakikita kundi ang larawan ni Sidie habang unti-unti itong binubuo sa loob ng matagal na panahon. Nakailang bloke kaya siya bago niya ito nabuo? Marami silang tanong sa isipan nila.

Samantalang si Cassey ay hindi makagalaw at iniyak na lamang ang hapdi ng sugat na dinudulot ng pagtitig niya sa obra ni Sidie. Pinaparusahan siya ng bawat detalyeng iniwan ng mga kamay nito.

Nagpatulong sila sa mga Forest Rangers para tibagin ang lupa at pahiga nilang inilabas ang eskultura sa kweba. Inilagay nila sa kawayang pinaghimlayan ni Az ang eskultura at saka ito pinahila sa kalabaw pababa ng main road.

Matapos makuhanan ng larawan, maingat na sinulat ni Cassey ang detalye ng eskultura at inilagay ito sa front page ng newspaper. Kumalat sa buong siyudad ang tungkol sa balita.

Nagulat na lang si Cassey sa naging reaksiyon ng mga tao. Lalo pa itong sumikat dahil sa kaliwa't-kanan na mga post sa social media tungkol sa kwento sa likod nito.

Hanggang sa alokin siya ng isang pribadong kompaniya na pagawan ito ng maliit na Art Gallery. Pumayag siya pero sa kondisyon na isasama nila sa display ang iba pang mga nagawa ni Sidie.

Nang ipatalastas niya sa diyaryo ang tungkol sa plano niyang ito, nagsidatingan ang iba pang mga nakabili ng mga obra ni Sidie at nag-alok na payag silang isama ng libre sa display ang mga nabili nila.

Wala pang dalawang buwan at nakaipon na sila at nabuksan na sa publiko ang gallery. Maraming mga blogger ang nagpunta sa ribbon cutting ceremony at grand opening.

"May picture ba kayo ni Sidie na magkasama?" usisa ng isa sa mga blogger na sumadya pa sa gallery mula Baguio.

Hindi nakasagot si Cassey.  Nakakatawang isipin na wala man lang silang naging larawan na magkasama bago ito nakaalis. Umiling na lang siya bilang tugon.

Nakatayo sa gitna ng gallery ang marmol na eskultura nila ni Az. Nakapaikot dito ang iba pang mga obra ni Sidie na umabot ng mahigit tatlumpong piraso.

May isang lalaking  nakahoodie jacket na nasa gallery din ng oras na yon ang nakarinig ng pinag-usapan nila. Lumapit ito sa blogger dala ang isang camera.

"Pwede mo ba kaming kuhanan ng picture?"

"Sige ba." tugon nito.

Tumabi ang lalaki kay Cassey. Hindi na tumingin pa si Cassey sa mukha nito at pumayag din na magpapicture silang dalawa. Nang bigla na lang hawakan nito ang kamay niya. Napalingon dito ang dalaga at natigilan siya nang makilala niya ang mukha nito. Lalo na ng tanggalin nito ang hoodie nitong nakataklob sa ulo.

Pero bago pa man mabigkas ni Cassey ang pangalan nito, naramdaman na lang niya ang paglapat ng kanilang mga labi. Hindi siya naihanda nito kaya ipinikit niya ang kaniyang mata at tumugon sa halik nito.

Sandali niyang nakalimotan ang mga taong nakatingin sa kanilang dalawa. Naging bingi sila sa ingay ng palakpakan at hiyawan ng mga tao. Na para bang sila lang dalawa ang umiiral sa mundo.

*"Dad, sino po yong girl at yong dog?" tanong ni Bella.*

*Nakatayo sila sa harap ng eskulturang marmol sa ibabaw ng puntod ni Az.*

*Ngumiti si Sidie.*

*"Silang dalawa ang treasure ni Daddy."*

*"Di ba po pag treasure kinikeep,...nasan na po sila ngayon?" usisa ng inosenteng isipan ng panganay niya.*

*"Kasama ko sila ngayon. Their name is Bella and Jewel."*

*"Daaaad...pero yong isa po dog." reklamo ni Bella. Hinalikan ni Sidie ang pisngi ng bunsong anak na kalong niya.*

*"Balik na tayo sa car?" tumango ang dalawang bata.*

*Sinulyapan ulit ni Sidie ang kabuuan ng estatwa bago siya tumalikod dala ang dalawang pinakamahalaga sa kaniya.*

# NOTES

Pahalagahan natin lahat ng meron tayo ngayon. Hindi man ito ang gusto natin, pero ang lahat ng ito ay regalo mula sa Diyos. Mas marami pa rin tayong dahilan para magpasalamat. Kailangan lang nating buksan ang ating puso at isip para makita ang mga iyon. Sana ay nakapagbigay ng aral ang kwento sa likod ng pangalan ni ISHI. Hanggang dito na lang. Maraming salamat.

Jabin Ronquillo Marquez